EM EN KAY

JONATHAN PAUL DIAZ

2009

THIS COPY IS NOT TO BE SOLD OR DISTRIBUTED

Contents

Chapter 1: Siya! 5

Chapter 2: Sila! 15

Chapter 3: Ako! 25

Chapter 4: Dito! 33

Chapter 5: Tayo 41

Chapter 6: Kami 50

Chapter 7: Ikaw 57

Chapter 8: Ito 66

Chapter 9: Em Em Kay 74

Chapter 10: YAM! 83

Chapter 11: Wammy! 91

Chapter 12: Peshe 99

Chapter 13: Doubt 108

Chapter 14: Pipay 115

Chapter 15: Noon 122

Chapter 1: Siya!

Isang maaliwalas na umaga ng Hunyo lumabas ng bahay ang magpinsan na Timothy at Stephanie. Nag antay sa labas ng katapat na bahay yung dalawa at medyo naiinip na. Orientation day nila para sa kolehiyo at inaantay nila ang kanilang kaibigan na si Raymond.

"Hay naku Tim ten years pa bago lalabas yan kaya katukin mo nalang" sabi ni Stephanie. Nagbukas bigla ang pinto ng bahay at lumabas si Raymond na nginitian ang dalawa. "Wow! Himala! Maaga ka!" hirit ng dalaga at natawa si Timothy. "Pare naman college na tayo ganyan parin porma mo? Magsuklay ka naman kaya. You have to look decent and presentable" sabi ni Timothy at tumawa si Raymond.

"Waste of time pare, mamaya magugulo din lang kaya wag na. At bakit pa ako magpoporma? Orientation lang naman pupuntahan natin ha. May sinabi bang dress code? Sinabi na business attire o kaya magmukhang kagalang galang? Wala naman ha, sinabi bang come with pleasing personality?" sagot ni Raymond. "E what if may makita kang type mo dun, o its high time magka girlfriend ka narin ano" banat ni Tim.

"Sus, what for? Kailangan ba ng girlfriend para mabuhay? Look buhay pa naman ako ah at masaya. I breath, I live, I am alive" sabi ni Raymond at napakamot nalang kaibigan niya. "Hay pare trust me, mas masaya ka pag may girlfriend ka at lalo ka magiging inspired sa buhay" sagot ni Tim at biglang tumigil si Stephanie at inayos ang buhok ni Raymond

"Ang tanda tanda mo na my God naman mag ayos ka naman. Nakakahiya kang kasama. Pati kwelyo mo di mo maayos, napakasimpleng bagay di mo magawa. O ayan e di mukha ka nang tao for a change" sabi ng dalaga at tawa ng tawa si Tim pagkat nakasimangot lang si Raymond at nakayuko ang ulo. "Thanks mom" bulong niya at bigla siya kinurot ng dalaga kaya tawanan ang magbestfriend na lalake.

Pagdating sa campus ay humiwalay na si Stephanie pagkat iba ang kurso nya sa dalawa. Ang dalawang magbestfriend ay pumasok sa isang auditorium para sa orientation. Naupo ang dalawa sa pinakaunahan at napalingon sa paligid. “Pare bakit wala pa si Marwin? And dami pala natin na mag take ng IT ano?” sabi ni Raymond.

“Hay naku tinanong mo pa, as usual nambabae nanaman malamang. Pare bakit tayo dito sa harap naupo? Dyahe dito pare” sagot ni Timothy at tumawa ang kaibigan nya. “Wag ka na maarte pare, for a change naman para mafeel natin ang nararamdaman ng mga genius na lagi nakaupo sa harapan. May rason siguro bakit sila lagi nasa harapan”

“I am certain there must be a reason why they always like to be seated in front. So for today magpapakahenyo tayo. Look sharp pare para isipin ng iba genius tayo. Kaya natin dalhin to basta look serious at tila alam natin lahat. Pano ba yon? Okay lang basta pag may nagtanong English agad ang sagot mo para di tayo mabuking. Do you understand my friend?” banat ni Raymond at tawa ng tawa si Timothy.

“My friend mas maganda sa likod tayo” sabi niya. “I told you speak in English, come on my friend. I have my handkerchief prepared just in case you get a nosebleed” banat ni Raymond at nagtawanan yung dalawa. “What is taking them so long?” landi ni Tim at umariba sa tawa ang kanyang kaibigan. “Pare naman mahiya ka English nga yung accent mo naman ayusin mo” bulong niya. “Sorry I beg your pardon? Speak in English” bawi ni Tim at lalong nagtawanan yung dalawa.

Limang minuto pa at may naupo sa tabi ni Raymond na babaeng maganda at bigla siya siniko ni Timothy. “Pare ang ganda nya o” bulong ng binata. Nilabas ni Raymond ang cellphone nya at bumigkas “Karen, si Timothy nagtataksil sa iyo” biro nya at kunwari nagtetext. “Ogag! Sinasabi ko para sa iyo no” banat ni Tim at napangiti si Raymond.

“Pare next time di mo kailangan sabihin sa akin kung may maganda at may sensors din ako kahit di ako nakatingin. Di porke wala pa akong girlfriend di na ako marunong kumilatis no. My friend look sharp and use your brain we are in front, of course Raymond knows. Oo maganda siya pare, that is a fact pero it ends there” sagot ng binata.

“Sus kilalanin mo na o nandyan na nga o” bulong ni Tim. “Pare bestfriend kita you should know me by now. Kay dami nang magaganda ang pinadaan ko kasi di sila nakakapasa sa standards ko. Wag mo ako itulad kay Marwin na pag nakakita ng maganda inlove agad, no no no it goes beyond physical appearance pare. If I don’t have standards e baka lahat ng nakapalda patulan ko na, wag lang may bigote of course and malagong armpit hair…so ew!” sagot ni Raymond at lalong natawa si Tim at binatukan ang kaibigan nya.

Ilang saglit pa pumasok ang isang matandang lalake sa taas ng stage at binati ang lahat. Nag ayos ng pwesto si Raymond at tinaas ang noo nya, “Pare nafeel ko na tumataas ang IQ ko kasi nakaupo tayo sa harapan. Ganito pala ang feeling ng isang genius pare” banat niya at biglang natawa yung katabi nyang babae kaya sabay napatingin sa kanya ang magkaibigan. Nagtakip ng mukha yung babae at tumingin sa malayo kaya di na nila ito pinansin pa.

“Sabi sa iyo di nadadaan sa ganda yan e. Tignan mo tumatawa mag isa. May sanib ata siya” bulong ni Raymond. “Sira baka narinig niya joke mo” sagot ni Tim. “Sira ulo ka ba? Ang mga genius hindi nakikitsismis. Pagdating sa facts and knowledge oo madami sila alam pero sa tsismis or nakikinig sa iba hindi. May sarili silang mundo at too busy utak nila nagproprocess” hirit ni Raymond at nagbungisngisan yung dalawa.

Nagsimula ang orientation at di mapakali si Raymond, nag ayos nanaman siya ng pwesto at kinalbit ang kaibigan nya. “Pare, alam mo kulang nalang natin ay acknowledgement from the professor at certified genius na tayo” bulong niya at napakamot si Tim. “Pare look, ganito lang yan, titigan mo ang prof, himas himasin mo baba mo tapos pag nag eye contact kayo kunwari mag

nod ka pare" bulong ni Raymond. "Eye contact ka dyan e ang taas ng stage as if makikita ka pa" sagot ni Tim.

"Pare, can you see naka eyeglasses siya, may zoom function yan, pag normal vision oo maliit tayo pero naka salamin yan o, mas malaki tayo sa paningin niya, aysus watch and learn pare" banat ni Raymond at muling natawa ang katabi nyang babae. Ginawa ni Raymond ang sinabi nya at napatingin sa kanya ang professor at napangiti sa kanya. Pasimpleng siniko ni Raymond ang kaibigan nya at muli sya nag ayos ng pwesto.

"Shit pare I told you ganito yon e, now watch and learn. I am a genius, diba sir? I understand what you are saying. Yes yes, whatever you are saying I am nodding my head. We understand each other" bulong niya sabay himas sa baba at panay ang nod. Katabi niyang babae nagpipigil na ng tawa habang si Tim nagtatakip narin ng mukha sa kahihiyan.

Lalong nagulat si Tim nang binigyan ng professor ng thumbs up sign si Raymond, "Oh yes pare, you see he acknowledges me now, oh I can feel my IQ going up already. Now I see things differently. Oh wow E equals MC squared…yes I can see it now even the tinyest particles are much clearer now" bulong ni Raymond at sabay natawa bestfriend niya at katabi nyang babae.

"Pero pare, I can feel so many deadly auras, pare markado na ako ng batch na ito. Alam na nila ang man to beat, pustahan tayo pare paglingon mo e madami nakatingin sa akin" bulong ni Raymond at sabay pa napalingon si Tim at yung babae sa paligid at nakita nila na pinagtitignan nga si Raymond.

"Oh pare I feel so intelligent right now pare. Di nila alam panay pasang awa grades ko ahaha pero o ha right now feel nila lahat line of 9 lahat ng grado ko pare" banat ni Raymond sabay pasimple nyang tinuro ang propesor at nag nod ulet. Nakita muli siya ng propesor at nag nod din sabay ngiti kaya napangisi ang binata. Bigla nalang sumabog sa tawa ang katabi nyang babae at nagtakip

agad ng bibig. Niyuko nya ulo nya pero napatingin na sa kanya ang propesor at ibang estudyante.

"Is there something funny miss?!" sigaw ng propesor pero mabilis na hinaplos ni Raymond ang likod ng babae. "Ah sir, she is crying actually, she told me that they have a family problem and she just remembered it now. Uy tahan na wag ka na iiyak" sabi ni Raymond sabay abot ng panyo sa katabi nya.

Lalong natawa yung babae pero pilit nya niyuyuko sarili nya at tuloy ang paghaplos ni Raymond sa likod nya. "Oh I am sorry, does she need to attend to it, she can be excused" sabi ng propesor. "Sir samahan ko na ho siya, I hope you don't mind if I console her" hirit ni Raymond at pumayag ang propesor.

Tumayo ang dalawa at nagtakip ng mukha ang babae, inakbayan naman siya ni Raymond at lumabas sila ng auditorium. Paglalabas ng pinto sumabog sa tawa yung babae at pulang pula ang mukha niya, hinila siya palayo ni Raymond at di parin makapagpigil ang dalaga. Napaupo sila sa isang bench sa campus at nang akala ay tumila na ang tawa ng dalaga bigla ulit siya natawa nang tignan niya ang binata.

"Wag kasi!" sabi ng dalaga sabay tawa at napakamot si Raymond na natatawa narin sa kanya. "Wala naman ako ginagawa na ha" sagot ng binata at lalo pang tumawa ang dalawa. "Eeeh tama na kasi masakit na tyan ko" sabi ng dalaga at tumigil si Raymond sa katatawa at huminga ng malalim. "O ayan tumigil na ako kaya tumigil ka narin" sabi nya at tumigil ang dalaga pero nang magkatitigan ulit sila sabay ulit sila napatawa.

Naglayo sila ng upo sa bench at pagkalipas ng limang minuto pareho na sila nahimasmasan. "Ano okay ka na?" tanong ni Raymond at huminga ng malalim ang dalaga at nginitian siya. "Oo okay na ako" sagot niya. "O sige, iwan na kita diyan" sabi ni Raymond at nagsimula maglakad palayo. "Uy saan ka pupunta?" pahabol ng dalaga at mabilis na hinabol si Raymond. "Babalik na sa loob, tara na" sagot nya.

“Wag na, diba nga I have a family problem at sinasamahan mo ako” sabi ng dalaga at natawa muli ang binata. “Libot nalang tayo ng campus” hirit nya at biglang nanigas ang binata at pumayag. Naglakad sila sa campus, ang binata parang estatwa na naglalakad pagkat ito ang kauna unahan niyang pagkakataon na makasama ang isang babae na maglilibot libot maliban kay Stephanie na kanyang kababata.

“Ako pala si Margaret” sabi ng dalaga at napangiti si Raymond at sabi “Bruno”. Tumigil si Margaret at muling nagbungisngis, “Totoo ka Bruno ang name mo?” tanong nya at napakamot si Raymond at tumawa. “Biro lang, nagpapatawa lang ako, ako si Raymond” sagot nya at tinitigan siya ng dalaga, “Raymond…Bruno na itatawag ko sa iyo kasalanan mo yan” sabi ng dalaga sabay tumawa. “Okay lang, pero kailangan ko na matutong tumahol kasi parang pangalan ng aso yon e” banat ni Raymond at muling natawa ang dalaga.

Isang oras naglibot ang dalawa at bigla nila nakita si Timothy. Pinakilala ni Raymond si Margaret at panay ang siko ni Tim sa kaibigan nya. “Tara kain na tayo, part two mamaya daw e” sabi ni Timothy at biglang hinila ni Margaret ang braso ni Raymond, “Doon ang canteen, tara subukan na natin” sabi ng dalaga at nagkatinginan ang magkaibigan at napakalaki ng ngisi ni Tim. “Pare, ang bilis mo ata” bulong nya at nanginginig si Raymond.

“Pare help di ko alam gagawin ko” sagot niya at tinulak siya ng kaibigan nya hanggang sa magbangga ang katawan nila ni Margaret. “Tara dali baka maubusan tayo ng upuan” sabi ng dalaga. Sabay sila nagtungo sa canteen, si Timothy panay ang siko sa bestfriend niya kaya si Raymond todo ngiti at umaakting na feeling good.

Nakahanap sila ng lamesa at agad sila nakakuha ng pagkain nila. Masaya ang kwentuhan nila pero si Raymond halos di nya nagagalaw ang pagkain niya. “Ay sana magkaklase tayo Bruno” bigkas bigla ni Margaret at muntik nang mabulunan si Timothy nang narinig nya ang tawag sa kaibigan nya.

Nagkatinginan ang magkaibigan at napangisi muli si Tim, “Ah patingin nga schedule mo baka pareho tayo” sabi ni Raymond at nilabas ni Margaret ang isang papel mula sa bag nya at inabot sa kanya.

“Wow! Pareho tayo ng lahat ng subjects!” masayang sinabi ni Raymond kaya napatingin si Timothy sa papel. Magsasalita sana si Tim pero lalo nilapit ni Raymond sa mukha ng kaibigan nya ang papel, “O diba pare pareho, diba? Lahat ng subject diba?” pilit ni Raymond sabay siko sa kaibigan nya. “Umoo ka naman” bulong niya. “Ay oo nga” sabi ni Tim habang iniinda ang natanggap na siko.

“Ow talaga? As in lahat ng subjects?” tanong ni Margaret. “Yup as in lahat” sagot ni Raymond at tuwang tuwa ang dalaga. Nagpunta sa comfort room saglit si Margaret at doon na bumanat si Tim, “Pare lahat ng subjects di kaya pareho, bakit ka nagsinungaling sa kanya?” tanong niya. “Pare di ako nagsinungaling sa kanya, pareho naman talaga mga subjects natin” sagot ni Raymond. “Duh! Oo pareho subjects pero iba schedule” sumbat ni Tim. “Kaya nga, duh!” banat ng kaibigan niya.

“Sabi ko ng malinaw same subjects tayo, di ko sinabi same schedule. Nagsinungaling ba ako? You see pare genius na talaga ako e. Kaya mamaya magpapalit tayo ng schedule para subject at schedule pareho na” banat ni Raymond at natawa si Tim.

“Sira ka ba? Memorized mo ba yung sched nya?” sabi ni Timothy at tumawa si Raymond. “Pare, isa sa mga hidden talent ko ay photographic memory, ang schedule nya ay nandito sa utak ko kaya pahiram ng papel at isusulat ko at isang talent ko din ay memory gap” pasikat ng binata at nagtawanan ang magkaibigan.

Pagkatapos nila mananghalian nakita ni Margaret ang mga babaeng kaibigan nya. “Uy sama muna ako sa kanila ha, see you at the first day of classes nalang” sabi ng dalaga sa dalawa. “Ah sige ingat kayo, see you sa first

day” sagot ni Raymond at ngumiti lang si Tim. “Bruno wag kang magpapalate ha” hirit ni Margaret at umalis na ito.

“Pare ngayon mo lang nakilala may nickname na siya para sa iyo? Bruno?” sabi ni Tim habang tulala lang si Raymond na pinapanood lumayo ang dalaga. “Shhhh pare wag kang maingay” sabi ng binata at natawa tuloy si Tim. “Wow pare you like her” banat ni Tim pero di gumagalaw si Raymond at sinusundan lang ng tingin si Margaret. “Anong pinagsasabi mo dyan, sus” sumbat ni Raymond pero lalo natawa ang bestfriend niya.

“Don’t be shy, pupunta tayo magpapalit ng schedule remember? Kasi gusto mo siya kaklase lagi” bulong ni Tim sabay napangiti si Raymond. “So what? Gusto ko lang maging kaklase, ano big deal don?” sumbat ni Raymond. “Hmmm ako pare pumapayag ako magpalit para sa sake mo, kasi gusto ko din panoorin ang first ever love life mo” hirit ni Tim at lalo lumaki ang ngiti sa mukha ni Raymond.

“Pare siya na” sabi ng binata at natawa ang bestfriend niya “Teka, akala ko ba its not about the physical appearance pare? Akala ko ba may standards ka?” sagot ni Tim. “Oo pare, di ako naattract sa itsura nya, pare she laughed at my jokes. Kaya nya sakyan ang ugali ko pare, shit pare ano tong nararamdaman ko?” sabi ni Raymond at umakbay si Tim sa balikat nya.

“Pare you like her, wag kang mag alala pare guide kita para maligawan mo siya ng tama” payo ni Tim. “Pare like palang to diba? Diba? Di pa naman love to no pare?” tanong ni Raymond at natawa si Tim. “Oo pare ganyan talaga, it starts just like that and hopefully it ends with love” banat ni Tim at bigla siya siniko ni Raymond.

“Di pa ako nagsisimula minamalas mo na ako. Bakit may hopefully pa, parang wala ka naman tiwala sa akin e” sabi ni Raymond at nagtawanan sila. “Hoy anong tinatawanan niyong dalawa? Para kayong mga bulateng di mapakale!” biglang sigaw ni Stephanie at napatigil ang dalawa. “Shit pare, diba

pareho tayong tatlo ng sched? Pag magpalit tayo dapat pati siya magpalit" bulong ni Tim.

Napayuko si Raymond at humawak sa ulo niya, "Shit, oo nga pala" bulong din nya at lalo sila nilapitan ni Stephanie. "Hoy! Ano ba problema niyo?" sabi ni Steph at biglang bumulong si Tim sa kaibigan niya. "Pare papayag yan basta sundin mo sasabihin ko, hold her hand and tell her you want to change the sched" sabi nya at nagulat si Raymond.

"Ano?" tanong niya at nagkatitigan sila ng bestfriend nya. "Ikaw bahala" banat ni Tim at pareho sila piningot ni Stephanie. "Ano yang sinisekreto niyo sa akin? Ha?" sabi ng dalaga at sinensyasan ni Tim ang kaibigan niya at biglang hinawakan ni Raymond ang kamay ng dalaga at nagkatitigan sila. "Steph" simula ni Raymond at nanigas bigla ang dalaga kaya sa likod nya nag thumbs up si Tim.

"Steph kasi gusto ko magpalit ng schedule, pumayag na si Tim pero diba kailangan pareho kayo ng pinsan mo so favor sana..." sabi ni Raymond at napa oo agad si Steph na ikinagulat ng binata. "Talaga?" tanong ni Raymond at bumitaw si Steph sabay naglakad at nilingon ang dalawa. "Ano pa inaantay niyo dyan? Tara na magpalit na tayo ng schedule" sabi ng dalaga.

Sumunod yung dalawa at gulat na gulat parin si Raymond. "Pare yon ba ang weakness ng insan mo?" pabulong na tanong niya at ngumiti lang si Tim. "Hindi pare, wag ka na matanong basta it worked. Tara na bilisan mo baka magalit nanaman yan" sagot niya kaya hinabol nila si Stephanie.

Pagkatapos ng isang oras humiwalay si Raymond pagkat may pinapabili ang nanay niya. Konting libot pa ang magpinsan pero umuwi narin sila agad. Habang naglalakad binabasa ni Stephanie ang bagong schedule nya pero bigla siyang napatingin sa pinsan niya. "Tim, ano ba nakain ni Monching at nagpalit siya ng schedule?" tanong niya pero tahimik lang ang pinsan niya.

“Oy sumagot ka naman” hirit ng dalaga at huminga ng malalim si Tim. “He met a girl and it happens same course, and yes he likes her” sabi ni Tim at biglang napunit ni Stephanie ang schedule nya at napatigil sa paglalakad. Di maipinta ang mukha ng dalaga at nanginginig ang mga labi nya.

“Like as in like?” pabulong na tanong ni Steph at napayuko nalang ng ulo si Tim. “He said, she laughed at his jokes and kaya niya sakyan ugali niya” sabi ng binata at napasimangot ang dalaga at naglakad muli. “Buti naman at he likes a girl, akala ko bakla na yang bestfriend mo!” sabi ni Steph at bumilis ang lakad niya.

“Okay ka lang?” tanong ni Tim at ngumiti lang ang dalaga. “At bakit naman di ako magiging okay?” sumbat ni Stephanie. “Alam mo ang hirap ngumiti pag pilit” sabi ni Tim at tumingin sa malayo ang dalaga. “Insan alam ko kahit na ang taray mo sa kanya, lagi mo siya inaasar at inaalaska I know you like him” banat ni Tim at nagsimangot na muli si Stephanie.

“Sana sinabi mo agad na ganon ang rason niya para magpalit. Oo masakit pero alam mo ang mas masakit? Pag uwi natin tatlo araw araw tapos kinukwento niya mga nangyari sa kanila. Sana sinabi mo nalang sa akin insan, wala na, don’t worry masasanay ko din ang ngiting ganito” sabi ng dalaga sabay pumasok sa pinto.

Chapter 2: Sila!

Tatlong araw bago ang simula ng pasukan di mapakali si Raymond at nagpapagulong ito sa kama sa kwarto ni Timothy. “Pare tumigil ka nga, para kang bulate na nilagyan ng asin” sabi ni Tim at gigil na gigil niyakap ni Raymond ang unan sabay naupo. “Pare I cant stop thinking of her, ganito ba talaga pare?” tanong niya at natawa ang kanyang kaibigan.

“I cant understand what I am feeling. Para bang may mga magugulong ewan sa tiyan ko. Tapos di ko pa siya maalis sa isipan ko. Baka naman squatter na siya sa utak ko. Oh wait dapat pala politically correct term, informal settler siya sa utak ko. Pare ganito ka din ba noon kay Karen? Ano kaya sasabihin ko sa first day?” bigkas ni Raymond kaya tawa nalang ng tawa si Timothy.

Biglang nagbukas ang pinto at pumasok sa kwarto si Stephanie, si Raymond umalis sa kama at nakitabi sa kaibigan nya sa sahig. “Ano nanaman pinag uusapan niyo?” tanong ng dalaga at sinagot lang siya ng ngiti ng dalawang binata. “Oo pare ganyan talaga ang feeling. Ganyan din ako noong kay Karen eh” sabi ni Tim at lalong niyakap ni Raymond ang unan. “Actually pare second time ko na naranasan tong feeling na ganito” sabi ni Raymond at nagulat ang mag pinsan.

Tumawa ng malakas si Stephanie at nahiga sa kama habang tinuturo si Raymond. “Sinungaling!” banat niya at napangisi lang ang binata. “You mean nagkagusto ka na sa isang babae noon? Sino naman?” tanong ni Tim at nguniti si Raymond at sabi “Walanghiya ka alangan na nagkaganito ako para sa lalake? Nakaka ano ka na e. Naman pare, am I not a man capable of liking or having feelings for the opposite gender?” banat ni Raymond at nagtawanan yung tatlo.

“Ikaw nagkagusto na noon? Kung meron di kami aware” sabi ng dalaga. “Oo nga, baka naman artista sa TV pare” sabi ni Tim. “I am sorry to say pero I felt this same feeling before and somehow I still do. This same feeling I am having now I have felt for another woman” sagot ng binata. “Sino nga e!” sigaw ni

Steph kaya tinitigan siya ng binata. “Si Pipay” sagot ni Raymond at nagtinginan ang magpinsan at nagtawanan.

“Sino naman yang Pipay na yan? Bakit di namin alam na may Pipay? Baka naman gawa gawa lang yan ng imahinasyon mo ha” sabi ng dalaga at huminga ng malalim si Raymond at tumingin sa malayo. “Wala, hayaan niyo na si Pipay, may sariling mundo yon e”

“Simula palang alam ko wala ako pag asa don kaya hanggang like nalang. Pwede naman yung ganon diba? Low expectation lang para di masyado mataas babagsakan kung sakali” banat ni Raymond at di parin makapaniwala si Timothy sa sinasabi ng kaibigan nya.

“As in pare meron talagang Pipay?” tanong ni Tim at niyakap ni Raymond ang unan ng mas matindi. “Pare sa tingin mo… si Margaret e..” paputol na sinabi ng binata pero naintindihan agad ng matalik nyang kaibigan. “Pare yung sinasabi mong Pipay di ka gumalaw kaya di mo narin malalaman diba? E now if you really like her tulungan kita para maligawan mo siya” sabi ni Tim at napangiti ang bestfriend niya.

“So pano nga ba pare? Pano ba talaga manligaw?” tanong ni Raymond at tumawa si Stephanie at tinignan ang pinsan niya. “Sige nga insan tignan ko nga kung tama, sige nga payuan mo nga si Monching” sabi ng dalaga at nagulat si Raymond. “Monching?” tanong niya at tinignan si Steph. Tulala ang dalaga at nakita niya ang pinsan niyang patagong tumatawa.

“Sino si Monching?” tanong ulit ni Raymond at tumingin sa kisame si Steph at huminga ng malalim. “Sino pa kaya ano? Alangan na ako, siyempre ikaw duh! Ang slow mo talaga, Raymond o nickname Monching, geez naman Neanderthal brain ka” banat ng dalaga sabay tinignan niya si Raymond at nagulat pagkat nakangiti ito sa kanya.

“Oy ano nginingiti mo diyan?” tanong niya. “I actually like it” sabi ni Raymond at natulala ang dalaga. “Ha? Okay sa iyo kung tawagin kitang Monching?” tanong ni Steph at nginitian siya ng binata. “Monching…hmm oo nga no. Raymond is Monching. I like it” bulong ng binata. “Really?” tanong ng dalaga at nagkatitigan sila saglit kaya si Tim parang kinikilig.

“Oo Steph basta ikaw, kahit ano itawag mo sa akin basta ikaw” biglang banat ni Raymond at mabilis na namula ang mga pisngi ni Stephanie at nagkatitigan sila ng ilang segundo. Palipat lipat ang tingin ni Tim sa dalawa at di makapaniwala sa nangyayari.

“Ano Tim, epektib ba ang ganon na banat?” biglang tanong ni Raymond sabay tawa. Naiwan ang titig ni Tim sa pinsan niya at medyo kinakabahan ngunit tumayo bigla si Steph at tumawa, inagaw ang unan kay Raymond at pinaghahampas niya ito sa binata.

“Wag mo ako pagpraktisan!!! Bwisit ka!!!” sigaw ng dalaga habang patuloy ang pagpalo nya kay Raymond ngunit tawa lang ng tawa ang dalawang binata. “Bakit ka galit epektib ba?” hirit ni Raymond at tuloy ang paghahampas ni Stephanie ng unan. Pati si Tim di pinalampas ng dalaga ngunit biglang napalakas ang palo nya sa ulo ni Raymond at tumama ito sa dingding.

“Ay shet sorry!!” sigaw ng dalaga sabay napaluhod at humawak sa likod ng ulo ng binata. Napayuko ng ulo si Raymond at dahan dahan tinaas ang ulo nya at tinignan si Steph. “Kahit gano kasakit basta ikaw matitiis ko” banat niya at muli sila nagkatitigan.

Dahan dahan na dinampot ni Steph ang unan, mga mata nila di parin nagkakahiwalay. Hinarap niya ang unan at parang slow motion niya itong pinalo ng mahina sa mukha ni Raymond, “Sabi ko sa iyo wag ako ang pagpraktisan mo e” sabi niya sabay tumayo at muling nahiga sa kama. Niyakap lang ni Raymond ang unan at bigla siyang tinignan ni Tim.

“Bakit pre?” tanong ni Raymond at tahimik na umatras si Tim sabay napatingin sa pinsan niya na nakatingin sa kisame. “Wala pre, natutuwa lang ako sa inyong dalawa” sagot ni Tim. “So seryoso na pre, what do I have to do?” tanong ni Raymond. “Alam mo pare walang standard way sa panliligaw e. Ayaw ko naman ikwento yung nagawa ko kasi baka sabihin niyo korny, why not ask Steph nalang para naman at least meron tayong insight” sagot niya.

Sabay nila tinignan ang dalaga na napatingin sa kanilang dalawa. “Hay, Monching kung ano ka yun ang ipakita mo. Sabi mo she laughed at your jokes o that was all you. Wala kang ginawang special o binago sa sarili mo that time. Sabi mo tanggap ka nya for who you are agad so ano pa kailangan mo baguhin? Basta maging ikaw ka lang at wag kang magpapanggap na iba or else kung naging kayo magpapanggap ka nalang the whole time” payo ni Steph.

Halos isang minuto na tahimik ang kwarto nang biglang tumayo si Raymond at naglakad papunta sa pinto. “Pero I was wearing a nice shirt that time” sabi nya. “Hay naku nakikinig ka ba? Kahit ano pa ang suot mo o itsura mo ang magdadala sa iyo ay ang kung sino ka sa loob” hirit ng dalaga at binuksan ni Raymond ang pinto at nilingon siya. “Steph salamat, pre mauna na ako” sabi nya at umalis na siya.

“Oy, yung huling sinabi mo malaman yon ah” sabi ni Tim at dumapa si Steph sa kama at binaon ang mukha niya. “Oo na I like him noon pa” sagot niya. “Oh so bakit ang galing mo mag advice di mo naman magawa? Magaling naman siya magpatawa pero lagi mo binabara. Kaya tumatak tuloy sa kanya na di maganda ugali mo” sermon ni Tim at biglang tumayo si Steph. “Oo na oo na, nagsisi na ako okay? Wala na ako magagawa. Nakikita ko sa mata niya na seryoso siya dyan sa bruhang yon eeeh” sabi ng dalaga kaya lakas ng tawa ng kanyang pinsan.

“Oy pero aminin mo kinilig ka talaga kanina no nung bumabanat siya” tukso ni Tim at muling kinilig si Steph at tawa ng tawa. “As in, utal ako talaga shet akala ko totoo na hayz. Wag na nga natin pag usapan yan at nakakadepress masyado. Hay Monching…gano ba kaganda yang Margaret na yan?” bigkas niya.

“Honestly insan youre much prettier than her pero sabi mo nga diba its not what is outside that is important. You had your chance and you blew it” sabi ni Tim at inabot ni Steph ang isa pang unan sa pinsan niya, “Insan hampasin mo nga ako…sige na para matauhan ako” bulong ng dalaga.

Dumating na ang unang araw ng pasukan at maaga sa classroom sina Raymond at Timothy. Napwesto sila sa likod at halatang tensyonado si Raymond. “Pare magrelax ka nga, tandaan mo first day palang ito and you have all the time in the world. At least proven na she accepts you so may foundation ka na” payo niya at huminga ng malalim si Raymond pero tapik siya ng tapik sa upuan niya.

“Pare what do I do pagpasok niya? Kakawayan ko ba siya agad? Ano tatawagin ko siya dito para makatabi ko siya? Ano pare? Help me naman o” tanong ng binata at tawa ng tawa ang bestfriend niya. “Pare relax, deep breath, pag ganito act cool pare. Tipong pagpasok niya nod or smile, diyan mo malalaman pag type ka din nya pag kusa siyang naupo sa tabi mo diba?” sagot ni Tim at napangiti ang kaibigan niya. “Oo nga no, tama tama so I just have to wait. Pero pare pano kung sa harap siya naupo pare o pano na yon?” hirit ni Raymond.

“Hahaha hay naku pare, relax ka nga. First day of classes at madami pang subjects ha. Chill pare, teka lang at nagtetext si Karen, deep breath muna at wag ka masyado mag isip” payo ng kaibigan niya kaya sumandal si Raymond at di niya maalis ang mata niya sa pintuan.

Sampung minuto ang lumipas at nasilayan na ni Raymond si Margaret sa pinto, kinawayan siya ng dalaga at nginitian pero muling lumabas ng pinto. Sobrang natuwa ang binata at niyugyog niya ang kaibigan niya, “Pare nakita mo yon kinawayan niya ako at nginitian, shet siya pare ang gumawa non nakita mo ba yon pare ha nakita mo ba? Oh gee oh wow this is it my friend” kulit ni Raymond at tawa ng tawa si Tim.

“Oo pare kitang kita ko yon, see told you pare, chill lang o pano yan ready ka na?” sagot ng kaibigan niya at di maitago ni Raymond ang malaking ngiti niya sa mukha. “Hell yeah pare! This day will really change my life. I can feel it, wow pare kinawayan niya ako. Siya una pumansin sa akin. Wow pare happiness” sabi nya.

Lalong nasabik ang binata at inantay ang muling pagpasok ni Margaret, nakita na niya na pumasok ito ngunit ang ngiti sa mukha niya biglang nagunaw nang may kaholding hands siyang pumasok. Kilalang kilala nila ang kasama ng dalaga, siya si Marwin ang isa nilang kaibigan at halos nanigas si Raymond at naninigas ang mga kamao niya.

“Shet pare…oh shet pare” bulong ni Tim. “Oo nga e, tsk…as expected pare pero never ko naimagine na ganito shet naman o. Wow what a life this really is. Demet, eto na nga tapos may aswang pa agad. Ano ba yan?” sagot ni Raymond at napansin sila agad ng kaibigan nila at lumapit ang dalawa.

“Uy mga pre eto pala bago kong girlfriend si Margaret” sabi ni Marwin at ngiting aso nalang ang dalawang magkaibigan. “Oo actually we met nung orientation, diba Bruno?” sabi ni Margaret at biglang tumayo si Raymond at inalok ang upuan niya sa dalaga. “O san ka pupunta tol?” tanong ni Marwin at naglakad si Raymond papunta sa harapan. “Magpapaka genius pare” sabi nya at mabilis na pumunta sa harapan at di na lumingon kahit naririnig niya ang tawa ni Margaret.

Sa pinakaharap naupo si Raymond, katabi nya ang bintana at diretso lang ang tingin sa labas. Tumabi bigla si Tim sa kanya at nag aalala ang kaibigan niya. “Pre okay ka lang?” tanong ng bestfriend niya. “Pare, sa tingin mo pag tumalon ako dito sa bintana mamatay na ba ako?” tanong ni Raymond. “Hindi pre kasi first floor ito” sagot ng kaibigan niya at huminga ng malalim si Raymond at hinarap ang pisara pagkat nandon na ang propesor nila.

“Tara pare sa second floor at doon ako tatalon” bulong ni Raymond. “Taasan mo, tara sa fifth floor pare” alok ni Tim at ang sama ng tingin ng bestfriend niya sa kanya. “Sira ulo ka ba? Fifth floor? Gusto mo ba ako mamatay? Ang taas na non ha” sabi ni Raymond at nagtawanan yung dalawa. “Ogag alam ko nasasaktan ka, dinadaan mo lang sa tawa” bulong ni Tim at di sumagot ang kaibigan niya at tumingin nalang sa malayo.

“Whole day na ganito, whole sem na ganito, shet ano ba tong pinasok ko?” bulong ng binata at halos walang maisagot ang kaibigan niya. “Pre nasubukan mo na ba mabasted?” tanong bigla ni Raymond. “Oo naman pre” sagot ni Tim. “I see, pare ganito ba talaga kasakit?” hirit ni Raymond. “Ah…honestly pre parang ganito na nga yon” sumbat ni Tim. “Okay…okay sana kung di mo na nakikita no? Pero ganito na makikita mo araw araw, parang supalpal lagi sa mukha mo” banat ni Raymond at bakas ang kalungkutan sa mukha niya.

“Ano ba meron si Marwin pre? Akala ko ba wala sa physical ito? Pare kaya natin iniiwasan minsan si Marwin kasi pangit ugali niya diba? Diba? O pare ako may masamang ugali din naman ako pero pag compare mo pare mas mabait naman ako diba?” banat ni Raymond. “Oo pre malayo agwat niyo sa ugali” sagot ni Tim. “So physical talaga ang labanan ano?” hirit ng binata. “Pre malay mo may trait na nagustuhan si Margaret sa kanya diba posbile din yun?” sabi ng kanyang bestfriend.

“Trait? Good trait? Ano ipapakilala mo girlfriend mo as bagong girlfriend? Di ba ang pangit non? Pare eto girlfriend ko, ganon sana. Pero bagong girlfriend? Ano siya may collection? Oo meron nga pala, oh I see nagpapakatotoo siya. Pero physical no pre? Sabi ko na e ayaw ko pasukin ito e, shet life was so simple now its karabaw feces” litanya ni Raymond at sisingit sana si Tim pero pinigilan siya.

“Pre please hayaan mo lang ako magsalita pwede? Pare kunwari makinig ka nalang sa akin muna kahit ngayon lang, promise ko ngayon lang pre. Kailangan ko lang alisin to agad sa dibdib ko. This is the part where I want to shout what the ef gee eyts ay jay kay el em en OP nanaman ako anak ng

baklitang baka naman o" bigkas ni Raymond at nakinig nalang si Tim sa kanya.

Pagkatapos ng huling subject nila nagmadali lumabas ng classroom si Raymond ngunit paglabas niya nakasalubong niya ni Stephanie na may kaakbay na lalake. "Oy sinong tomboy ngayon? Eto pala boyfriend ko si Eric" pakilala ng dalaga at halos di makangiti si Raymond. "O asan na yung dream girl mo ha? Nasan na siya patingin nga para malaman ko kung may taste ka talaga" banat ng dalaga. Paglingon nila sa pinto eksaktong lumabas si Margaret at Marwin, "Oh kaklase niyo din pala si Marwin, o nasan na yung babae mo?" tanong ni Stephanie.

"Sila" sabi ni Raymond sabay naglakad siya agad palayo. Dumating si Timothy at napatigil sa tapat ng pinsan niya. "Ano problema non? Tinatanong ko lang nasan yung Margaret, sagutin ba naman ako ng sila sabay alis" sabi ng dalaga at napasimangot ang pinsan niya.

"Oo sila, ayan o" sabi niya at nakita ni Steph si Marwin na umakbay sa isang babae. "Ha? Teka, don't tell me…teka teka naguguluhan ako" sabi ni Steph. "Tulad ng sinabi ni Raymond, sila nga. Sige habulin ko pa siya baka ano pa magawa niya, uy sunod ka nalang" sabi ni Tim sabay alis.

Di makapaniwala si Steph sa nakita niya, papalit palit ang tingin niya sa likod ng naglalakad na Raymond at sa babaeng kaakbay ni Marwin. "Oh shet yan si Margaret? Shet kawawa naman si Monching hala" bulong niya sabay kumalas sa katabi nyang lalake.

"Gaga yan, shet yan shet yan" patuloy niya binubulong sabay lingon ulit kay Monching na nahabol na ni Tim. "Sis, ano ba? May lakad pa ako no? Araw araw ba tong acting natin na magsyota tayo sis?" tanong ni Eric. "Di na sis, thanks, no need na. Sige na sis habulin ko sila, pero shet kawawa naman si Monching" sagot ng dalaga.

“Pero sis may taste yung babae ha, knows mo ba sino yung papabol na yan? Ang gwapo niya in fairness maski ako no siya pipiliin ko compare sa Monching na yon” banat ni Eric at biglang nagwala si Steph. “Bruha ka! Isa ka pa! Di mo kilala si Monching at wala kang karapatan magsabi ng ganyan. Nakakairita ka demet ka! Bakla! Bakla!” sigaw ng dalaga sabay sibat at hinabol yung dalawa.

Nakauwi ang tatlo at tahimik silang lahat, “Hay one day over, ilang araw ba bago matapos ang isang sem?” tanong ni Raymond sabay tawa. “Sige mauna na ako, bukas” sabi nya sabay pumasok sa pinto ng bahay nila. Naiwan si Steph sa tapat ng bahay at nagsimula tumulo ang luha sa mga mata nya. “Hoy tara na sa loob” sabi ni Tim. “Oy bakit ka umiiyak?” dagdag niya.

“Insan I feel so sad for him. Grabe masayahin si Monching insan, di ako sanay nakikita siyang ganyan” sabi ng dalaga. “Hay, he will be fine. Ganyan talaga so let him be muna” sabi ni Tim. Di parin gumalaw si Steph at pinunasan niya ang mga luha niya. “Insan will he be really okay? Baka gumawa siya ng masama worried ako” bulong ni Steph. “Okay lang siya, di ganon si Raymond. You should know that kasi magkababata tayo diba? Relax back to normal din yan soon, just give him time kasi first heart break naman niya e” sabi ni Tim.

“Uy make sure naman, itext mo naman siya o” sabi ni Steph. “Ano ka ba kapapasok lang niya no. Okay lang yan kaya halika na sa loob. Or what if ikaw nalang magtext sa kanya para naman makita niya na concerned ka for a change” payo ng binata at napaisip ang dalaga at agad niyang nilabas ang phone niya at nagpipindot.

Nauna na sa loob si Tim pero si Steph naiwan parin sa labas at kahit na buo na ang text sa phone niya di nya magawang pindutin ang send. Ilang sandali narinig ng dalaga nagbukas ang bintana ni Raymond kaya mabilis niyang pinunasan ang mga mata niya. “Oy ano pang ginagawa mo diyan?” tanong ng binata at natawa si Steph at di sya tinignan. “Ah napulingan ako” sagot niya.

“Oist gusto mo magfishball? Nagugutom ako e” sabi ni Raymond at tinignan siya ng dalaga. “Treat mo ako?” tanong niya. “Syempre. Antayin mo ako diyan” sagot ng binata at biglang napangiti si Steph. Ilang sandali pa lumabas na si Raymond at sabay silang nagpunta sa nagbebenta ng streetfood.

Habang kumakain ay biglang naglabas ng panyo si Raymond at agad pinunasan ang gilid ng labi ni Steph, “Steph salamat sa concern but I will be fine so don’t worry” sabi niya sa dalaga at nginitian ito. Nabigla si Steph kaya tanging nagawa lang niya ay mapangiti nalang.

“Sure?” bulong niya. “Yeah sure, ano need mo ko to blow sa eyes mo?” tanong ng binata at nagpacute ang dalaga muling pinunasan ang kanyang mga mata. “No okay na” sagot niya sabay binangga ang binata at medyo dumikit.

Chapter 3: Ako!

Dalawang lingo ang lumipas at nakadungaw sa bintana si Raymond habang nagsasalita ang kanilang propesor. “I am so happy to announce that for the first time sa pagtuturo ko ay meron na din nakaperfect ng isa kong quiz. This is such a momentous occasion, a very rare one” sabi ng kanilang guro ngunit bigla niya napansin si Raymond.

“Mister De Guzman! If you are not interested in my class you may step out! I do not like to do this but I always notice you are always staring outside during my class! Is my class not interesting enough for you? Or would you like stay outside instead?” sigaw ng propesor.

“Sir lahat ng subject ganyan yan!” sabi bigla ni Marwin sabay nagtawanan ang buong klase. Humarap si Raymond sa propesor ngunit biglang kinuha ng guro ang kanilang quiz papers at hinanap ang kanyang papel. “Tignan ko nga kung ano nakuha mo, alam mo I do not need students who are not interested in what I teach…eto here it is” sabi ng propesor ngunit nanlaki ang mga mata nito sabay tinignan niya si Raymond.

Di mapakali ang guro at napabuntong hininga habang si Raymond ay nakatitig lang sa kanya. “Here come get your paper and will you show your solution on the board. It so happens that mister De Guzman perfected my quiz” sabi ng propesor at nagulat ang lahat ng kanyang mga kaklase.

Tumayo si Raymond at kinuha ang kanyang papel, namulot ng chalk at nagsimula magsulat sa pisara. “Did you cheat?” tanong ng propesor at napatigil si Raymond at tinignan siya. Tiniklop ni Raymond ang papel niya at binulsa sabay sinolve ang lahat ng problem sa pisara.

Nang natapos siya wala masabi ang guro nya ngunit nagngingitian ang buong klase pagkat tila nasupalpalan ang terror nilang guro. Halos lahat ng

subjects nila pinakamataas ang nakuha ni Raymond na talagang ikinagulat ng matalik niyang kaibigan at sa bago matapos ang huli nilang klase ay di na matiis ni Tim magtanong. “Pare ikaw pa ba yan?” biro nya at tumawa si Raymond. “Oo naman pare bakit?” sagot ng kaibigan niya.

“Parang di ikaw e, nung highschool ikaw lagi lowest ah” sabi ni Tim at lalo sila nagtawanan. “Teka teka don’t tell me nag aaral ka na para mapaimpress mo siya no?” hirit ni Tim at napasimangot si Raymond. “Alam mo pare, you can do amazing things pag inspired ka, am I inspired?” sabi ng binata at nagulat ang bestfriend niya.

“Wow that deep pare ah, hoy bakit palaaral ka na?” sumbat ni Tim at napabuntong hininga si Raymond sabay silip kay Margaret. “Oo tanggap ko na sila na, pero pare di ko siya maalis sa isipan ko e. Kaya pag gabi para di ko siya maisip nagbabasa nalang ako ng libro para busy utak ko. Ginagawa ko yon hanggang sa inaantok na talaga ako. Eto ang epekto, maganda din pala no?” paliwanag ni Raymond.

“Imagine mo pre, kung nung highschool naheartbroken ako siguro valedictorian ako no?” dagdag niya at nagtawanan sila. “O kaya pare sa tingin mo ba lahat ng valedictoria, mga cum laude at mga matalino…heart broken din kaya sila?” hirit nya at tawa ng tawa si Tim.

“Seriously pare, parang ganon e. Kasi they feel different, so imbes na mag emo effect sila binubuhos nila lungkot at lumbay nila sa pagbabasa. Di ko alam kung tama ako pero parang ganon e. Para iwasan ko ang sakit kaiisip sa kanya binubuhos ko nalang oras ko sa pagbabasa para talagang busy utak ko. Less chance of thinking of her” hirit ni Raymond.

“Tado, meron naman nagpupursige talaga mag aral e, meron talagang motivated mag aral, e ikaw forced to study” banat ni Tim at muli sila nagtawanan. “E pare si Einstein sa tining mo heartbroken ba yon? Kung oo pare durog durog sigurado puso non I can tell” dagdag ni Raymond at

napalakas ang tawanan nila at napagalitan sila ng guro. “Si ma’am matalino, heartbroken din kaya?” bulong pa ng binata at parang bulate silang nagbubungisngisan.

Napagpatuloy ni Raymond ang matataas na marka, nakilala siya bigla ng mga kaklase niya bilang matalino ngunit tanging si Tim lang nakakaalam kung bakit siya nagkakaganon. Natapos ang prelim examination nila at tuwang tuwa ang terror nilang propesor pagkat si Raymond din ang kaunahang nakaperpekto sa kanyang exam.

“Undeniably mister De Guzman now is my favorite student, oh don’t get me wrong there is no favoritism involved really but ngayon lang ako nachallenge magturo ng ganito. Mister De Guzman, sorry I cannot give you a perfect grade so 99 ka lang” sabi ng propesor at nagpalakpakan bigla ang buong klase.

“Sad to say the rest ang bababa ng nakuha niyo. So in line with these I will let you change the seat plan, sige seat beside the person who you think can help you pass, pero no cheating. Dali na at magbibigay ako ng seatwork para makahabol kayo” sabi ng propesor at lahat nag unahan sa harapan ngunit nauna na sina Marwin at Margaret na tumabi kina Raymond at Tim.

Tumayo bigla si Raymond at napatigil ang lahat at inaantay ang galaw niya. Humakbang siya, madami nagtayuan, umatras siya at madami din naupo agad. Para siyang sumayaw ng chacha kaya laugh trip na ang ibang kaklase niya. “Tado wag na, dito ka na wag kang obvious pre. At pag lumipat ka mapipilitan ako sumunod at baka sabihin nila e…you know fafa” bulong ni Tim kaya natawa si Raymond at naupo ulit.

“Pare this is your moment of glory, savor it pare. Sikat ka na pre” bulong ni Tim at taas noo si Raymond na ngumisi. “Oh yes…I can feel the power pare…sabi ko sa iyo pare maganda epekto yung pag upo natin sa harapan nung orientation. Pero hmmm pero sa tingin mo si sir heartbroken din kaya?”

banat ni Raymond at nagtawanan ulit sila. Binigay na ng propesor ang seatwork kaya nagsimula agad magtrabaho ang lahat.

Dumungaw si Marwin at napatingin si Raymond sa propesor, “Sige lang it’s a seatwork you can help each other. Sige na para makahabol naman yung iba” sabi ng guro kaya humarap si Raymond kay Marwin. “Pre pano ba to?” tanong ni Marwin at pati si Margaret napatingin sa kanila. Umatras ng konti si Tim sabay nilabas ni Raymond ang kanyang palad sabay pinakita ito kay Marwin.

“Ano yan pre?” tanong ni Marwin. “Shhhh…watch” sagot ni Raymond at dahan dahan sinara ni Raymond ang kamay niya. Dahan dahan niya ito binubukas sabay sabi “Bu…bu…kaaahhhh” na binigkas niyang mabagal. Pati propesor naintriga kaya nanood sa ginagawa ng binata.

Sinara ulit ni Raymond ang kamay niya at muli binubuksan, “bu…bu…kaaah…bu bu kaaahhh…bu bu kaaaahhh” paulit ulit niyang sinabi at nahilo si Marwin at di niya makuha. “Ano?” tanong ni Marwin kaya mas mabilis inulit ni Raymond ang ginawa niya.

“Bu bu ka, bu bu kaaahh…bobo ka!” banat niya at biglang natawa si Margaret at Tim at pati ang propesor nagtakip ng bibig at bumungisngis. Galit na galit si Marwin at napatingin sa girlfriend niya na di nanaman mapigilan ang tawa, ngumisi si Raymond at biglang tumunog bell.

“Okay pass your papers” utos ng guro at nagpanic si Marwin. “Natapos mo ba?” tanong niya kay Margaret na tumatawa parin. “Yup” sabi nya at wala na magawa si Marwin kundi mapatingin ng masama kay Raymond. “Cheer up pare gwapo ka parin naman e. Di nabawasan pogi points mo, intact parin siya” banat ni Raymond at sumabog bigla sa tawa si Margaret na lalong kinainis ni Marwin.

Dismissal at sabay ulit pauwi ang tatlo, masaya si Raymond at napansin yon ni Stephanie. “Parang maganda ata ang araw mo…Monching” sabi ng dalaga. “Ah quite hahaha…alam mo face value and low IQ pala ay deadly combination” sabi ni Raymond at natawa si Tim. “Ho ho ho mas gusto ko nalang na palaaral ako kesa gwapo” hirit niya.

“Gwapo ka naman ah” sabi ni Steph at napatigil bigla si Raymond at napatingin sa kanya. “Tim, kailangan niyo na pacheck up mata ng insan mo, matindi na ang katarata nito” sabi ni Raymond. “Stephanie how many fingers do you see? How about now?” landi ng binata at pinapakita ang tatlong daliri sa harapan ng mukha ng dalaga.

“Totoo naman sinabi niya pre e, gwapo ka naman talaga” banat ni Tim at nanlaki ang mga mata ni Raymond at napatitig sa kaibigan niya. “O sasabihin mo nanaman na katarata din” sabi ni Tim pero lalo nanlaki ang mga mata ni Raymond, “Hindi pre…bakla! Bakla ka!! Lumayo ka sa akin impostor ka!” sigaw ni Raymond at tumakbo bigla at sumabog sa tawa si Steph pagkat parang takot na takot talaga ang acting ng binata.

Tawa ng tawa si Steph habang ang dalawa ay napatigil at napatingin sa kanya. “Ano?” tanong ng dalaga at nagkatitigan ang dalawang binata. “Tumatawa ka” sabi ni Raymond at parang nalito si Stephanie. “E nakakatawa naman talaga e” sagot ng dalaga. Saglit na tinitigan ni Raymond si Steph sabay tingin kay Tim, “All this time nagpapanggap ka, di ko alam may pagnanasa ka sa akin…bading!” banat ni Raymond at nagtago sa likod ng dalaga na muling sumabog sa katatawa.

Nagtungo sila sa bentahan ng streetfoods at patuloy ang pagpapatawa ni Raymond. “Alam mo pre wag mo pilitin, be yourself. Sige na don’t be shy ask for a bowl. Alam ko naman kailangan mo kumain ng may poise e” banat niya at biglang napayuko si Steph at napahawak sa tiyan nya sa katatawa.

Humingi ng bowl si Raymond, kinargahan ng suka at nilagay ang mga fishball sa loob. Gamit ang isang barbeque stick tumusok siya ng isa at poise na poise na sinubo. “O pare just today samahan kita, sige na don’t be shy na o” hirit ni Raymond at napaupo na sa lupa si Stephanie at naiyak na sa katatawa.

Tumayo ang dalaga at pinagsusuntok sa braso si Raymond, “Loko loko ka talaga, ang sakit na ng tiyan ko. Mauna na ako sa bahay” sabi ng dalaga at naglakad palayo ngunit bungisngis parin. “Pare sorry ha, nasobrahan ata pagbibiro ko” sabi ni Raymond habang pinapanood niya maglakad palayo si Steph. “Okay lang pre, pero di ako bading ha” sagot ni Tim at natawa ang kaibigan niya.

“Oo pre alam ko, nagbibiro lang ako para matawa insan mo” sagot ni Raymond. Napangisi si Tim at tinitigan ang kaibigan niya, “Oy oy hindi ah, ngayon ko lang kasi nakita tumawa insan mo, I mean ngayon ko lang napatawa no” depensa agad ni Raymond at natawa si Tim.

“Wala naman ako sinabi ah pre, bakit defensive ka?” sagot ni Tim at napangiti si Raymond. “Sira nagpapaliwanag lang. Kasi naman all this time kung di straight face e simangot nakikita ko, akala ko nga tatanda na siyang mala braguda or bruha e. Pero okay din pala ngumiti at tumawa pinsan mo no?” sabi ng binata at napangisi ang bestfriend niya at natawa.

Biglang nilabas ni Raymond ang cellphone niya at binasa ang text message, agad siya nagreply at binulsa ang phone. “Sino yon pre?” tanong ni Tim at sabay na sila naglakad pauwi. “Si Pipay pre” sagot ni Raymond at nagulat si Tim. “Ha? Nagtetext kayo nung Pipay?” tanong ng kaibigan niya at biglang napangiti ang binata. “First time ako makatanggap ng text sa kanya actually” sagot ni Raymond.

“Ha? E bakit ang bilis ng sagot mo? At bakit ngiti lang, dapat nagcecelebrate ka diba?” sabi ni Tim at tumawa si Raymond. “Shhh pare, ngiti sa labas pero

deep inside parang nagpipiyesta ang mga bulate ko at nagsasayaw. Oh yeah it makes me wanna jump can you feel it jump! Keep rolling rolling rolling" banat ni Raymond at nagtatawanan sila. "Parang nakalimutan mo na si Margaret ah" tukso ni Tim.

"Alam mo pre ang kay Juan kay Juan at ang kay Pedro kay Juan din pala. Ano ilalaban ko kay Juan pag ganon? Kung lahat nalang para kay Juan e pano na? So in short acceptance lang, pero sana balang araw lumigaya din si Pedro" drama bigla ni Raymond at natahimik lang si Tim.

Muling tumunog ang phone ni Raymond at mabilis niya ito nilabas, sinubukan ni Tim sumilip pero agad ito nilayo ng kaibigan niya. Napakalaking ngiti ang nasa mukha ni Raymond at naumpog pa siya sa gate nila sa kababasa ng text. "Sige pre uwi na ako, wag masyado pre ha" sabi ni Tim at di na sumagot si Raymond at patuloy ang concentrate niya sa phone niya.

Pagpasok ni Tim sa bahay nila nakita niya si Steph sa sofa na nakangiti din at nagtetext sa phone niya. Napaisip bigla si Timothy at biglang tumawa ang pinsan niya. "Oy sino katext mo?" tanong ni Tim sabay nilapitan si Steph. "Lumayo ka nga, private to no!" sigaw ng dalaga sabay tumayo at tumakbo papunta sa kwarto niya.

Napakamot nalang si Tim at natawa, "Imposible naman" sabi niya sa sarili nya pero narinig niya ang malakas na tawa ng pinsan niya. Sumilip si Tim sa bintana at nakita parin si Raymond sa gate nila nagtetext at tumatawa. "Imposible" bigkas niya.

Isang sabado nakatambay ang tatlo sa kwarto ni Tim at pinagmamasdan ni Timothy ang pinsan at kaibigan niya. Wala siyang makitang kakaiba kaya naisip niya na di siguro tama ang hinala niya. "Oy tahimik ka ata at kanina mo pa kami pinagmamasdan" sabi ni Steph.

“Nangungulila kay Karen” banat ni Raymond at natawa ang dalaga. “Eh pare ikaw di ka ba nangungulila kay Margaret? Uy!” bawi ni Tim sabay ngisi. “Hmmm oo naiisip ko parin siya pero sabi ko nga pare ang kay Juan kay Juan, di pwede na sumingit si Pedro” sagot ni Raymond.

Nakita ni Tim na medyo napangiti ang pinsan niya kaya humirit pa siya. “E di pa naman sila kasal ah” sabi niya. “Alam ko, pero pare balang araw makakahanap din ako ng magmamahal sa akin, balang araw ako naman, ako, ako, ako at…ako” banat ni Raymond.

Tumayo bigla si Raymond at parang nawalan ng gana kaya umalis. Nagsimangot si Stephanie sa pinsan niya at binato ang unan. “Tignan mo nag walk out tuloy, kakainis ka talaga” sabi ng dalaga at tumawa si Tim. “Bakit di ka ba affected sa sinabi niya? Sabi niya balang araw makakahanap siya, ay so sad di ka man lang niya tinignan o” tukso ni Tim sabay tawa.

“Balang araw ako yon, ako, ako, ako!” banat ni Steph at napatigil si Tim. “Anong ikaw?” tanong ng binata pero tumayo si Steph at nagdabog papunta sa pinto. “Eeesh slow ka, basta tandaan mo ako yon! Ako!” hirit ng dalaga.

Chapter 4: Dito!

Sumapit ang Agosto at special day ni Timothy pagkat birthday niya. Maganda ang timing pagkat Sunday kaya abalang abala ang tatlo inaayos ang bahay pagkat madami dadating na mga bisita. “Ah Raymond pre, ah mamaya kasi e…” sabi ni Tim pero sinaway siya ng kaibigan niya. “Pare whatever it is okay lang kasi birthday mo today. Kahit ano hilingin mo pre sabihin mo lang” sabi ng binata at nagkatinginan lang ang magpinsan.

“Pre e may mga pupuntang mga friends” sabi ni Tim, “Pare naman, your friends are my friends too, coz your friend are my friends and my friends are your friend. The more we get together the happier are we” kanya ni Raymond at nagbungisngis konti yung magpinsan.

“Oy birthday mo pare maupo ka nga lang at kami na mag aayos” sabi ni Raymond at di parin mapakali ang birthday boy. Pati si Stephanie nag aalala at wala na siya magawa kundi mapatingin sa pinsan niya. “Diretsuhin mo na kasi” bulong ng dalaga. “I cant, nahihiya ako baka sabihin niya sinasadya ko, bahala na” sagot ni Tim.

Isang oras pa at nagsidatingan na ang mga bisita, nagsimula ang kainan at abalang abala sina Raymond at Steph na nagserve ng pagkain. Natapos ang kainan nagtipon tipon ang lahat para sa inuman, naupo si Raymond sa tabi ng bestfriend niya habang si Steph ay inasikaso ang mga kumakain pa.

Kinakantyawan ng lahat si Raymond na uminom pero tumanggi ito. “Sorry mga pre, panata ko talaga never ako titikim ng alcohol for life, iba nalang ipagawa niyo, o kaya kiss ko nalang si Tim” sabi nya at hinalikan niya ang birthday boy sa pisngi at ang tindi ng tawanan ng lahat.

“Pare happy birthday, I love you pare” banat ni Raymond at lalo pang nagwala ang lahat. “Oy Raymond nagseselos na ako” sabi ni Karen kaya

yumakap naman si Tim sa girlfriend niya at hinalikan sa pisngi. “Ay Ay Ay break na tayo!!! How dare you kiss that woman in front of me! How dare you! How about my feelings? Am I not human enough to also get hurt?” patawa ni Raymond at halos sumakit na ang tyan ng lahat sa pagpapatawa niya.

Para makibagay si Raymond ang naging tanggero ng grupo at habang nagbubuhos siya ng alak ay may bumati ng malakas. “Happy birthday Timots!!! Sorry late kami!!!” sigaw ni Marwin sabay kaway sa birthday boy. Ngumiti si Tim sabay ngiti pero agad tinignan ang kaibigan niya na nakayuko ang ulo at pinagmamasdan ang baso na may alak.

“Tim, happy birthday pare, okay lang ako. Wag mo ako intindihin. Happy happy lang” sabi ni Raymond sabay bigla niya tinungga ang laman ng baso na kinagulat ng lahat. Pati si Steph nabigla sa nakita niya at biglang sumigaw si Raymond.

“Ang laswa ng lasa!!! Whoooo!!! This is a good time to learn how to drink!! Tagay pa!!! Nyeta pwede ba lagyan ng asukal to?” sigaw ni Raymond. Pinuno ulit ni Raymond ang baso sabay tinungga, lumapit si Steph at nag alala. “Pareho parin ang lasa, malaswa!!! Ang init!!! Whooo!!” sigaw ng binata at nagkatawanan ulit ang grupo.

“Hoy! Ano ka ba?” sabi ni Steph pero nginitian lang siya ni Raymond. “Pigilin mo nga yan insan” utos ni Steph pero walang magawa si Tim at Karen. “Anong pigilan? Birthday ni Tim at nakikibagay lang ako no. Oh come on there is a first time for everything” sabi ni Raymond.

Naupo si Steph sa tabi niya, “Insan asikasuhin mo naman sina Marwin” sabi ni Tim. “Sus, matanda na yan at alam naman siguro nila nasan ang pagkain” sumbat ng dalaga sabay tinignan siya ni Raymond. “Appear tayo! May kakampi pala ako dito. Shhhh baka marinig ahahaha tagay pa!!!” sabi ng binata at nagpaikot ulit sya ng baso.

Sa malayo naupo si Marwin at Margaret habang sila ay kumakain, nakatitig lang sa kanila si Raymond at di sya mapakali. “Bagay ni Marwin ang red shirt ano? Ilabas ang mga toro!!! Bring in the bulls!!!” sigaw niya at matindi ang naging tawanan.

Napatingin si Marwin sa kanila kaya agad nagpasimple si Raymond. “Oooohhh am scared…hahahaha” bulong niya. “Oy tamado ka na, wag ka nang iinom” sabi ni Steph pero tinitigan siya ng binata. “Concerned ka? Concerned ka sa akin?” landi niya at nagsimangot ang dalaga pero tinukso sila ng mga nag iinom. “Ay ewan ko sa iyo” banat ng dalaga.

Ilang sandali pa pinansin nanaman ni Raymond si Marwin, “Mga pre, look o, ang alam ko ang salamin sinusuot sa mata, e bakit sya nakataas sa ulo o. Nakasuot sa ulo nya, ahaha kasi malabo ang utak. Salamin sa mata para luminaw, pero pag sa utak iba na yon. Kung baga sa computer, Operating System not found” pabulong na banat ni Raymond at ang tindi ng tawanan ng grupo.

“Di ka naman bitter sa lagay na yan?” tanong ni Karen bigla at napatigil at napasimangot ang binata. “He is bitter but she chose him e” sabi ni Steph at biglang tumawa si Raymond. “He is bitter but she chose him, okay ah” bigkas niya sabay tawa ulit.

Walang ibang tumawa kaya tumigil siya, “Minsan lang magpapatawa si Steph kaya tumawa kayo!!! Yes I am bitter than him” banat ni Raymond at sumabog sa katatawanan ang grupo. Napatingin si Raymond kay Steph at nginitian siya, “Am I bitter?” tanong nya. “Oo naman, you are bitter…you are the beast” hirit ng dalaga at biglang kumahol si Raymond at mas matinding tawanan ang naganap kaya biglang lumapit na sa grupo sina Marwin at Margaret.

Sumama sa grupo si Marwin pero si Margaret naupo nalang sa malayo. Nagtuloy ang inuman at pagkatapos ng ilang minuto tumayo bigla si Raymond

at napatingin lahat sa kanya. “Excuse me po, bibisita lang sa banyo” sabi nya na parang maamong bata at natawa lahat. Lahat pinanood siya maglakad pero bigla tumawa si Raymond, “Oy di ako weak! Porke first time ko akala niyo tutumba ako ha” sabi nya pero bigla siya nadapa at lalong napalakas ang tawanan. “Oops ganito na nga lang para di mapahiya” sabi ni Raymond at parang aso siya naglakad papunta sa banyo.

Tumayo si Steph at pinabangon si Raymond, “Uy wag mo naman ganyanin sarili mo” bulong niya. “Bakit tumatawa naman sila ha” sagot ni Raymond. “Eeesh, oo pero witty ka at doon sa witty jokes mo natatawa sila, di mo kailangan idown sarili mo para matawa sila lalo” sermon ng dalaga kaya biglang tumayo ang binata. “Oy wag kang iinom” sabi ni Raymond bigla, “Di maganda ang uminom, sige kaya ko na” dagdag niya at naglakad na papunta sa banyo ang binata.

Trenta minutos nawala si Raymond at nag alala na si Tim. Sakto nakitabi si Margaret kay Marwin at biglang nainis si Steph pero napangiti nalang sa kanya. “Nasan na yon?” tanong ni Tim at tatayo na sana si Steph pero nauna si Margaret. “Hanapin ko siya” sabi ng dalaga pero tumayo din si Steph. “Hindi ako na, sige dyan ka lang” sabi ni Margaret. “Oo nga Steph, upo ka lang hayaan mo na si Margaret, diba Marwin?” banat ni Tim. “Oo sige hanapin mo nga yon, check mo baka nasa garden” sagot ni Marwin.

Sa hardin nagtungo si Margaret at doon nakita niya si Raymond nakaupo sa sahig at nakasandal sa pader. “Uy ano ginagawa mo diyan?” tanong ng dalaga at napatingin sa kanya si Raymond na halatang lasing na. “Umiinom ka mag isa?” tanong ni Margaret at tumawa ang binata. “Di ah, may kasama ako dito, inaantay ko nga at tagay na niya e” sagot ng binata.

“Ha? Sino siya?” tanong ni Margaret. “Si Casper” sagot ni Raymond at nagkatitigan sila saglit pero biglang tumawa ng malakas ang dalaga. “Alam mo namiss ko mga pagpapatawa mo” sabi ng dalaga at nakiupo siya sa tabi ni Raymond at nilayo ang bote at baso. “Hehe namiss ko nga din tawa mo e” sagot ng binata at nagtawanan sila. “Uy ikaw ha, di pala joke yung orientation day ha” sabi ni Margaret. “Ha? Anong di joke?” tanong ni Raymond.

“Ikaw genius ka pala talaga” sabi ni Margaret at natawa ulit si Raymond. “Ah di talaga no, totoo yung orientation day doon nagsimula ang lahat…anywaaaay kumusta ka naman?” sagot ni Raymond. “Eto parin, magkaklase tayo pero di tayo nagkakasama” drama ng dalaga. “E may boyfriend ka e” banat ng binata.

“E ano ngayon? Lagi nga wala yon e, lagi nalang nasa practice ng basketball. Minsan pag lunch hahabulin ko sana kayo pero ang bilis niyo maglakad ni Tim e” paliwanag ni Margaret. “Anong klaseng boyfriend ba naman yan o, kanina iniwan ka lang niya mag isa sa sulok habang nakikipag inuman siya”

“Ganyan ba dapat ang boyfriend material? Kaya ka nga niligawan para gusto ka niya makasama lagi. Tapos ikaw iiwanan niya lang. Tapos ano pag may kailangan siya sa iyo saka ka lalapitan?” banat ni Raymond at natawa si Margaret. “Oist hayan mo na minsan lang naman tong mga birthday e, ayaw ko naman maging killjoy” sagot ng dalaga.

“Matagal na ba kayo?” tanong ni Raymond bigla. “Nung hapon ng orientation, nung naghiwalay tayo well nameet namin siya ng friends ko tapos ayun niligawan niya ako” paliwanag si Margaret. “Ang bilis ah” banat ng binata at biglang napangiti ang dalaga.

“E sobrang gwapo kaya niya” hirit ng dalaga at napatingin sa langit si Raymond. “Ah face value” pabulong niyang sinabi. “Tapos ang sweet nya at mabait naman” dagdag ni Margaret kaya biglang napaubo si Raymond pasabay sabi “Bulsyet ggrmmm bulsyet ahem” at pinalo ng dalaga ang likod nya akala totoong umuubo siya.

“Pero alam mo di siya humorous tulad mo, never pa nga niya ako napatawa e. Kaya pag bored ako naalala kita” biglang sabi ng dalaga at nag init ang mukha ni Raymond pero agad siya tumingin sa malayo at ngumiti. “Uy sama niyo naman ako minsan tuwing lunch, mga friends ko kasi ibang course at

schedule e" hirit ni Margaret at lalong napangiti ang binata. "Oo ba sige starting bukas…pero ang sakit" sagot ni Raymond.

"Ha? Saan?" tanong ng dalaga. Patagong tinuro ni Raymond ang puso nya sabay sabi "dito" at biglang humawak ang dalaga sa ulo niya at minasahe ito. "Ganyan talaga sasakit ulo mo pag uminom ka" sabi ni Margaret at napasimangot si Raymond. "Ahhh…oo nga" tanging nasagot nya.

"Halika higa ka sa lap ko at massage ko head mo" sabi ng dalaga sabay hinila ang katawan ni Raymond pero pumiglas ito. "Ah hindi oy baka makita tayo ni Marwin" sumbat ng binata. "Sus e ano ngayon halika na wag ka na maarte" sabi ng dalaga at hiniga naman ni Raymond ang ulo nya sa hita ng dalaga. Minasahe ni Margaret ang ulo ng binata at napangiti ito. "Hulog ka ng langit" biglang banat ni Raymond at natawa ang dalaga at piningot ang ilong niya.

"Kung ayaw mo di niluwa ka ng impyerno" banat ng binata at nagsimangot ang dalaga. "Kasi pilit kang inaagaw ng langit at ibalik sa kanila. No choice impyerno kaya niluwa ka para mahulog ka ulit mula sa langit" kabig ni Raymond at natawa ang dalaga at pinalo ang noo ng binata.

"Balita ko first time mo uminom, alam mo wag ka na iinom wala maganda idudulot yan" payo ni Margaret at biglang tinitigan siya ng binata. "Meron din" sabi nya. "Ano naman?" tanong ng dalaga at ngumiti lang si Raymond at pinikit ang kanyang mga mata. "Secret" patawang sinabi ng binata.

"Aysus may pasecret secret ka pang nalalaman, ano nga?" hirit ng dalaga at muling binuksan ni Raymond ang mga mata niya. "Ikaw, para akong nasa ulap ng kalangitan na ginagabayan ng isang magandang anghel" banat ni Raymond at tumawa ng malakas ang dalaga at muling pinongot ang ilong niya.

“Sira ka talaga, kita mo na alcohol ang nagsasalita” sabi ni Margaret at napasimangot si Raymond. “Oo nga siguro” sagot nya sabay napabuntong hininga siya. “Wag ka na iinom ha, para bukas makakapasok ka para lunch time magsama tayo” bulong ng dalaga sabay masahe sa ulo ng binata.

“Ganon ka ba talaga kabored?” tanong ni Raymond. Tahimik lang si Margaret at napatingin sa langit, “Oo eh, pero bukas siguro di na” drama nya. “Oo asahan mo yan kasi kasama mo na ako” sumbat ni Raymond at napangiti ang dalaga.

Lumipas ang isang oras at kinalbit ni Stephanie si Margaret na nakasandal ang katawan sa pader at nakatulog. “Oy aalis na daw kayo” sabi ni Steph. “Ha? Nakatulog ako…teka pano to…ah halika ikaw dito kasi natutulog siya” sabi ni Margaret at inangat nya dahan dahan ang ulo ni Raymond at nagpalit sila ng pwesto ni Steph.

“Wag mo na siya papainumin ha” pahabol ni Margaret at hinaplos agad ni Steph ang ulo ng binata. “Oo sige ako na bahala sa kanya” sagot ng dalaga at umalis na si Margaret pero muling bumalik. “Wag mo na painumin please” makaawa niya pero si Steph tila walang naririnig, nakatitig lang siya sa natutulog na Raymond.

“Oooy wag kang magalaw at nahihilo ako” bulong bigla ng binata at pinagmasdan lang ni Stephanie ang mukha niya. Bumilis ang tibok ng puso nya at lalong napapalapit ang mukha niya sa mukha ni Raymond. Nilapit pa lalo ni Step ang mga labi nya sa labi ng binata at pinikit ang kanyang mga mata.

“I like you so much” biglang bulong ni Raymond kaya napatigil ang dalaga at binuksan niya ang kanyang mga mata. Nilayo nya ang ulo nya at nakaramdam ng sakit sa puso pagkat alam nya di para sa kanya ang mga salitang yon.

“Wala na siya, umalis na sila” sabi ni Steph na nagsisimangot. “Alam ko” sumbat ni Raymond na kinagulat ng dalaga. “E alam mo pala nagsasabi sabi ka pa ng ganyan” banat ng dalaga at napangiti si Raymond at tinitigan sya. “Praktis lang yon” sabi ng binata sabay tawa.

“Asus umaasa ka pa na masasabi mo yan” sabi ni Steph. “Oo maniwala ka sa tamang panahon masasabi ko yon at that moment mark my words, with full conviction ko sasabihin yon” sumbat ni Raymond at nainis si Steph at tatayo na sana pero pinigilan siya. “Steph, pwede ganito muna?” hiling ni Raymond at huminga ng malalim ang dalaga at sumandal sa pader.

“Alam mo ba ang torpe ko talaga, hahaha sabi ko sa kanya masakit. Akalain mo ba naman minasahe nya ulo ko” kwento ni Raymond sabay tawa. “Dapat dito!” sabi ni Steph sabay hawak sa dibdib ng binata na kinagulat niya. Napatingin si Raymond kay Steph, “Oo paano mo alam?” tanong ng binata. “Sus saan pa nga ba?” sumbat ng dalaga at napangiti si Raymond.

“Dyan nga, pero pano mo ba mamasahiin pag yan ang sumakit?” tanong ng binata. Napailing si Steph at muling huminga ng malalim. “Ewan ko nga e, kung alam ko lang matagal ko nang ginawa” pabulong na sagot nya.

“Ano sabi mo? Ang bilis mo magsalita tapos ang hina pa” reklamo ni Raymond at napatingin nalang si Stepanie sa langit at napasimangot.

“Wala, sabi ko genius din ako”

Chapter 5: Tayo

Lunes ng umaga masakit ang ulo ni Tim ngunit si Raymond biglang napangiti. “Oy ano nginingiti mo?” tanong ni Tim sabay masahe sa ulo nya. Sinundan niya ang mga mata ni Raymond at paglingon niya nakita niya si Margaret na nakatayo at kausap si Marwin. “Hoy tado ka bakit mo siya nginingitian?” tanong ni Tim at tumawa ang bestfriend niya. “Pare its just a smile, how harmful can a smile be?” sagot niya.

“Akala ko ba e suko ka na?” hirit ni Tim at nag ayos na si Raymond at tumingin sa labas ng bintana. “Pare suko na nga ako e, this is part of moving on, buti nga di ako nagtry manligaw sabay banatan lang ako ng I like you just as a friend. Oooohhh mga palusot nila ayaw pa diretsuhin na pangit ka di kita type”

“Kaya kunwari friend lang kita na like pero yung like being considerate sa feelings lang yon lang yon. Di pa diretsuhin na sorry di kita type. Mas prangka mas tanggap at din a mag iisip ng iba iba pang rason” litanya ni Raymond at tawa ng tawa si Tim at sinuntok ang braso ng kaibigan niya. “Wag kang magpapatawa at masakit ang ulo ko!” sabi niya.

“Bakit totoo naman e. Uy sorry ha, pero kasi I am not looking for a relationship right now…with a pangit person. Pero if you were so gwapo like Marwin then you know naman yes agad hihi. I hope you can understand kasi I am not ready yet for a person like you. Oh wait are you even a person?”

“O kaya, sorry ha kasi strict parents ko…sa pangit! Duh! Pero kung gwapo ka pwede kita iparada sa harapan nila o kaya pati sa lugar namin. Papagawa pa ako ng mga banner ng mga mukha natin para sabihin sa mundo akin ka…pero pangit ka kasi e…if ever Xerox ka nalang, yung malabo pa. Di ko lang maisip pano kita ipapakilala kaya to spare the pain in thinking of a reason, strict ang parents ko” hirit ni Raymond at tuluyan natawa si Tim at lalong sumakit ang kanyang ulo.

“I am sorry but I see you as just like a brother…the prodigal son na nawala at di na hinanap kasi mas magandang nawala. Sana prangkahan nalang na sorry di kita type. Diba? Mas madali yon tanggapin kesa naman pag iisipin ka pa at papaniwalain sa pekeng rason” hirit ni Raymond at hinahaplos haplos nalang ni Tim ulo niya habang tumatawa.

Pagsapit ng lunch break ay tumayo lang si Raymond sa labas ng classroom nila habang pinipilit na siya ni Tim umalis sila. “Teka lang pre, please, two minutes” hiling ng binata at sumandal nalang bestfriend niya sa dingding at huminga ng malalim. “Ang labo mo pare, you are still staring at her, ganyan ba ang sumuko na? Paa sa lupa pare, wake up ka nga” sermon ni Tim pero ngumiti si Raymond at nagulat ang kaibigan niya nang nakangiti din si Margaret na papalapit sa kanila.

“Binibini sa aking…o kay ganda o kay ganda magpahalay sa iyooo” pabulong na kanta ni Raymond kaya natawa si Tim at binatukan siya. “Tado hindi halay yon. Ang laswa tuloy ng kanta mo” bulong niya. “Ha? Tado ka din, macocontrol ko pa ba utak ko pag papalapit na siya? My mind is in total loco loco motion with you” landi ng binata at nagbungisngisan yung dalawa.

“Hi, sorry for waiting, ano sa labas nalang tayo lunch?” sabi ni Margaret at halos malaglag ang panga ni Tim sa narinig nya. “Sa labas nalang tayo mas madami pagpipilian” sagot ni Raymond at nagsimula na sila maglakad palabas ng gate pero tulala parin si Tim. “Pare, hindi panaginip to, hindi ka tulog, this is real. Youre mind is not fooling you” bulong ni Raymond sa kaibigan niya sabay tumawa.

Sa isang maliit na karinderya sila kumain at di ulit makapaniwala si Tim pagkat magkatabi sila magkaupo. Habang kumakain ay nahuli ni Margaret na pinagmamasdan siya ni Raymond, “Gusto mo din nitong ampalaya? Eto o kuha ka” sabi ng dalaga pero umayaw ang binata.

Nilagyan ni Margaret ang plato ng binata ng ulam at kinain naman ito ni Raymond. Nanlaki ang mga mata ni Tim at biglang natawa kaya napatingin ang dalaga sa kaniya. “Bakit?” tanong ng dalaga at pasimpleng sumubo si Tim, “Wala, namiss ko bigla girlfriend ko” palusot niya at napangiti ang dalaga.

“Ganyan talaga yan, tuwing tinitignan niya ako naalala niya girlfriend niya kasi mag kamukha kami ni Karen” biro ni Raymond at humalakhak ng malakas si Margaret habang si Tim sumakit ulo niya kaya pinagbubuntal braso ng kanyang bestfriend. “Kaya tuwing alone kami medyo lumalayo ako sa kanya, delikado na baka isipin niya ako talaga syota niya…the ewness” hirit ni Raymond at tinakpan na ni Margaret mukha niya habang si lalo humaplos sa kanyag ulo.

Dismissal time, inaantay nina Raymond at Tim si Steph para sabay silang tatlo umuwi. “Pare I cant believe it” sabi ni Tim. “Alin pare?” tanong ni Raymond. “Ano ba talaga pare? Friends lang ba talaga o may iba kang binabalak?” banat ni Tim. “Wala pare, di ako ganun pre yung nanunulot. At pare ano naman ang ilalaban ko kay Prince Charming nya no? Face value layo agwat, varsity pa yon at madatung, o sige nga” paliwanag ni Raymond.

“Fine fine, pero pare wag masyado at you never know” payo ng bestfriend niya at natawa ang binata. “O ano nanaman pinaguusapan niyo?” tanong ni Stephanie bigla. “Wala naman, kasi nakipaglunch si Margaret sa amin kanina” sabi ni Tim at tumaas ang kilay ng dalaga.

“At nakayanan mo naman silang magsyota pakisamahan?” tanong ni Steph kay Raymond. “Ahem, si Margaret lang kasama wala si Marwin at ang sweet nila ni Raymond” banat ni Tim at napasimangot ng sabay si Raymond at Steph. “I bet you were so happy then” bulong ng dalaga.

“Ano ka ba pare, friendly lang. Sabi nya wala siya kasama pag lunch so ayun sabi ko sumabay siya sa atin” paliwanag ni Raymond. “Ah talaga? Steph ano ang pinakaayaw kaninin ni Raymond tell me?” banat ni Tim. “Ampalaya” sagot

ng dalaga at napangisi ang pinsan niya at lalong napasimangot si Raymond. “Don’t tell me napakain niya to ng amapalaya?” tanong ni Steph at napangisi muli si Tim. “Himala! Kumain ka ng amapalaya” sabi ng dalaga sabay tumalikod at naglakad na.

“Alam ko mapait pero pare kanina parang ang sarap bigla ng ampalaya pag siya kaharap ko. Yung tubig naglasang napakatamis at bawat subo parang kay sarap ng aking kinakain” bulong ni Raymond kay Tim at nagtawanan sila bigla. “Bilisan niyo nga maglakad gusto ko na makauwi. Bubulung bulungan pa kayo diyan para kayong mga echoserang palaka!” sermon ni Steph. “Insan bakit parang mainit ang ulo mo bigla?” tukso ni Tim. “Shut up ka! Period ko!” sumbat ng dalaga kaya nanahimik nalang yung dalawa.

“Oh the ampalaya is such a wonderful vegetable. Why only now did I enjoy its sweet taste” landi ni Raymond. “Isa! Hindi ka titigil diyan?” banta ng dalaga. “Shut up na kasi pare” sabi ni Tim. “Bakit ba kasi? Nag eexpress lang naman ako ng damdamin ko e. Wag kayo mag konek masyado” sabi ng binata at humarap si Steph at nagtaas ng dalawang kilay. “Kahit siguro pag ikaw kaharap ko matamis din yon” bulong ni Raymond. Di narinig ni Tim kaya dedma siya pero ang dalaga agad humarap at nagpigil ng kilig.

Kinabukasan ng lunchtime inantay ulit nina Raymond at Tim si Margaret. Pagdating ng dalaga nakiusap si Tim na mag antay pa konti. “Bakit pre di naman dito nag aaral si Karen ha” sabi ni Raymond pero sa kalayuan nakita na nila si Stephanie. “Wala daw siya kasama kaya makikikain daw siya ng lunch sa atin” sabi ni Tim.

“Hi, makikilunch ako sa inyo okay lang?” tanong ng dalaga pagkadating nya. “Oo naman the more the merrier” sagot ni Margaret at biglang umakbay si Steph sa braso ni Margaret na kinagulat ng dalawang lalake. Umakbay din sa braso ni Tim si Raymond at nagbakla baklahan, “Taralets gutom na aketch” banat niya at nagtawanan ang dalawang babae.

“Hoy mamu how about our diet?” landi ni Raymond. “Ay mega negate na ang diet anetch. Mega tomguts na bulation aketch. Lafang lafang na mga itechie” sagot ni Tim. “Corrected by mamu, mega ronda nalang tayo hanap fafa shoo after lafang. Mega burnash ang calories” sagot ni Raymond at napahiyaw sa tawa ang dalawang dalaga.

Magkatabi sina Raymond at Stephanie at sa tapat nila yung dalawa. Habang kumakain biglang nagdrama si Steph, “Buti nalang meron kayo, nakakayamot kumain ng mag isa. Sana bukas makasabay ko ulit kayo kasi mga friends ko nag iba bigla mga sched kasi yung iba nag drop na” kwento niya.

“E di magsama sama tayo araw araw tuwing lunch” sagot ni Margaret at napatingin si Tim kay Raymond na tila walang pakialam sa nangyayari. Susubo sana si Steph ng pansit pero bigla hinawakan ni Raymond ang kamay nya. Napatingin sa kanya ang dalaga at nagkatitigan sila. “Shrimp” sabi ni Raymond at kinuha nya ang buong plato ni Steph at hiniwalay ang mga shrimps na nahalo.

“Ah allergic kasi itong pinsan ko sa sea foods, ang pwede lang nya kainin ay fishball at squidball kasi may halo naman mga yon e” paliwanag ni Tim sabay tawa pero walang nakikinig sa kanya. Parehong nakatitig ang dalawang babae kay Raymond na busy sa paghahanap ng shrimp sa pansit.

“Napaka forgetful mo talaga, mamaya magkaka allergy ka namaman” bulong niya. Nang naalis nya lahat binalik nya ang plato ni Steph at nakita nya nakatingin lahat sa kanya. “What?” tanong nya at nginitian siya agad ni Margaret. “Bruno ha, para kayong magsyota, teka kayo ba?” tanong ng dalaga at nagulat si Steph.

Dinikit ni Raymond ang katawan nya kay Steph sabay ngiti, “Bagay ba kami?” tanong nya at tinutulak siya palayo ng dalaga. Tawa ng tawa si Margaret pero si Tim masama ang tingin sa pinsan nya. “Magkababata lang kami” sabi ni Steph sabay niyuko nya ulo nya at kumain. “Ah kaya pala alam

niya, pero kahit na napakasweet ng ginawa mo sana may allergy din ako tapos ganyan din gawin ni Marwin" sabi ni Margaret at napangisi nalang si Raymond.

"Siya nalang sana magka allergy tapos wag mo nalang alisin" bulong niya at narinig ni Stephanie yon kaya muntik na siya nabilaukan. Bungisngisan yung dalawa kaya sina Tim at Margaret hindi makarelate. "Ano tinatawanan niyo?" tanong ni Tim. "Wala, just eat" sabi ni Raymond. "May sarili pakayong mundo niyo" bulong ni Margaret kaya nginitian nalang siya ni Stephanie.

Araw araw na magkasama ang apat tuwing tanghali at lalo sila naging magkakalapit na magkaibigan. Pagkatapos ng unang subject ng Sabado nasuspendido na ang klase buong araw pagkat may meeting ang mga lahat ng faculty at admin. Walang pasok si Karen kaya sabi ni Tim pupuntahan niya ang girlfriend nya. Di mahanap ni Raymond si Steph kaya nagpasya nalang ito umuwi.

Pagdating nya sa gate nakasalubong niya sina Marwin at Margaret, "Bruno! Uy san ka punta?" tanong ng dalaga. "Yo, M and M! Wala uwi na ako" sagot ni Raymond. "Uy oo nga no, M and M tayo, nice! So pano yan hon, punta na ako sa gym, text nalang kita mamaya" sabi ni Marwin sabay halik sa pisngi ng girlfriend niya. "Di pa ako uuwi, baka punta ako sa mall muna" sabi ni Margaret. "Ha? Ano gagawin mo don?" tanong ni Marwin. "Wala maglilibot kami konti tapos uuwi din lang siguro" sabi ng dalaga.

"O sige, ingat ka nalang, text mo nalang ako" sabi ni Marwin at tumakbo na papasok sa campus. "Gusto mo samahan muna kita dito habang inaantay mo mga friends mo?" alok ni Raymond. "Anong friends?" tanong ni Margaret. "E sabi mo maglilibot kayo sa mall" paliwanag ng binata at ngumiti ang dalaga.

"Tayo yon, tayo ang maglilibot sa mall, tara na" sabi ni Margaret at natulala si Raymond. "Tayo?" tanong niya at tumawa ang dalaga. "Halika na Bruno,

wag ka na maarte wala ka din lang naman gagawin sa bahay niyo" sabi ni Margaret kaya sumama naman si Raymond.

Sa mall naglibot ang dalawa hanggang sa nagutom si Margaret. Sa isang fastfood joint sila kumain at naiilang talaga si Raymond sa dalaga. "Hoy ano ba parang ang tahimik mo masyado. Di tulad nung first time natin nagkakilala" sabi ni Margaret. "Ha? Eh? Kasi overwhelmed lang ako sa lugar na to, walang ganito sa bundok namin e" sagot ni Raymond at tumawa ng malakas si Margaret at napatingin ang lahat ng tao sa kanila.

Halos sumakit ang tiyan ni Margaret pagkat di na huminto sa pagpapatawa si Raymond. "Grabe ang bilis mo ako mapatawa talaga" sabi ng dalaga. "I like making you laugh" biglang banat ng binata at sabay sila napatigil at nagkatitigan. Muling natawa si Margaret at pinalo ang kamay ni Raymond, "Uy wag kang ganyan baka maniwala ako" sabi ng dalaga. "Maniwala saan?" tanong ng binata at ngumiti nalang ang dalaga sabay sip sa drink nya.

After lunch muling naglibot ang dalawa at napatigil sila sa harapan ng isang shop, "Tara pasok tayo sa loob" sabi ni Margaret. "Bakit may bibilhin ka ba?" tanong ni Raymond. "Wala naman pero tara pasok tayo" sabi ng dalaga at pumasok ang dalawa at sa loob puno ang shop ng mga bentang mirror. "Mirror shop, may ganito pala. Sa bundok namin kasi kailangan mo pumunta sa batis para makita mo itsura mo sa tubig. Minsan ayos, may times na wrinkled face ko" banat ni Raymond at muling sumabog sa katatawanan si Margaret.

Nang mahimasmasan si Margaret ay napansin nila nakatayo sila sa harap ng isang malaking mirror at nakita nila ang sarili nila doon. Tumayo ng maayos ang dalawa at nagtitigan sa salamin, humakbang palapit si Margaret sa tabi ni Raymond sabay sabi "Tayo".

Nagngitian sila sabay lumabas na ng shop, parang nailang sila sa isat isa kaya tahimik lang sila naglakad. Hinatid na ni Raymond si Margaret sa

paradahan nila at pagkalakad niya sa paradahan nila hanggang sa pag uwi napakalaki ng ngiti sa mukha ng binata.

Sa sumunod na Sabado nagpasama si Margaret kay Raymond para manood ng varsity practice ni Marwin. Sa bleachers sila pumwesto at nakita sila ni Marwin at kinawayan sila. “Alam mo kwento ni Marwin mag best of friends kayong tatlo ni Timothy, pero bakit parang di ko nakikita yon sa inyo? Nag away ba kayo?” tanong ni Margaret at sumandal si Raymond at napabuntong hininga sabay tinitigan si Marwin sa court. “Wala naman” sabi nya pero di naniniwala ang dalaga.

“Marwin is such a wonderful guy, siguro di niya lang naipapakita sa inyo yung side na yon. Oo alam ko babaero siya dati at yeah sometimes…ah basta. Sana maayos niyo ang away niyo” sabi ni Margaret. “Wala naman talaga kaming pinag awayan. Kung iniisip mo yung ginawa ko sa kanya sa klase dati, wala yon, kalokohan ko lang talaga yon. We are not fighting” paliwanag ni Raymond. “E ano then?” tanong ng dalaga at di sumagot si Raymond.

“Alam mo wala ako alam sa basketball, since its obvious na part ng buhay niya itong game na ito okay lang ba explain mo sa akin. I mean kahit the basics lang para naman maintindihan ko ginagawa nya” hiling ni Margaret at pinagmasdan niya ang mukha ni Raymond. “Two teams, five members each are allowed at the court at the same time. May basket kayo na proprotektahan, tapos goal niyo to score sa opponent’s basket…” sabi ng binata at tinuro niya ang alam niya habang pinapanood nila ang practice.

Trenta minutos nagpaliwanag si Raymond at medyo naintindihan na ni Margaret ang laro. “I see, so do you think magaling talaga si Marwin?” tanong ni Margaret at walang reaksyon sa mukha ng binata. “Oo siguro varsity e. Mula highschool varsity na” sagot ni Raymond. “I see, e si Tim, kumusta naman siya as kaibigan?” hirit ni Margaret at biglang lumiwagan ang mukha ni Raymond.

“Si Timothy? Ah okay siya. Maasahan yon, focused na tao at loyal sa girlfriend niya. Minsan mahilig magpatawa din, di mo masyado makita kasi magaling sa timing yon. Not like me na taklesa, sige banat ng banat basta may makita. Okay siya na kaibigan” sagot ni Raymond. “Pag si Marwin hirap ka sumagot, pag si Tim ang bilis. Obviously may lamat friendship niyo ni Marwin. So ano ba nangyari?” sabi ni Margaret. Humarap si Raymond sa kanya sabay sabi “Ano sa tingin mo?”

“Kaya nga tinatanong e kasi di ko alam e. Pero if you don’t want to tell its okay” sabi ni Margaret at sumandal ulit si Raymond at huminga ng malalim. Tahimik ang dalawa at pinanood ang practice, halatang masama ang mood ni Raymond kaya sinubukan ni Margaret magpatawa pero wala ito epekto.

“Ei…orientation day…kung di ako sumama sa friends ko sa tingin mo ba…may M and M pa?” biglang tanong ni Margaret at napatingin sa kanya ang binata. Tinignan ni Raymond si Marwin at nakitang tapos na ang practice. Tumayo siya at tinignan si Margaret, “Parating na sya mauna na ako. Sa tanong mo, oo meron at meron parin M and M” sabi niya sabay naglakad patungo sa exit.

Napasandal paatras si Margaret at pinanood si Raymond umalis ng gym. Napasimangot siya at napabuntong hininga. “Stupid ka, wrong answer” bulong niya sa sarili.

Sa labas nakayuko ang ulo ni Raymond na naglalakad palabas ng campus habang paulit ulit binabanggit ang “M and M”. Hanggang sa pag uwi nya yon parin ang binabanggit nya kaya dumiretso sya sa kwarto nya at nahiga sa kama.

“Suntok sa buwan man…M and M…tayo…Margaret and Monching”

Chapter 6: Kami

Lunes sa klase napansin ni Tim na tahimik si Raymond at muling nakatingin sa labas ng bintana. “Pare kanina ka pa tinitignan ni Margaret, parang worried siya. May nangyari ba sa inyo?” bulong ni Tim. “Kami? May nangyari sa amin? Nagpapatawa ka ba? Wala no” sagot ni Raymond sabay humarap na sa pisara.

Lunch time at nagmamadaling naglakad si Raymond at hinabol siya ni Tim. Nasalubong sila ni Stephanie at medyo gulat ang dalaga pagkat wala si Margaret. “Nasan siya?” tanong ni Steph. “Gutom na ako tara na” sagot ni Raymond at nagkatinginan ang mag pinsan. “Hoy antayin niyo naman ako” narinig nilang sigaw ni Margaret pero diretso ang lakad ni Raymond.

Pagdating sa karinderya di makakain si Margaret at pinapanood lang si Raymond kumain. Pinaglalaruan niya lang pagkain nya kaya pinansin na sya ni Tim. “Wala ka ata gana kumain” sabi ni Tim. “Wala nga e” sagot ni Margaret at kay Raymond lang siya nakatingin pero di siya tinitignan ng binata. Naguguluhan si Tim ngunit si Stephanie natutuwa sa nakikita nya. Sobrang laki ang ngiti sa mukha ni Steph kaya tinapakan ni Tim ang paa nya. “Steph masarap ata yang kinakain mo” banat ni Tim. “Yup, sobrang sarap nga e” sagot ng dalaga at natawa pa sya.

Tumayo bigla si Raymond at lahat napatingin sa kanya. “Kuha lang ako toothpick” sabi nya sabay umalis. Mabilis siya sinundan ni Margaret at naiwan ang mag pinsan sa mesa. “Tuwang tuwa ka naman sa nakikita mo” banat ni Tim. “Sobra…parang sumasarap tuloy ang pagkain” sagot ni Steph at nagtawanan sila. Sa may counter nagkatabi si Raymond at Margaret at binangga ng dalaga ang binata. “Uy bakit ka nagkakaganyan?” tanong ni Margaret.

“Wala naman, masama lang gising ko” sagot ni Raymond at nahuka ang toothpick sabay pabalik na sana sa lamesa ngunit pinigilan siya ni Margaret. “Bruno naman, wag ka naman ganyan o” drama ni Margaret. “Dumidistansya

lang Margaret, halika na balik na tayo at di ka pa kumakain" sabi ng binata. "Wala ako gana na" sumbat ng dalaga. "Imposibleng wala, halika na" pilit ni Raymond. "Wala na talaga ako gana kumain" sabi ni Margaret.

"What will make you eat?" tanong ni Raymond at nagkatitigan sila. "Ikaw kasi e. Im bothered with you being like that" sabi ni Margaret kaya napahinga ng malalim ang binata. "Okay di na, so kakain ka na?" sagot ni Raymond pero nakasimangot parin ang dalaga. "I wish Saturday never happened at di ka sana ganyan" sabi ni Margaret. "Wag naman, kasi I enjoyed Saturday…except sa last part. Pero i did really enjoy" sabi ng binata at napangiti narin ang dalaga. "Ako nga rin e, I don't know why but I really did" sagot nya at natahimik sila at nagngitian.

Bumalik ang dalawa sa lamesa at di parin kumakain si Margaret. "Kain ka na" utos ni Raymond. "Can we erase the last part, as if it never happened?" biglang sabi ni Margaret at nagkatitigan sila. "Okay" sagot ng binata at nagsimula nang kumain Margaret. Bawat subo nagngingitian ang dalawa at unti unti napapasimangot si Steph. "Ang pait ah" sabi niya bigla at natawa si Tim. "Bakit ano nakain mo?" tanong ni Raymond. "Ewan ko ba, basta sobrang pait" sagot ni Steph sabay sipa sa paa ni Tim pagkat tawa siya ng tawa.

Pagkatapos ng midterm exam nagpainom si Timothy sa bahay nila. Nandon si Karen, Margaret at Marwin, pati si Stephanie ngunit wala si Raymond. "Bakit wala pa si Raymond?" tanong ni Marwin at medyo naghinala si Margaret. "Itext mo siya" banat ni Stephanie kay Margaret. "Ah di ko alam number niya e" sagot ng dalaga at nagulat si Steph pero nagpasimple. Ilang sandali dumating na si Raymond, naupo siya sa tabi ni Marwin sabay inakbayan ang balikat nito. "O pare youre here" banat niya agad. "Pare late ka, san ka nagpunta?" sagot naman ni Marwin.

"Oh just here and there you know pare, buti nga may nagtext sakin or else di ako nakapunta dito e" sagot ni Raymond at nagtinginan ang lahat. "Diba sinabi ko sa iyo magpapainom ako, sino nagtext sa iyo?" tanong ni Tim. "Nakalimutan ko nga e, buti nalang tinext ko sarili ko ayun naalala ko bigla" banat ni Raymond at sumabog sila sa katatawanan. "Oo ganito talaga ang mga

self supporting e, tinetext ko sarili ko wer na u? Dito na me. Kumain na ba ako? Musta na ako? I miss me. Gastos sa load e" hirit ni Raymond at lalo pa sila nagtawanan.

Nang matapos nila ang isang bote, tumayo si Tim para bibili pa sana. "Wag na, tama na yon, social drinking lang to. Maglaro nalang tayo ng games" sabi ni Margaret. "Ano parang bata?" banat ni Marwin. "Sige anong game?" tanong ni Raymond.

"Hmmm parang truth or consequence pero iba, magtatanong tayo ng one general question, tapos lahat tayo isusulat ang sagot sa isang paper then fold it then place it here in this pouch. Tapos bunot tayo ng isa then hulaan natin sino yung sumagot non" paliwanag ni Margaret at wala magawa ang iba at pinagbigyan siya.

"Okay, first question, sinong first kiss mo" sabi ni Margaret at lahat nagsimula magsulat sa kanilang papel. "Effortless" sabi ni Raymond sabay tiklop agad sa papel nya at nagtawanan na ang lahat. Nagsimula ang bunutan at unang bumunot si Marwin, "Hahaha wala nakasulat, Raymond!!!" banat niya at nagtawanan ang lahat, tumayo pa si Raymond at nagbow.

Si Margaret ang sumunod na bumunot at isa din blanko na papel ang nakuha niya. "Teka binalik mo ba papel ni Raymond? Bakit blanko nanaman?" tanong ng dalaga. Nagkatinginan ang lahat at tumawa si Raymond. "Ah baka the other me nagsulat din, pati siya never been kissed e, maghalikan sana kami pero ew!" banat niya at nagtawanan sila.

"Ako yan" sabi bigla ni Stephanie at lahat napatingin sa kanya. "Ha? As in?" tanong ni Margaret at namula ang mga pisngi ni Steph. "Kaswerte naman nung mauuna" sabi ni Marwin at nagkatinginan si Margaret at Marwin. "Ano? I was just saying" palusot ni Marwin. Huling bumunot si Raymond at agad sumigaw si Marwin, "Name ko yan pustahan tayo" sabi nya. "Bakit pare nagpalit ka na ba ng name? Ikaw na ba si Joseph?" tanong ni Raymond at agad napatingin si

Marwin kay Margaret. “Ha? Ikaw lang ang di pa nabubunot, akala ko ako first boyfriend mo?” tanong ng binata.

“Oo nga pero it does not mean I never kissed a guy before” sagot ni Margaret at halatang nagkakaroon ng tensyon sa kwarto. “Okay okay next, ako magtatanong na” sabi ni Karen at lahat naglabas ng papel pero halatang nag aaway na sina Margaret at Marwin. “Game, sino ang true love mo?” sabi ni Karen at lahat nagsimula magsulat.

“Joseph pala ha” bulong ni Marwin. “Past is past, bakit nagseselos ba ako sa mga naging ex mo?” bawi ni Margaret. Lahat nakatiklop na ngunit si Raymond busy parin nagsusulat. “Oy pare isa lang, at dapat yung tunay at di kasama ang mga pinagpapantasyahan mo” banat ni Tim at tumawa si Raymond. “Shhhh walang pakialaman pare” sumbat ni Raymond at patuloy ang pagsusulat niya.

Nailagay na ni Raymond sa pouch ang papel niya saka inabot ito kay Marwin. “O pre sige bunot na” sabi nya. “Parang ayaw ko nab aka Joseph nanaman makita ko dyan” sabi ni Marwin. “Asus malaman di ko din makikita pangalan ko diyan” banat ni Margaret at nagsumbatan bigla ang magsyota. “Hoy Tim at Karen, help, kayo may alam ng ganito. Awatin niyo sila” sabi ni Raymond sabay nakitabi siya kay Steph.

“Hay, tignan mo sila, isang couple peaceful, yung isa chaos” bulong ni Raymond habang inaawat ni Tim at Karen ang mga nag aaway. “Buti pa tayo pag nagkasyota tayo wala silang pagseselosan” sabi ni Steph at biglang natawa si Raymond. “Korek ka dyan, pero gusto mo gawa tayo ng pagseselosan nila?” banat ni Raymond sabay tinitigan si Steph. Namula agad ang mukha ng dalaga at tinulak palayo si Raymond.

“Loko loko ka talaga” sabi ni Steph sabay tawa. “If I know natutuwa kang nakikita silang ganyan e” hirit nya at napasimangot si Raymond. “Di rin, kasi diyan mo makikita kung mahal talaga ng isa yung isa. Selos plays a big factor

sa relationship. Oo may selos na sobra naman pero the mere fact na nagseselos ang isa mean talagang mahal nila yung isa" sabi ni Raymond at biglang tumigil ang mga nag aaway.

"Wow pare malaman yung sinabi mo ah" sabi ni Tim. "Sorry na" biglang sabi ni Marwin at nagyakapan sila ni Margaret. "Pero yan ang masakit" bulong bigla ni Raymond kay Steph at naawa ang dalaga sa kanya. "Salamat Doctor Monching, hahaha" sabi ni Margaret at ngumiti lang ang binata sa kanya. "Tutal wala nang tensyon mag isip bata na tayo at maglaro tayo ng taguan" sabi ni Karen at pumayag ang lahat.

Unang naging taya si Raymond at trenta minutos din bago nya nahanap ang lahat. Sumunod na taya si Marwin at game na game ang lahat sa laro. "Oy walang lalabas ng compound o mag uuwian ah. Okay game" sigaw nya at nagsimula na siyang magbilang. Takbo si Raymond sa garden at nagtagpo sila ni Margaret, narinig na nila ang boses ni Marwin papalapit, "Ang daya talaga niya, wala pang ten ah" sabi ng dalaga pero sinesnyasan siya ni Raymond na tumahimik.

Sa likod ng bahay sila nagtago, naupo sila sa lupa at sumandal sa dingding. Narinig nila si Marwin na papalapit kaya nagpigil sila ng tawa. Dumaan si Marwin at nakahinga sila ng maayos, sumilip si Raymond saglit saka naupo. "Para tayong mga bata" sabi nya at nagtawanan sila. "Oo nga e…ei…malaman yung sinabi mo kanina ah" sagot ni Margaret. "Ha? Alin don?" tanong ni Raymond.

"About sa selos thing" sagot ni Margaret. "Ah, e totoo naman yon e. If you really like someone or love someone, parang gusto mo ikaw lang. Di maiwasan ang selos, pero oo may selos din na sobra. Sabi ng iba di maganda ang pagseselos but you cant help it, talagang ganon tayong tao e. Selos will always be a part of a relationship, diba? Malas na kung di nagseselos yung isa, sus ano siya robot or parang almighty na feeling confident masyado?" paliwanag ni Raymond at napabilib ang dalaga sa kanya.

“Ei…you say in a relationship…pano kung wala sila ugnayan but still you feel jealous” sabi ni Margaret at napatigil si Raymond. “Ah..oo pwede din yon. Pag ganon na case e you really like that person kaya nagseselos ka. Tipong nagwiwish ka na kami nalang…di maiwasan ang ganyan sabi ko nga” sagot ni Raymond at bigla siya tinignan ng dalaga sa mata. “Raymond…be honest with me…nageseselos ka ba?” tanong bigla ni Margaret at gusto man iwasan ng binata ang mga titig nya di na nya magawa.

“Oo eh” sagot nya at biglang napangiti si Margaret at napakamot nalang si Raymond. “Shet this is so awkward” sabi ng binata. “Alam mo the time na hiniwalay mo mga shrimps sa food ni Steph…ewan ko ba I really felt so jealous” sabi ni Margaret at nagulat si Raymond. “ikaw nagselos? Bakit naman?” tanong niya at muli sila nagkatitigan.

“Ewan ko, remember that day sa practice sa gym, yun ang gusto ko malaman from you, a direct answer na nagseselos ka kasi…I don’t know. Maybe I should have not met with my friends nung orientation day…ewan ko ba…I really wanted to stay…I wish I stayed…siguro walang M and M if I stayed with you” biglang sabi ni Margaret at lalong lumagkit ang mga titigan nila.

Papalapit ng papalapit ang mukha nila sa isat isa, “meron parin” bulong ni Raymond. “R and M?” tanong ni Margaret. “M and M…Margaret and Monching” sagot ng binata at nagdampi ang mga labi nila at nagkatitigan sila lalo sa mata. “B and M…Bruno and Margaret” bulong ng dalaga at tuluyan na silang naghalikan. Mga kamay nila nakatungkod sa lupa, tanging mga labi ang magkadikit. Biglang kumalas si Margaret at parang nailang, “Mali ata to, may boyfriend na ako” sabi nya at nagkadikit ang mga noo nila at napasimangot si Raymond.

“Yeah…oo nga pala I am sorry” bulong ni Raymond pero biglang nagkiskisan ang mga ilong nila. “It feels wrong but it feels so right at the same time…I am torn” paliwanag ni Margaret. Napatingin si Raymond sa mga kamay nila, dahan dahan hinaplos ni Margaret ang isang kamay ng binata sabay muling dinikit ang mga labi sa labi ni Raymond. Muli silang naghalikan at napayakap

si Raymond sa dalaga. Naging mas mainit ang halikan nila ngunit biglang narinig nila ang boses ni Marwin na papalapit.

Agad tumayo si Margaret at tumakbo palayo. “Boom Margaret!!” sigaw ni Marwin at nagtakbuhan sila pabalik sa base pero dumiretso ang dalaga palabas ng pinto ng bahay. Nagtaka si Marwin at lumabas bigla si Karen at Tim na nagulat sa nangyari. “Bakit yon?” tanong ni Karen. “Ewan ko nga e” sabi ni Marwin. “Ogag habulin mo!” sigaw ni Tim at tumakbo si Marwin papunta sa pinto.

“Hoy teka itong bag at cellphone pouch niya” sabi ni Karen at binalikan agad ito ng binata. Pagkalabas ni Marwin naupo ang magsyota sa sofa at nagtataka sa nangyari. “Look o I found my old charcoal pencil, grabe imported to galing kay tita Fay, ayan pwede na ulit ako mag drawing” sabi ni Steph.

Pumasok sa living room si Raymond na nakangiti. “Oy ano nangyari kay Margaret, bigla nalang nag walk out e” sabi ni Tim. Di sumagot si Raymond at nakitabi sya sa sofa kay Steph. “Oy alam mo ba anong nangyari?” tanong ni Karen at sobra ang ngiti sa mukha ng binata.

“Naghalikan” sabi ni Raymond at lahat napatingin sa kanya. “Sila? E bakit siya nagwalkout? Nakita mo sila?” tanong ni Steph. “Hindi sila…kami” sabi ni Raymond at biglang nabali ang hawak hawak ni Steph na charcoal pencil. “Ano sabi mo? Ikaw at si Margaret?” tanong ni Tim sa gulat at talaga di mabura ang ngiti sa mukha ng kaibigan niya.

“Oo pre, naghalikan kami”

Chapter 7: Ikaw

Kinabukasan walang pasok at nag uusap ang magpinsan sa loob ng kwarto ni Tim. “Doon ka nga mag emo sa kwarto mo. Pag nandito ka nawawalan ako ng kama, gusto ko pa matulog sana” reklamo ni Tim habang nakaupo siya sa sahig. “E wala ako makausap don sa kwarto ko at di naman kayo pumapasok don e” sumbat ni Steph at paikot siya ng paikot sa kama at di mapakali.

“Bakit bothered ka ba?” tukso ni Tim. “Bothered ka dyan” sabi ni Steph at nahiga siya ng maayos at tinignan ang kisame. “Aray aray nakuuuu kay sakit naman ng ginawa mo” kanta ni Tim at biglang binato ni Steph ang unan sa pinsan niya. “Shut up!!! Alam mo na nga e tapos gagatungan mo pa” sermon ng dalaga at tumayo si Tim at nagtungo sa pinto. “Ewan ko sa iyo, accept the truth nalang Steph kasalanan mo din e” sabi ni Tim.

Nagalit si Steph at tumayo at nagtungo sa pinto, “Oo na oo na kasalanan ko na! Parang napakadali naman kasi sabihin na gusto ko siya. Kung ganon lang kadali ginawa ko na!!! Eeesh porke may girlfriend ka akala mo kung sino ka na!” sigaw ni Steph at binuksan niya ang pinto para mag walk out pero nandon si Raymond na nakangiti sa kanilang dalawa.

“Ano pinagaawayan niyo?” tanong ni Raymond at natulala si Steph at niyuko ang ulo. “Wala pare, family stuff” palusot ni Tim. “Ah good, pare!!! Pare!!! Ahahaha di pa ako makaget over e!” sigaw ni Raymond sa tuwa at yayakapin na sana nya si Tim pero si Stephanie ang mahigpit niyang niyakap. Natili ang dalaga pero masaya ang binata at binuhat buhat pa siya.

“Monching!!! Bakit mo ako niyayakap!!!” sigaw ni Steph. “Si Tim sana e pero lalake siya kaya ikaw nalang” sabi ni Raymond at talagang nanggigil siya sa pagyakap. Sigaw ng sigaw si Steph at pumipiglas, pero nakangiti naman siya kaya tinatawanan siya ng pinsan niya. Kunwari sinasapak niya ang binata pero mahina lang ito, tuliro si Steph at parang gusto niya yumakap pero nahihiya siya.

“I still cant believe we kissed!!!” masayang sigaw ni Raymond at binuhat buhat niya si Steph na tawa naman na ng tawa. Binaba niya si Steph sabay nanggigil muli, nilapit ni Raymond ang mukha niya sa mukha ng dalaga at akala ni Steph hahalikan na siya ng binata sa labi.

Pati si Tim nagulat pero biglang napatigil si Raymond at tumawa ng malakas, napasimangot konti si Steph at tumawa si Tim pero biglang hinalikan ni Raymond ang dalaga sa pisngi ilang beses bago binitawan. “Monching ano ba?!” hiyaw ng dalaga at tumawa si Raymond at sa kabilang pisngi naman naghahalik.

Halos mamatay sa kilig ang dalaga ngunit tinulak niya si Raymond at ang binata agad tumayo at napatigil ang tawa at pasimpleng hinaplos mga labi niya na nakangiti. Si Tim natulala, tinignan niya pinsan niya nakatingin ito sa malayo at hinahaplos din mga pisngi niya at nakangiti din.

Naglakad si Raymond sa kwarto habang ang magpinsan ay tulala. Nakahawak si Steph sa pisngi niya at napangiti, dinilatan niya si Tim at bumalik siya sa kama at nahiga. Naupo si Raymond sa may sahig katabi ng kama, sinandal niya ang likod nya sa kama at tumingin sa kisame. Naupo si Tim sa tapat niya at lumapit si Steph sa dulo ng kama at pinagmamasdana ng ulo ni Raymond.

“Pare parang maganda gising mo, wala tayong pasok pero bihis na bihis ka. San ka ba pupunta?” tanong ni Tim. “Ah wala, kakauwi ko lang, maaga ako lumabas at may binili ako” sabi ni Raymond na parang naglalakbay ang isipan sa langit. “Pare alam mo ba mali yung ginawa mo kahapon” sabi bigla ni Tim. “Oo pare hindi ako tanga, alam ko mali yon pero pare promise ko di ako nagsimula non” sabi ni Raymond.

“Still you kissed her back” sermon ni Tim at sa taas ng kama nag aagree si Steph at binigyan niya ng thumbs up ang pinsan niya. “Pare we were hiding,

then we talked, then parang may magnet at palapit ng palapit kami sa isat isa. Pare pumalag ako konti, di naman ako kaladkarin no, pero di lang nahalata na pumalag ako" paliwanag ni Raymond sabay tumawa ng napakalakas.

"Oo alam ko you think I am a bad person sa nagawa ko pero it just happened e. Alam ko saan ako nakalugar, I even told you friends lang. Di ko naexpect talaga mangyayari yon, ayaw ko din magrason o maghugas kamay. Oo I kissed her back, what else would have I done pare?"

"Parang dream situation yon e, getting the chance to kiss the one you like, who wouldn't? Still I know mali ako talaga, siguro di niyo lang nakikita yung pagsisisi kasi nanaig ang happiness. Oo alam ko mali ako so di niyo na kailangan idikdik sa utak ko na mali ako" drama bigla ni Raymond at bigla siyang tumayo at naglakad papunta sa pinto.

"Oy pare aalis ka na? Wag naman sasama ang loob mo, concerned lang kami sa iyo" sabi ni Tim at muling humarap si Raymond at tumakbo papunta sa kama at nagdive. Muli niyang niyakap si Steph at nanggigil. Salikod ni Steph siya pumwesto at niyakap niya ang dalaga. Super ngiti si Steph kaya nagpipigil lang ng tawa si Tim.

Nasa tiyan ni Steph ang mga kamay ni Raymond. Pareho sila nakaharap kay Tim. Nakikiliti ang dalaga pagkat inaayos ng binata ulo niya at nagdikit ang kanilang mga pisngi. "Pwede makipractice?" bulong ni Raymond. "Ha? Ah sige basta happy ka" sagot ng dalaga pabulong. Si Tim sumisimple nakatingin sa malayo pero kilikilig siya sobra.

"Hay naku Steph for sure ganito din mararamdaman mo pag naranasan mo first kiss mo. Sige at that time payag din ako ang panggigilan mo. Kahit ihamapas hampas mo ako, basta kung kailangan mo buhos saya mo game din ako" sabi ni Raymond. "Ikaw" sabi ni Steph pero di narinig ng binata pero si Tim di na napigilan ang sarili sa pagtawa.

“Ay shet!!” biglang sigaw ni Raymond at bigla siyang naupo sa kama, may nilabas siya sa bulsa nya na nakaplastic. “Hay thank God di nabali” sabi nya at pagharap ni Steph sa kanya inabot ng binata sa kanya nilabas ni Raymond ang isang bagong biling charcoal pencil. “O eto, nabali pencil mo kahapon, I want to see your drawings again” sabi nya at natulala si Steph at di nya alam ang gagawin nya.

Kinuha ni Steph ang charcoal pencil at pinagmasdan ito. “Ay oo pala eto pa, blade pen, para di ka na gumamit ng knife magsharpen niyan” sabi ni Raymond at inabot ang blade pen sa dalaga. Di na makapagsalita si Steph at pinagmasdan nalang ang dalawang bagay na hawak nya, “Steph matalim yang blade ingat ka” paalala ni Raymond at napangiti nalang ang dalaga.

Naglabas si Steph ng papel at sinimulan isharpen ang lapis, nahiga si Raymond sa tabi nya at si Tim di napigilan ang pagngiti at pag asar sa pinsan niya. May sinulat si Steph sa isang maliit na papel sabay tinignan si Raymond, “Ayan Margaret” sabi nya sabay tiniklop ang papel at siniksik sa medyas ni Raymond.

Dinukot nya muli ang papel mula sa medyas at binuklat, “Margaret! Aha! Si Raymond!!!” asar nya at tawa siya ng tawa. Paulit ulit niya ginawa ito na parang loka loka at sumabay sa kanya si Tim sa katatawa habang si Raymond ay nakangiti sa dalawa.

Kumuha din ng papel si Raymond at hiniram ang lapis at nagsulat. Tiniklop niya ang papel at tinignan si Steph pero di nya alam saan niya isasaksak ang papel. “Oops saka na pag nakamedyas ka” sabi ni Raymond kaya binulsa niya ang papel. “Hoy ano sinulat mo dyan?” tanong ni Steph pero lumayo si Raymond at nakitabi kay Tim.

“Hoy alam ko ano sinulat mo diyan, Eric ano?” sabi ni Steph pero nakangiti lang si Raymond. Naintriga si Steph kaya lumapit siya kay Raymond at pilit kinukuha ang papel. Di alam ng dalaga pasimple na niya naipasa kay Tim ang

papel kaya kahit ano pagbubungkal ni Steph sa bulsa ni Raymond ay wala siya nahanap.

Binuklat ni Tim ang papel at binasa ang pangalan, napatingin siya kay Raymond na tawa ng tawa habang pinagsusuntok na siya ni Steph. “Nasan na kasi yon? Akin na kasi! Ano sinulat mo don?” sigaw ni Steph. “Secret, akala mo di namin alam sino sino mga suitors mo ha. Ninja kami ni Timots no” sabi ni Raymond at sinabunutan sya ng dalaga. “Akin na kasi yon!!! Isa!!!” banta ni Steph at nagtulog tulugan lang si Raymond sa sahig.

“Eesh bwisit ka. Manigas ka dyan. I don’t care kung sino man sinulat mo basta mali ka. Mali sigurado mali yan” sabi ni Steph sabay nagtungo sa pinto. “E pano kung tama ako?” tanong ni Raymond sabay ngisi sa dalaga. “Imposible!!! You will never get it right!!” sigaw niya sabay walk out. Naiwan ang magkaibigan sa kwarto at inabot ni Tim kay Raymond ang papel. “Sira ulo ka wala naman nakasulat” sabi ni Tim at ngumiti si Raymond. “Gumawa ka lang ng pag aawayan niyo” sabi ni Tim.

“Siyempre pare para may rason na kausapin ako ng pinsan mo. Di mo ba pansin pag wala kami pinag aawayan di niya ako kinakausap masyado. Pero pag may pinag aawayan kami mas matagal ang usapan namin. Kahit inaasar nya ako o sinersermonan at least kinakausap niya ako. Sumbatan man kami pero at least matagal pre” drama bigla ni Raymond at gulong gulo ang isipan ni Tim.

“Teka pre nalilito ako, are you saying na…” pabitin na sinabi ni Tim at tumawa lang si Raymond. “Ha? Akala ko ba si Margaret pare?” tanong ni Tim. “Pare, si Margaret…oo I like her pero di naman siya ang lagi kong iniisip. Gets mo ba? Tao lang tayo and oo we tend to like many, di maiwasan yan kasi iba iba ang tao e”

“May different traits and characteristics. I’m sure pati ikaw kahit sabihin mo loyal ka kay Karen di mo din maiwasan magkagusto sa iba but you love Karen

so much and you want to be with her. Ganyan tayong tao, I like Margaret, but she isn't the one who I always think of everytime I close my eyes" paliwanag ni Raymond.

Biglang pumasok sa kwarto si Steph at nagpunta sa kama. "Excuse me po! Kukunin ko lang tong pencil at blade" sabi nya. "Steph teka, pwede pahiram muna ng pencil" sabi ni Raymond. Padabog na lumapit si Steph at inabot ang lapis, pinakita ni Raymond ang blankong papel sa dalaga pero palihim nagsulat. Mabilis nya tiniklop ang papel at binalik ang lapis. "Ipapabasa mo ba sa akin yan?" tanong ni Steph pero agad binulsa ni Raymond ang papel. "Che! Bwisit ka" sabi ni Steph at muling lumabas ng kwarto.

"Pre anong sinulat mo?" tanong ni Tim at tumawa si Raymond at tumayo. "Don't tell me pag di ko sinabi pati ikaw magtantrum at mag walkout?" banat ni Raymond at tumayo si Tim at ginaya si Steph na nagdadabog at nagtatantrum. Pinaghahampas nya na parang bakla si Raymond at ginaya ang mga linya ni Steph kanina. Tawa ng tawa ang magkaibigan at tumigil narin nang sumilip si Steph sa kwarto. "May araw din kayo tandaan niyo!" banta ng dalaga at lalo pang nagtawanan ang magkaibigan.

"Sige pare alis na ako, uwi muna ako baka hinahanap na ako ni mommy" sabi ni Raymond. "Teka pre, gusto ko lang matanong, kung hindi si Margaret…then are you saying that…" pabitin ulit na sinabi ni Tim. "Si Pipay pare, si Pipay" sagot ni Raymond. "Ha? Totoong tao ba talaga yang Pipay na yan?" tanong ni Tim at tumawa si Raymond.

"Oo naman pare" sabi ng kaibigan niya. "Potek nalilito ako sa iyo, ano ba talaga, kanina kung magdrama ka akala ko pinsan ko ang iniisip mo" sabi ni Tim at tahimik lang si Raymond. "Pare you think too much, relax and see a movie" sabi ni Raymond saka umalis na.

Kinabukasan sa klase di namamansin si Margaret, pagsapit ng lunch di siya sumama sa grupo. Library work ang last subject kaya pagkadismiss tumambay

si Raymond sa tapat ng isang building at sumandal sa pader. Napadaan si Stephanie at nagulat na nakita si Raymond. “Oy, di ka parin niya pinapansin?” tanong ng dalaga. “Yup” sagot ni Raymond. “And you think na aabangan mo siya nalang para makausap mo siya?” hirit ni Steph. “Maybe” sagot ng binata.

“And what makes you think naman na dito siya dadaan e doon ang building niyo? Hello!” banat ni Steph at tumawa si Raymond. “Oo nga no, ewan ko ba ano ginagawa ko dito” sabi ng binata at kinurot siya ni Steph.

“Hay naku Monching mag isip ka naman kasi minsan no. Tara na nga, nasan ba si Tim?” tanong ng dalaga. “Ah sabi nya magkikita sila ni Karen kaya dalawa lang tayo sabay uuwi” sagot ni Raymond. “Ano aabangan mo pa ba siya?” tanong ni Steph. “Hindi, kanina pa kami nadismiss” sagot ni Raymond at naguluhan si Steph.

“Ano? E kanina pa kayo pala nadismiss e. Ang gulo gulo mo talaga. E ano pang ginagawa mo dito?” sabi ni Stephanie. “Ikaw” sagot ng binata. “Hello I can manage to go home alone. Matanda na ako. Maaga pala kayo nadismiss e di sana nagtext nalang kayo na uuwi na kayo. Hay naku” sabi ni Steph at nagsimula na silang maglakad palabas ng campus.

Tahimik lang sila naglalakad nang biglang natauhan si Steph. Naisip niya na baka sadya siya sinundo ni Raymond kaya bigla nalang siya napangiti. “Hmmm Monching, you stayed not to wait for Margaret right?” tanong ni Steph. “Yep” sagot ng binata at napatingin sa malayo si Steph at ngumiti.

“So in short sinundo mo ako right?” hirit ni Steph at biglang bumilis ang lakad ni Raymond papunta sa isang store sa labas ng campus. “Steph gusto mo ng softdrinks?” tanong ng binata. “Burger” sabi ni Steph kaya bumalik agad si Raymond sa tabi nya at nagtuloy ang lakad.

“Ito naman sabi lang burger di na bumili, sige na bumili ka lang. Di ako uhaw” sabi ng dalaga. “Wag na” sabi ni Raymond at nagalit nanaman si Steph. “Ano ka ba? If you want to drink sige na no, para kang bata” sabi ng dalaga pero pabilis ng pabilis ang lakad nila. “O tapos tatahimik ka, eeesh lagi kang ganyan. Naghahanap ka ng rason para mag away tayo. Lagi nalang merong pag aawayan” sabi ni Steph at biglang tumigil si Raymond.

“Dito tayo, tara burger tayo” sabi ni Raymond at nagulat si Steph at nasa labas na sila ng isang fastfood resto. “Ha? Bakit dito?” tanong ng dalaga. “Ikaw…sabi mo burger e so eto masarap ang burger dito diba? Favorite mo to diba? So tara na kain tayo” sabi ni Raymond at tinulak niya papasok si Stephanie na tila nahihiya pa.

Nang nakaupo na sila at nakaorder ay biglang may inabot si Raymond na papel. “Eto o, sorry na” sabi ng binata. Kinuha ni Steph at bubksan na sana ang papel pero tumigil siya. “Ano nakasulat dito?” tanong ng dalaga. “Well if you open it now then may chance na 100 percent mali ako kasi siyempre susuwayin mo yung nakasulat diyan. But if you open that after you had your first kiss, then may chance na tama ako. So ikaw buksan mo kung gusto mo” sabi ni Raymond at tinignan ni Steph ang papel.

Agad binuksan ni Steph ang papel at walang nakasulat, magagalit na sana siya pero agad hinawakan ni Raymond ang kamay niya at may isa pang papel na nilagay sa kamay ng dalaga. “I knew you would do that. So eto yung tunay na may sulat. Please give me a chance to be right. But if you cant its okay open it” hiling ni Raymond at biglang naantig si Steph sa sinabi ng binata.

Gusto na talaga buksan ni Steph ang papel pero tinitigan niya si Raymond. “Okay” sabi nya kaya nilagay nya sa loob ng bag nya ang papel at nginitian ang binata. “Pero ano ba nakasulat don?” tanong bigla ni Steph at natawa agad si Raymond. “Eto naman o, okay na e” sabi nya at nagtawanan sila.

“E alam mo na ako ayaw ko ng surprises e. Sige na sabihin mo nalang” hiling ng dalaga. “I wont tell you kahit na kulitin mo pa ako. If you want to know then buksan mo na. Nasa sa iyo naman na e” sagot ng binata at napasimangot ang dalaga. “Eeeh nagpromise ako e. Pero teka what if buksan ko sa bahay then I wont tell you. O sige nga” hirit ni Steph.

“I know you wont do that, I trust you so much. Lahat ng promises mo sa akin lagi mo tinutupad” sabi ni Raymond at nabigla si Steph at natahimik. Di maintindihan ni Step hang nararamdaman niya. Gusto nyang ngumiti ng sobra pero nagpipigil siya. Naparami ang kain nila kaya nang pauwi na halos di na makapaglakad si Steph kaya kumapit siya kay Raymond.

“Grabe busog ako. Teka okay lang ba ganito baka naman nahihiya ka na ganito hawak ko sa iyo baka makita mo si Margaret” banat ni Steph. “Di naman, e ikaw?” sumbat ng binata. “Sino naman magagalit? Ang tanong e ikaw?” bawi ni Steph. “Di nga, e ikaw?” kulit ni Raymond at nagtatawanan na sila.

Pagkadating nila sa kanila nakasalubong nila sina Tim at Karen. Di makapaniwala ang magsyota sa nakikita nila. “Ano ibig sabihin nito?” tanong ni Tim at tinignan niya ang dalawa. “Ikaw? Ano ibig sabihin nito” banat ni Raymond sabay tingin kay Steph. “E ikaw?” bawi ni Steph at tawa ng tawa yung dalaga habang si Tim at Karen naguguluhan sa dalawa.

“Hoy nakainom ba kayo o naka drugs?” tanong ni Tim. “Ikaw naka inom ka ba?” tanong ni Raymond kay Steph. “Ikaw naka drugs ka ba?” bawi ng dalaga at lalo pa sila nagtawanan. Sa inis naglakad nalang palayo ang magsyota habang nagbawian ng ikaw ang dalawa. “Ano nangyari sa dalawang yon?” tanong ni Karen at di narin mapigilan ni Tim ang tumawa. “Di ko alam, ikaw alam mo?” sagot ni Tim. “Ogag isa ka pa, ikaw gusto mo mag away tayo?” banat ni Karen at tawa narin ng tawa ang dalawa.

Chapter 8: Ito

Biyernes ng hapon palabas na sana ang tatlo ng gate ngunit may tumawag sa pangalan ni Raymond. Paglingon nila nakita nila si Marwin na papalapit. “Pwede tayo mag usap?” tanong ng binata. Kinabahan sina Tim at Steph at napahawak ang dalaga sa braso ni Raymond. “Its okay, I have to face him. Sige na mauna na kayo” bulong ni Raymond pero ayaw umalis ng dalawa.

“Okay lang pare sila, ano yon pare?” tanong ni Raymond. Nailang si Marwin at napatingin sa dalawa. “Si Margaret kasi pre e” sabi ni Marwin at lalong kinabahan ang dalawa. “Oo pare, about Margaret and that day na nag walk out siya..” sabi ni Raymond pero mas madiin ang paghawak ni Steph sa braso nya kaya napatigil siya.

“Oo pare tama ka, she has been acting strange since that day. Tsk pare parang dinibdib nya yung pagsita ko sa kanya sa Joseph na yon e” sabi ni Marwin at nagulat ang tatlo pero nakahinga sila ng maluwag.

“Ah akala ko kasi hinalikan ko siya” sabi ni Raymond at nagulat si Steph na napatingin kay Marwin. Nagkatitigan ang dalawang binata pero agad tumawa ng malakas si Marwin. “Ikaw talaga pare galing mo magpatawa, ganda ng timing mo pare. Thanks I needed that kasi yun nga may problema kami ni Margaret” sabi nya. Muling nakahinga ng maluwag sina Steph at Tim pero di nagpaawat si Raymond.

“Pare totoo I kissed your girlfriend” sabi nya at lalo tumindi ang tawa ni Marwin. “Sira pare serious na ako, I came here kasi I don’t know her friends. E ikaw lang naman nakikita ko lagi kasama niya so pare I came to ask for your help” sabi ni Marwin.

“Oo pare sige ako na bahala, I get it. Wala pasok bukas so do you know where I can find her now?” tanong ni Raymond. “Ah thanks pre, oo nandon

siya sa library. Pare big thanks talaga. Sige I have to go at may practice kami. Pare please lang ha, ayon sige" sabi ni Marwin sabay tumakbo nang paalis. Nakayuko ang ulo ni Raymond at mga kamao nya buo at nanginginig. "Uy, okay ka lang?" tanong ni Steph.

"Ang baba ng tingin niya sa akin. Shet, ganon ba talaga ako? I told her I kissed her girlfriend pero tumawa lang siya. Alam mo I really felt bad that I kissed her kasi nga may boyfriend sya, but now parang tama lang e" sabi ni Raymond.

"Sige puntahan ko lang si Margaret para magkaayos na sila" sabi ni Raymond. "Monching wag na, hayaan mo nalang sila" sabi ni Steph. "Steph I have to fix things, uwi din lang ako. Sige na mauna na kayo" sabi ng binata at nagtungo na sya sa library habang ang dalawa nagsimula nang maglakad pauwi.

Malaki ang library pero mabilis na nahanap ni Raymond si Margaret at tinabihan niya agad ito. Tumayo agad ang dalaga at naglakad papunta sa exit pero agad siya sinundan ni Raymond. Hanggang sa nakaabot sila ng gate ay nagkunwaring papara ng taxi si Margaret, "Alam mo susundan kita hanggang sa kausapin mo ako" sabi ni Raymond. "Papara na ako ng taxi" sabi ni Margaret. "Ako din, tapos susundan ko taxi mo" sagot ng binata.

"Uuwi na ako" sabi ni Margaret. "Mag aantay ako sa labas kahit abutin ako ng bukas o kailan pa man" banat ni Raymond at napapangiti na si Margaret pero nagpipigil. "Madami kaming aso, malalaki pa sila" banat ni dalaga. "Handa ako magpakagat" sumbat ni Raymond na buong tapang pa niya tinuwid ang katawan niya. "Strikto dad ko" sabi ni Margaret. "Maamong tupa ako, hi daddy, bless po" banat ni Raymond at sumabog na sa tawa ang dalaga.

"Monday to Friday, Marwin tried to talk to me but he failed. Ikaw wala pang isang oras eto napatawa mo ako agad" sabi ni Margaret at napakamot si Raymond. "Would you like to go to a place where we can talk and get some

snacks?" tanong ng binata at biglang tumawa si Margaret. "Napaka formal mo naman, oh yes I would love to" sabi ng dalaga. "Oist bihira mangyari to, yan palang natutunan ko sa english class" banat ni Raymond at tawa ng tawa si Margaret.

Sa loob ng isang fastfood resto sila kumain at nag usap, nagkakailangan ang dalawa kaya patawa nalang ng patawa si Raymond. "Margaret, bakit ka galit kay Marwin? Dapat siguro sa akin ka lang galit" sabi bigla ng binata. Huminga ng malalim si Margaret at tinitigan si Raymond. "I am torn, I am not mad. Yeah I kissed you so I feel guilty din pero part of me feels good. Part of me wants to go with you, part of me wants to stay with him" sabi niya.

"Hindi, its my fault. I should not let you have kissed me. Its not that I didn't like it, yun na nga guilty feelings din e" sabi ni Raymond. "Alam mo ba nung orientation day I really liked to stay, I wish I stayed talaga. Pero eto, I am really torn e. Parang ang hirap, oo may boyfriend ako, I do like him so much but I also like you. May times na pag kasama ko siya I wish ikaw nalang siya, pero pag iisipan ko naman na iwanan siya di ko naman kaya. Ang hirap, then the kiss…lalo nagpahirap e" kwento ni Margaret.

"Ah I see. Siguro mas madali pag ako nalang lalayo. It would be easier for you. And look, ngayon ko lang nakita tumino si Marwin. Yeah may konti pa syang kailangan ayusin pero with you magagawa niya yon. Don't get me wrong, it pains me already saying this so just listen. Mas maganda pag wala ako sa eksena. If things don't work out with you two then…you know" sabi ni Raymond at nagsimangot si Margaret.

"Bingi ka ba? I said I am torn so I don't want to lose you both. Selfish na kung selfish pero di ko alam e. Alam ko di pwedeng dalawa, I want to choose one but parang pareho sa timbang e. Yan ang gumugulo sa isip ko kaya ayaw ko kayo kausapin" paliwanag ng dalaga.

Naglabas ng dalawang fries si Raymond, parehong sukat, parehong itsura saka nilapag sa lamesa ngunit magkalayo. “Look, di pwedeng dalawa. You have to decide, ito or ito, isa lang ang pwede mo piliin. Yes you have two hands, you can hold both at the same time if you want. Pero diba it would be better pag yung isa hawak mo ng dalawang kamay to call it yours truly?” sabi ni Raymond at huminga ng malalim si Margaret.

Napatingin sa relo si Margaret at biglang tumayo, “Shet may family dinner pala kami I forgot, I have to go. Ah…wait, can we meet sa mall bukas around say 10?” sabi ng dalaga. “Bukas? Sige tara hatid na kita” sagot ni Raymond. “Wag na, I can manage, magtataxi ako” sabi nya pero agad niya inagaw yung dalawang fries at kinain. “Still undecided, may tomorrow I will choose one. Wag mo ako indyanin ha” sabi ng dalaga at umalis na.

Nakarating si Raymond sa kanila ngunit nakita niya si Stephanie nakaupo sa bintana ng kwarto ni Tim. “Oy malalaglag ka dyan! Bumaba ka nga diyan!” sigaw ng binata at dinilatan lang siya ng dalaga. Lumapit si Raymond sa bahay nila Tim at tumingala, “Baba ka diyan sabi delikado ang ganyan Steph” ulit nya. “Paki mo, so ano nakapag usap ba kayo ni Margaret?” tanong niya. “Oo, baba ka dyan” sagot ni Raymond.

“Ano tapos na ba ang problema?” tanong ni Steph. “Di pa, basta bumaba ka na dyan” sabi ni Raymond. “Magkwento ka, ano nangyari tapos bababa ako” sabi ng dalaga. “Wag na, bumaba ka nga diyan!” banta ng binata at muli siyang dinilatan ng dalaga. “Di ako bababa dito hanggang di ka magkwento” parang bata na sinabi ni Stephanie.

“Bahala ka, di ako aalis dito hanggang di ka bumababa diyan” sagot ni Raymond at tahimik silang nag antayan. “Ang arte mo di na ako bata, umuwi ka na nga” sabi ni Steph. “At kung mahulog ka sino sasalo sa iyo?” sumbat ni Raymond. Nag acting na tatalon si Steph at agad binuka ni Raymond ang mga kamay niya sa aktong sasalo. Tumawa si Steph at kumapit sa bintana, “Wow talagang sasaluhin mo naman ako ha” tukso nya”

“Oo outrageous man isipin pero sasaluhin kita. Baba ka na nga diyan kasi” sabi ni Raymond at napangiti ang dalaga kaya bumaba na siya sa bintana. “O ayan happy?” banat ni Steph. “Yes, wag ka na uupo diyan sa bintana, if you want tawagan mo ako para mahawakan kita” sabi ni Raymond at kinilig bigla ang dalaga kaya nagtago saglit.

“Sige uwi na ako at maaga pa kami magkikita bukas” sabi ni Raymond at biglang nag liyab sa galit si Steph. Binato niya ng tsinelas si Raymond at nasapol ito sa ulo. Paglingon ng binata sinara na ng dalaga ang bintana niya.

Kinabukasan paglabas ng bahay ni Raymond ay nakita niya agad si Steph nakaupo muli sa bintana. Agad niya ito nilapitan at pinilit pababain. “Ano ba problema mo kasi? Sige na baka malate ka pa sa date nyo!” banat ni Steph. “Tim! Tim! Pababain mo nga tong pinsan mo!” sigaw ni Raymond. “Wala siya, wala sila, ako lang nandito” sabi ng dalaga. “Sige naman na o bumaba ka na diyan” makaawa ni Raymond.

“Sige na pumunta ka na” sabi ni Steph pero di umalis si Raymond at nag antay lang. Trenta minutos ang lumipas at napatingin sa relo si Steph, “Hoy, hala ka late ka na. Alis ka na baka makahabol ka pa” sabi ng dalaga. “Tapos pano kung nalaglag ka? Sige nga” sagot ni Raymond. “Sige na nga bababa na ako” sabi ni Steph at nakita niyang naglakad pauwi si Raymond.

“Hoy, bakit di ka pa pumunta?” tanong ni Steph. “Di na, late na ako e. Sa mall kami magkikita e” sabi ng binata at nagulat si Steph. “Ha? Akala ko sa school lang. Hala shet sorry ha” sabi ni Steph. “Okay lang, sige uwi na ako” sagot ni Raymond.

“Hoy, labas tayo” sigaw ni Steph at napalingon si Raymond sa kanya. “Sige bihis ka na” sagot ng binata. “Talaga? Lalabas tayo?” dagdag ni Steph at biglang sumandal si Raymond sa poste. “Oo, sige na bihis ka na at antayin kita dito” sagot nya at nagmadaling magbihis ang dalaga.

Twenty minutes lumipas ay lumabas na ng bahay si Steph at nagulat si Raymond. “Ano ba yang suot mo!? Hoy magpalit ka nga! Bakit ang iksi ng skirt mo?” tanong ng binata. “Duh! Uso to kaya. Arte mo ha, tara na” sabi ni Steph. “Magbihis ka! Kung di ka magbibihis di tayo tuloy” sabi ni Raymond.

“Ang arte arte mo, so what pag maiksi skirt ko kasama naman kita. Dami mo arte” sumbat ni Steph at naglakad si Raymond pauwi sa kanila. “Oy, oy ano ka ba? Monching! Tara na kasi” sabi ni Steph pero kumayaw lang si Raymond at pumasok sa loob ng bahay.

Trenta minutos lumipas at lumabas ng bahay si Raymond, “Oy wala ka talagang balak na lumabas tayo no?” sabi ni Steph na nakaupo sa may pinto nila. “Meron pero di ko type suot mo kanina. Mas okay pa ganyan sana na nakapambahay ka” sagot ni Raymond. “Asus, excuses pa o. O san ka punta?” sabi ni Steph. “Bibili, sama ka?” tanong ni Raymond. “Libre mo ako?” pacute ni Steph at tumawa ang binata. “Tara na” sabi ni Raymond at mabilis na sumama sa kanya ang dalaga.

Bago makarating sa store bigla tumigil si Raymond at tinignan si Steph. Hinawakan niya ang kamay ng dalaga at naglakad sila papunta sa paradahan. “Oy san tayo pupunta?” tanong ni Steph. “Sa mall” sabi ni Raymond sabay tawa. “Sira nakapambahay tayo!” sigaw ni Steph at tawa ng tawa ang binata. “So what, tara na. At least mas decent yang suot mo kesa kanina” sumbat ni Raymond at natatawa narin si Stephanie.

“Monching naman, nahihiya ako kasi” sabi ni Steph. “Sus dikit ka lang sa akin. Pero mas okay suot mo, eto ngang shorts ko butas sa pwet e. Be brave, isipin mo nalang na foreign tourists tayo. O diba? Sila simple manamit samantala tayong pinoy gusto pa magara. For a change tara try natin naman” sabi ni Raymond at tawa sila ng tawa.

Pagdating sa mall napataas ang kilay ng sekyu sa dalawa, “Madami kaming perang wawaldasin” sabi ni Raymond at napangiti nalang yung guard at

sumabog sa katatawa si Stephanie pagkat taas noo pa ang binata. “Steph, wag kang mahihiya. Kahit pagtitignan tayo ng tao who cares. Ang importante enjoy ka diba? So what kung kutyahin tayo sasaya ba sila? So heads up and walk rich” banat ni Raymond at talagang lakad mayaman ang ginawa niya. Naiwan konti si Steph at nakita niya ang butas sa shorts ng binata kaya napaupo siya sa katatawa.

Sa loob ng isang resto kumain ang dalawa at nahihiya parin si Steph. “Look at the people outside the window, ang porma pero do you see them eating inside? Porma lang sila, di naman sa nanlalait ako pero kung lalaitin tayo dahil sa suot natin, weh sino ba ang busog at sino ang gutom? Diba?” banat ni Raymond at tawa ng tawa si Steph.

“Ganyan din sa totoong buhay, you don’t have the right to judge someone dahil lang sa itsura. E ano kung magara suot ko kung hanggang tingin lang naman pala ako. E ano kung naka iPhone ako kung wala naman ako pang load. Kahit naka 3310 lang ako at least one thousand load ko o ha” biglang banat ni Raymond at tinukso siya agad ng dalaga. “Uy di pa niya makalimutan ginawa ni Marwin” sabi nya at napangiti nalang si Raymond.

“Tawa lang siya pero I did kiss his girlfriend. In your face, sorry carried away lang” sabi ni Raymond. “Oo nga pala what did you two talk about yesterday?” tanong ni Steph bigla. Nakwento ni Raymond ang nangyari at nainis si Steph. “That bitch, pwede ba yon?” sabi ng dalaga at napabuntong hininga nalang si Raymond. Tahimik ang dalawa atsi Raymond dahan dahan kumain ng fries habang nakatitig sa labas ng bintana. “Oy ano ineemote mo dyan?” tanong ni Steph. “Shhhhh” sumbat ni Raymond at tinuloy nya ang mabagal na pagkain.

“Oy ano ba ginagawa mo?” tanong ni Steph. “Look, pinapatakam mo mga nasa labas. Hmmm sarap ng fries…oy tignan mo ako, hmmm inggit ka ano?” sabi ni Raymond at muling natawa ang dalaga. “Alam mo I asked her, if matimbang kami pareho, she has to choose, so naglabas ako ng dalawang fries na ganito, then asked her, ito or ito?” kwento ni Raymond at naglapag siya ng dalawang fries na magkaparehong sukat sa mesa.

“Ano? Ano naman kinalaman ng fries?” tanong ni Steph. “Wala parang symbolization, itong nasa left si Marwin at itong nasa right ako. Sabi nya pareho daw kami timbang so same size and I asked her to choose. She took them both and ate them” paliwanag ni Raymond.

“Ito!” sabi ni Steph sabay agaw ng fries sa kanang kamay ni Raymond at kinain. Nagkatitigan sila saglit at biglang nagngitian, inalok pa ni Raymond ang isang fries pero kinuha lang ni Steph ito at tinapon sa sahig.

Chapter 9: Em Em Kay

Lunes ng umaga papasok ang tatlo, kakaibang saya ang nararamdaman ni Steph at napansin ni Tim na masyado malapit ang dikit niya sa kaibigan niya. Pagpasok nila sa campus ay agad sila sinalubong ni Margaret. “Ay sorry about Saturday” sabi agad ni Raymond. “Oh no, okay lang, Marwin picked me up early. Okay na kami. Di ko alam number mo so akala ko pumunta ka sa mall” sabi ni Margaret at napangiti si Steph.

“Ah di nga ako nakapunta e, buti naman at okay na kayo” sagot ni Raymond. “Yup, pero I want you to stick around. Yun lang sige see you in class” sabi ni Margaret sabay alis. “Stick around ano ako bubble gum?” bulong ni Raymond sabay napakamot sa ulo.

Nanlisik ang mga mata ni Steph pero tinignan siya ni Raymond. “Sige alis na ako” sabi ni Steph. “Oist, MMK” sabi bigla ni Raymond at napalingon ang dalaga. “Ano?” tanong niya at ngumiti si Raymond. “MMK!” ulit ng binata. “Bakit yung MMK? Ano ba nangyari sa episode last Saturday?” tanong ni Steph at biglang tumawa si Raymond.

“Di yon, wala wala basta MMK” sabi ng binata at naglakad na sila paalis ni Tim. “Hoy, malalaman ko din ano nangyari sa MMK, magtatanong ako!” sigaw ni Steph. “MMK!” sigaw ni Raymond sabay kaway at nagbigay pa ng flying kiss. Natawa ang dalaga at nung nakatalikod na ang binata sinalo niya yung kiss ang dinampi sa kanyang labi.

Lunch time at muling kasama si Margaret sa grupo pero di mapakali si Steph. “Oy nagtanong na ako sa mga kaklase ko, nakwento nila yung story pero di ko gets ano gusto mo ipahiwatig” sabi ni Steph. “Ano yon?” tanong ni Margaret at di pinansin ni Steph ang dalaga. “Bakit ba kasi? Bothered ka?” tanong ni Raymond. “Ano ba kasi yon?” tanong ulit ni Margaret. “MMK” sabi ni Steph pataray. “O whats with the show? I watched it kasi my mom watched it” sagot ni Margaret at biglang pinakwento ni Step hang nangyari.

For the first time nag usap ng matino ang dalawang dalaga na kinagulat ni Raymond at Tim. “I see, oh Monching don’t tell me ikaw yung sender e babae yung bida” sabi ni Steph at nagtawanan sila ni Margaret. “Or maybe he is trying to tell us na he watches the show, unusual for boys” tukso ni Margaret at lalo pang nagtawanan ang dalawa at nakisama pa si Tim. “Ikaw ha, mahilig ka pala sa ganon ha” biro ni Steph at napangisi nalang si Raymond.

After lunch hihiwalay na si Steph bigla siya binulungan ni Raymond, “MMK” sabi nya at lalong naintriga si Steph. “Oo na oo na, sige sa Sabado samahan kita manood, dalhan kita ng tissue baka gusto mo may kasamang iiyak” biro ni Steph at muli silang naghalakhalakan ni Margaret. “Ah wait, lagi ka sa kanila?” tanong ni Margaret. “Hmmm minsan, pero usually siya ang pumupunta sa amin” sagot ni Steph at biglang di maipinta ang itsura ni Margaret.

Miyerkules ng gabi dumalaw si Raymond sa kwarto ni Tim at tinulungan niya ang kaibigan niya para mag aral. Pumasok sa kwarto si Steph at nakitabi kay Raymond sa sahig. “Ay oo nga pala, may competition sa Baguio this coming Friday and Saturday, at isa ako sa mga contestants” sabi ni Raymond at nagulat ang magpinsan. “Ikaw? Joketime ba ito?” tanong ni Steph at tumawa si Raymond.

“Totoo e, natatawa nga ako e kasi tamad naman talaga ako mag aral, kaya medyo kinakabahan nga ako di ko naman talaga linya tong palaaral e” sabi ni Raymond at nagtawanan ang tatlo. “Yan kasi paka genius epek dahil hurt broken” tukso ni Steph. “Oo nga pre, di ka naman na hurt broken ah bakit ka pa aral ng aral?” tanong ni Tim. “Hmmm oo di ako hurt broken, pero pare mas masarap pala mag aral pag inspired ka” biglang banat ni Raymond at lalong nagulat ang dalawa.

“Si Margaret malamang” sabi ni Steph. “Di rin, if everything has feelings, imagine niyo ano nararamdaman ng spare tire. Nakatago lang siya sa likod ng kotse. Napakasad niya no? The only chance na mapapansin siya is when

bubuksan yung trunk para magkarga ng gamit o may kukunin. The only change magagamit siya is when ang isang gulong nasira. Pag wala nasira e di dun nalang siya sa likod, ready to be used anytime…but that anytime can come like forever or never" drama bigla ni Raymond at tahimik lang yung mag pinsan.

"Pero alam niyo, sometimes masaya din maging spare tire, kasi alam mo kailangan ka. Alam mo magagamit ka in due time. Kumpara naman sa di ka kailangan diba? Pero di rin, hahaha ang gulo ko. Pag spare tire ka alam mo may paglalagyan ka, di mo nga lang alam kailan. Pero ayaw ko din e, so I wanna be brave and try to be a sole tire, yung ako lang talaga ang mapipili. I just wish marunong siya mag unicycle, pag bicycle dalawang gulong yon, gusto ko unicycle lang para ako lang. Pero the sad reality is kokonti lang ang daring enough to use a unicycle so sometimes you just have to be contented by being a spare tire" dagdag niya.

"But if she chooses the unicycle then I will make sure she will never fall" pabulong na sinabi ni Raymond at halos maluha na si Steph. "Hoy bakit ka umiiyak?" tanong ni Tim at biglang nagpunas ng mata ang dalaga at sinuntok sa braso si Raymond. "Ikaw bwisit ka ang drama mo! Ang layo narating ng litanya mo! Kung saan saan na napunta ang drama mo!!!" sermon ni Steph at tawa ng tawa ang dalawang binata.

Sumandal si Raymond at pinikit niya ang kanyang mga mata, "Aywen nyubedi nyubedi betchooo" sabi niya ng napakabagal. "Ano nanaman yan?" tanong ni Steph at inulit ng binata ang sinabi nya. "Ano yan?!" kulit ni Steph at biglang kumanta si Raymond.

"Aywen nyubedi nyubedi betchoo, nobody nobody but you" sabi nya at biglang humalakhak si Steph at Tim. Tumayo ang dalaga at hinila si Raymond, "Halika ituro ko sa iyo sayaw niyan" sabi ni Steph at nagmatigas si Raymond. "Sinabi kong halika e!!! Pinaiyak mo ako kaya tumayo ka dyan!" sabi ng dalaga at mabilis tumayo si Raymond.

Tinuro ni Steph ang sayaw, tawa ng tawa si Tim pagkat nagmamatigas si Raymond. “Isa! Wag mo ako galitin!” banta ni Steph kaya bumigay na ng todo si Raymond na kinatuwa ni Tim. “Right muna, basta taas mo hand mo tapos point, kembot ka!” utos ni Steph at nagbaklabaklahan si Raymond.

“O sway konti sabay bend, pagdating sa but you point two hands, after but you clap” dagdag ni Steph. “Ganyan, ayan game kanta tapos sayaw” sabi ng dalaga at halos mamatay na sa tawa si Tim sa katatawa. “O sa left naman, same movements na, yung nag iba lang sa start yung left hand naman” sabi ni Steph at todo bigay naman si Raymond.

Game na game kumanta ang dalawa at sumayaw sa chorus ng kanta, si Tim di mapakali at tumayo narin at nakisayaw ngunit may napansin siya. “I want nobody nobody but you!” kanta ng dalawa ngunit tuwing umaabot sa “but you” nakita ni Tim na lagi tinitignan ni Raymond si Steph. “I want nobody nobody but you” kanta nila at sabay nagkatinginan si Raymond at Steph at nagngitian sila, parang bulateng kinilig si Tim pero napatingin sa kanya si Raymond kaya tumigil ito sa pagsayaw at pagkanta.

“Late na, uwi na ako” sabi ni Raymond at nakangisi si Tim sa kanya. “Oy kailan kayo aalis?” tanong ni Steph. “Ah bukas pa ng hapon after dismissal” sagot ni Raymond. “Ah okay sige, saka na tayo sasayaw pagbalik mo” sabi ng dalaga. “But you” biglang sabi ni Tim tinignan si Steph, nakita ni Raymond at alam niyang inaasar siya ng kaibigan nya. “Pare naman, sige na uwi na ako” sabi ni Raymond at umalis na.

Takbo agad si Steph sa may binatana at pinanood si Raymond makauwi sa kanila. “Insan, sa tingin mo sumuko na siya kay Margaret?” biglang tanong ni Steph. “Ewan ko, they kissed remember” sagot ni Tim at nainis si Steph. “Oo nga pero she had her chance to choose, and she chose Marwin again. Sa tingin mo nawalan na ng gana si Monching?” hirit ng dalaga. “Ewan ko wala naman siyang binigay na definite answer, sabi nya spare tire siya pero gusto nya maging sole wheel, labo pa e. Siguro in between” sabi ni Tim.

“Alam mo buti pa siya spare tire e, eh ikaw ano ka? If you like him then start making a move. Malay mo diba? It’s a dog eat dog world insan, if you like someone you cant wait for that someone to like you back. If you like someone sabihin mo agad, if you cant say it show it” payo ni Tim. Huminga ng malalim si Steph at naglakad sa pinto, “O san ka pupunta?” tanong ni Tim. “Mag aaral mag unicycle!” sigaw ng dalaga sabay labas ng pinto.

Kinabukasan ng dismissal sabay pang nakisabay sa pag uwi si Raymond. “Anong oras ba kayo luluwas?” tanong ni Steph. “E kailangan daw kasi tapusin ang classes e, bukas excused kami. Okay lang susunduin naman nila ako sa bahay” sabi ni Raymond. “E late na kayo makakarating ng Baguio, e maaga ata bukas competition niyo” sabi ni Steph. “Yup, well bahala na. Less expectation, lesser impact. More expectation, more impact if you fail. So be happy and don’t worry” banat ni Raymond.

Sa bahay ni Raymond sumama si Steph at muli niya binungkal ang laman ng bag ng binata at inayos ang gamit. “Grabe ka, ayusin mo naman, saksak ka lang ng saksak ng gamit sa bag. Look mas madami kang makakarga pag maayos ang gamit” sabi ni Steph. “Grabe ka naman, two days lang yon no. As if naman mawawala ako ng matagal” sumbat ni Raymond habang nahiga siya sa kama niya.

Naayos na ni Steph ang bag at nilapag ito sa sahig, “Sinara mo na ba yung bag?” tanong ni Raymond. “Oo bakit may ikakarga ka pa ba?” tanong ni Steph at tinignan niya ang binata. “Meron sana pero malamang di kasya” sabi ni Raymond. “Asan? Kaya ko ipasok yan, basta wag lang naman exaj ha like upuan or unan” sabi ni Steph sabay tawa. “Hindi wag na may text naman e” mabilis na sinabi ni Raymond. “Ha? Ano? Ano sabi mo?” tanong ni Steph at agad nilabas ni Raymond ang phone nya.

“Sabi ko may text ako, paparating na daw sila” sagot ng binata. Tumayo si Raymond at kinuha ang bag nya, sabay sila nagtungo sa labas. “Galingan mo ha” sabi ni Steph. “Ninenerbyos nga ako e, kasi di ko talaga linya to” sabi ni Raymond at nagtawanan sila. “Wala ka na magagawa yang ang pinili mong landas e, isipin mo nalang yung nag iinspire sa iyo and you will do fine” banat

ni Steph. “Yep I will” sagot ni Raymond at nagsmile pa kaya nainis ang dalaga. “Is there a letter P?” tanong ni Steph. “Yep! Galing mo ah” sagot ni Raymond at nagpigil na si Steph pero pinilit parin niya ngumiti.

“Steph, MMK” sabi ni Raymond at dumating narin ang van na susundo sa binata. “Ah gets ko na, you want me to watch this Saturday, okay sige manonood ako” sabi ng dalaga. “Steph its not the show, basta MMK” sagot ni Raymond at nainis yung dalaga.

“Ano ba kasi yon, aalis ka na tapos iiwanan mo pa ako ng pag iisipan ko. Dagdag isip pa. Magworry na nga ang tao sa biyahe mo tapos sa competition mo tapos eto may dagdag ka pang MMK na nalalaman. Ano ba kasi yon?” sabi ni Stephanie.

“Ah eh…mami” pabitin na sinabi ni Raymond at pinapapasok na sya sa van. “Anong mami?” tanong ng dalaga. “Hahaha mamimimomu, babebibobu, bye bye, text text nalang” banat ni Raymond at medyo natawa ang dalawa at agad tuloy nakalimutan ang lahat. “Ingat ka Monching!” sigaw ni Steph at umalis na ang van.

Friday ng gabi biglang sumugod si Steph sa kwarto ni Tim at sigaw ng sigaw. “Yes!!! Nakapasok sila sa final round!!!” sabi ng dalaga at pinabasa niya ang text ni Raymond. “Wow! Hanep ah” sabi ni Tim. “If by chance manalo kami o maka place baka Sunday na kami uuwi kasi baka magcelebrate kami dito konti. Pag bukas nandyan na ako that means talo kami” binasa ni Steph mula sa phone niya. “Hmmm ano kaya irereply ko?” tanong ng dalaga.

“Monching I love you so much” banat ni Tim at biglang tumawa si Steph. “Sira! Pero pwede din naman” sabi ng dalaga sabay kinilig. “As if naman kaya mo itext yon” hamon ni Tim at napasimangot ang dalaga. “Talaga? Akala mo ha” sabi ni Steph sabay nag text sya agad. “Asus, weak ka! If I know take care lang pinadala mo” banat ni Tim at tumawa ang dalaga.

“Gusto ko talaga itext yon pero naninigas ang thumb ko e. So sabi ko nalang na make sure Sunday ka uuwi. Syempre I want him to win. Alam mo ba pag masaya siya parang masaya narin ako. Nakakahawa siya, pag sad sya sad din ako. Ah basta mananalo yon alam ko” sabi ni Stephanie.

“Oy marunong ka na ba mag unicycle?” tanong ni Tim at nagkatitigan sila. Ngumiti si Steph at nahiga sa kama, “Kahit di ako marunong alam ko he wont let me fall, so ang importante willing ako mag unicycle” banat ng dalaga.

Buong Sabado walang natanggap na text si Steph kaya kinakabahan siya. Sumapit na ang gabi at sinubukan niya tawagan si Raymond ngunit nakapatay ang phone ng binata. “Shet nasan na yon? Nanalo kaya sila? Gabi na diba so that means they won diba? Kasi wala pa siya dito diba?” tanong niya at nakukulitan na si Tim sa kanya.

Nagpunta ang dalaga sa bintana at sinubukan tawagan si Raymond, “Monching!!!” biglang sigaw ni Steph at tumakbo siya palabas ng kwarto. Napatayo si Tim at dumungaw sa bintana at nakita ang kaibigan niya parang matamlay na naglalakad pauwi. “Oh shet this is bad” bulong niya sa sarili.

Sa labas nagkita si Steph at Raymond, napansin ng dalaga ang malungkot nyang mukha. “Di pa Sunday ha” sabi ni Steph. “Kaya nga e” sagot ni Raymond at di na humirit ang dalaga at tinabihan nalang si Raymond. “Okay lang yon Monching, biglaan naman kasi e. At least diba nakapasok kayo sa finals so okay lang yon” sabi ng dalaga at napangiti si Raymond.

Sumama si Steph sa loob ng bahay nina Raymond at naupo sila sa salas kasama ang mga magulang ng binata. Matamlay parin ang itsura ni Raymond kaya tahimik lang ang lahat. “Monching cheer up na, wag mo na isipin yon” sabi ni Steph at biglang nagring ang phone ng binata. “Kanina pa kita tinatawagan nakapatay phone mo” sabi ni Steph. “Ah napatay ko, kanina ko lang na on sorry” sagot ni Raymond at naintindihan ni Steph bakit. “O sige sagutin mo na” sabi nya at sinagot ng binata ang telepono.

“Oo nakauwi na po ako sir. Kumusta kayo diyan? Musta ang party?” narinig nilang sinabi ni Raymond kaya biglang napatayo si Steph at nilapitan ang binata. “Opo sir nandito na ako sa bahay honest. Yes sir, salamat sa concern sir. Sige po sir enjoy po kayo kita kita nalang po tayo sa Monday” sabi ni Raymond at pinatay niya ang phone.

“Party?” tanong agad ni Steph at napangiti si Raymond. “Oo naiwan sila sa Baguio at nag party. Alam mo naman na I don’t like parties diba?” sagot ng binata at lumaki lalo ang ngiti ng dalaga. Naupo si Raymond sa sofa at agad siya tinabihan ni Steph, “You mean…teka teka nalilito ako. Nanalo kayo?” tanong niya. “We lost, second place lang kami” sabi ni Raymond. “Second? Okay na yon! Hahaha kaya pala nagparty. Okay na ang second no, grabe ka naman pag magluksa gosh ang galing second place wow!” biglang sabi sa tuwa ni Steph.

“Yeah, second lang, the medal is in my bag” sabi ni Raymond at agad binungkal ni Steph ang bag ng binata. “Hay naku Monching, pag nagamit mo na ifold mo parin! Wag saksak ng saksak sa bag! Diba sinabi ko sa…” sabi ng dalaga pero bigla siya napatigil. “Bakit dalawa? Second place team competition…First place individual…” sabi nya sabay napatingin sya sa binata.

“Oo may individual competition din pala I forgot to say” sabi ni Raymond at natuwa ang nanay ng binata. “Im proud of you anak” sabi ng nanay sabay niyakap ang anak nya. Sumunod na yumakap ang tatay pero biglang sinuntok ni Steph ang braso ng binata.

“Ikaw! Pinapakaba mo ako! Bwisit ka! Nung makita ko ang sad face mo nalungkot narin ako akala ko talo kayo. Pero nanalo ka pala ng first place! Bwisit ka!” sabi nya sabay tawa. “ E syempre I feel sad din kasi we lost, nakalimutan ko nanalo pala ako e” banat ni Raymond at sinuot bigla ni Stephanie ang medal sa leeg nya at tumakbo palabas ng bahay.

“Tim! Tignan mo o! Nanalo si Monching first place! Woohooo! Look look!” sigaw ni Steph. “Oist nakakahiya sa kapitbahay ang ingay mo!” sumbat ni Tim pero sobrang tuwa si Steph sa labas ng bahay at pilit siya inaawat ni Raymond.

“Hoy bakit ka umuwi agad, kung ayaw mo makiparty at least you could have stayed naman. Baka isipin nila mafeeling ka” sabi ni Steph. “Hindi, I gave them a reason naman na they understood” sagot ng binata. “At ano naman yong rason na yon aber?” tanong ng dalaga.

“NMK” sabi ni Raymond. “Nanaman? MMK tapos NMK!? Ano bang ka ekekan yan kasi?” tanong ni Steph at tumawa lang si Raymond. “Ah ganon ayaw mo sabihin, ano ang MMK? Isa!” banta ng dalaga. “Wala na yung MMK, nalaos, kaya NMK na no” sabi ni Raymond. “Sige pagod ako sa biyahe, sleep na ako, hawakan mo muna yang medal ko” sabi ng binata at naglakad papunta sa pinto nila.

“Hoy ano yung NKM?” kulit ni Steph at nilingon siya ni Raymond. “Na miss kita” sabi nya sabay ngiti at pumasok na sa bahay. Parang estatwa si Steph na nakatayo sa gitna ng kalsada, napangiti siya mag isa at biglang nagsitawa at kinilig sobra. “Oy para kang bulateng nilagyan ng asin, pasok na late na” sabi ni Tim pero di makapag pigil si Steph sa sarili.

“MMK…mami miss kita…hahaha tanga ko…NMK…na miss kita ahahaha” bulong nya pinagmasdan niya ang medalya at hinalikan. Tinignan niya ang bintana ni Raymond, Nakabukas ang ilaw sa loob pero nakasara ang bintana.

“MMK…Monching Mahal kita” bulong niya.

Chapter 10: YAM!

Lunes ng umaga nagkaroon ng gathering ang lahat ng IT students sa auditorium, nakaupo sa harapan sina Raymond, Tim, Margaret, at Marwin. “Ano ba kasi ang meron?” tanong ni Margaret. “Ewan ko sabi nila awarding, mas maganda na to no kesa sa lecture” sagot ni Marwin. “Nasan na siya?” bulong ni Raymond. “Sino pre?” tanong ni Tim. “Si Steph, nasa kanya yung medal ko” sabi ni Raymond.

Nagsimula na ang event at isa isa nang pinatawag sa stage ang mga estudyanteng nakisali sa competition. Nagulat sina Marwin at Margaret nang umakyat sa stage si Raymond. “Kasama siya?” tanong ni Margaret. “Yup, kaya siya absent nung Friday” sagot ni Tim. “Wow, pero I heard second lang sila, hahaha more practice” banat ni Marwin at napangisi lang si Tim.

Naaward na ang second place trophy at medals sa mga estudyante pero tingin ng tingin si Raymond sa may entrance. Pati si Tim lingon ng lingon at inaantay ang pagdating ni Steph. “Achieving second place at a competition like this is already a big achievement. We received the invitation just last week so our participants did not have enough time to prepare but still we were able to get second place. Just imagine if they had time to prepare” sabi ng Dean at biglang nagpalakpakan ang lahat ng mga estudyante.

“But the good news does not stop there. Aside from the team competition, there was likewise an individual event. Don’t judge a book by its cover, the famous saying goes, and this first year student of ours really proved that saying to them. The individual event was open to all year levels, and a single first year student was crowned the grand champion. It takes great pride and honour to introduce our very own, Raymond De Guzman, the 2009 IT grand champion!!!” sigaw ng dean at matinding palakpakan ang naganap.

Nakatayo si Margaret na sumisigaw at pumapalakpak ngunit napatigil ang dean pagkat nawawala ang medal. Sakto biglang nagbukas ang auditorium door at sinenyasan ni Raymond na bilisan ni Steph. Lahat napalingon kay

Stephanie kaya takbo siya palapit sa stage. “Sorry late ako, nag seatwork kami, eto o” sabi ni Steph sabay abot ng medal. “Akyat ka dito” sabi ni Raymond at bigla nagtawanan ang lahat.

Sinabit ang medal sa leeg ni Raymond pero nung kukunan na sila ng picture ay tinawag niya si Steph na umakyat. Nagkantyawan ang lahat at nahiya ang dalaga umakyat pero nagpamulit si Raymond. Wala nagawa si Steph kundi tumabi kay Raymond at kasama ang dean at ibang contestants na magpapicture.

“Nakakahiya naman” bulong ni Steph pero tumawa si Raymond. Tinanggal ni Raymond ang isang medal nya at sinuot kay Steph, “O ayan para di ka magmukhang outcast” sabi nya at nagtawanan ang lahat sa stage at tuloy ang picture taking.

Sumikat ng todo si Raymond sa campus pagkat may nakapaskill na pictures nila sa announcement board. Tuesday ng lunch halos di makakain si Raymond pagkat ang dami bigla pumapansin sa kanya. “Hi Raymond!” sabi ng isang babaeng dumaan sa lamesa nila sabay nagpacute sa binata. Ngiting aso lang si Raymond sabay sinusubukan hilain si Stephanie papalapit sa kanya. “Ano ba?” tanong ng dalaga. “Yam!” sagot ni Raymond. “Anong yam?” sumbat ni Steph at napakamot si Raymond at may lumapit ulit na babae at nginitian siya.

“O ayaw mo niyang ang daming girls na pumapansin sa iyo o” tukso ni Steph. “Sus, nakilala lang nila ako dahil sa nagawa ko, pero do they know me? Nah, maniwala pa ako pag pinansin ako nang wala ako ginagawa. Now that I did something good tapos papansinin ako? No thanks” sabi ng binata at tumawa si Steph. “Uy lumalaki na ulo niya o, porke celebrity na nagiging choosy na” sabi ng dalaga at natawa si Raymond.

“Ah basta siya lang, at wala nang iba pa” sabi ni Raymond. “Sino?” tanong agad ni Margaret. “Sino pa kung di si Pipay niya” sabi ni Steph. “Who is

Pipay?" tanong ni Margaret. "Isang fictional character na inlove na inlove si Raymond" sagot ni Tim at nagtawanan ang lahat. "Oy she does exist, sus tignan niyo lang kung napasagot ko siya" sabi ni Raymond. "Does she study here too?" tanong ni Margaret. "Yup, no more questions" sagot ni Raymond.

"Bakit di mo tinuturo sino siya?" tanong ni Steph. "Ah basta, she goes to this school too. You have seen her but of course you don't know its her, hahaha sa dami ba naman ng students dito for sure in passing you have seen her many times or a few times or maybe never. But she does exist" sagot ni Raymond. "So nililigawan mo ba siya?" tanong ni Margaret. "Hay, di pa. Maybe I will soon" sagot ng binata at parang nainis si Margaret.

Biglang lumapit si Raymond kay Steph at inakbay ang isang kamay nito. "Iskirimay iskirimay" sabi nya at nagtaka sila lahat. "Ano nanaman pinagsasabi mo?" tanong ni Steph at pumipiglas sa hawak nya. "Shhhh…iskirimay iskirimay pokepis pokepis…kanina pa kaway ng kaway yong babae don, e iskiri ang itsura nya parang witch" sabi ni Raymond at bigla sila nagtawanan.

"Ah by the way Raymond, may gagawin ka ba this dismissal, pasama sana ako sa practice ni Marwin e" sabi ni Margaret. "Yup, sorry ha pero I promised Yam to help her out" sagot ng binata at lahat napatingin sa kanya. "Yam?" tanong ni Margaret. "Yam? Nabanggit mo na yang name nung picture taking ah, sino siya don?" tanong ni Steph. "Ah basta, someone lang. Uy tara na magbebell na" sabi ni Raymond kaya umalis sila pero ang dalawang dalawa pareho naintriga.

Nauna naglakad palabas ang mga boys habang nagpahuli ang dalawang babae. "Do you know who Yam is?" tanong ni Margaret. "Di ko alam, pero nabanggit nya nung picture taking, di ko sure kung kasama sa stage or nasa crowd pero nakasmile siya e" pabulong na sagot ni Steph. Biglang may nilabas na medal si Margaret at nagulat si Steph, "I got it from him, sweet nya no?" sabi ni Margaret at napangiti nalang si Steph pero sa totoo sumasakit ang dibdib nya.

Dismissal nag aabang si Steph sa gate nang pasimpleng lumabas si Raymond. “Dali tara na baka makita pa tayo” sabi ng binata. “Buti nabasa ko pa text mo uuwi na talaga sana ako. Pag magtext ka kasi agahan mo tulad ni Tim na pinuntahan si Karen” sermon ni Steph. “Oo na sorry na dali na lets go” sabi ng binata. “Go? Where? Akala ko ba kasama mo yung Yam!?” sabi ni Steph at tumawa si Raymond. “Sinabi ko lang yon no, para may palusot ako, tara na dali baka mamaya makita pa ako” sabi ng binata at nagmadali umalis ang dalawa.

“Hoy di dito ang daan pauwi” sabi ni Steph. “Alam ko, e it so happens na may cash prize ano so treat kita” sabi ni Raymond at napangiti ang dalaga. “E bakit ako lang? Kawawa naman si Tim baka magtanim ng sama ng loob” sabi ni Steph.

“Hindi, binigyan ko siya ng pera para idate nya si Karen” sagot ng binata at nagulat si Steph. “Ha? Ginawa mo yon? Hala! Alam mo bang monthsary nila today at namromroblema siya ng pera, hala ang galing ng timing mo naman” sabi ni Steph.

“Sus, bestfriend nga e. Alam ko ang kunot ng mukha ni Tim pag wala siyang pera, alam ko din ang kunot ng mukha niya pag wala siyang pera at kailangan niya talaga. So it happens may prize money, so ayun” paliwanag ni Raymond at napabilib sa kanya ang dalaga. “E di sana kasama naman parents mo” sabi ni Steph. “Tsk wag na take out nalang sa kanila, tara na mamili ka saan tayo, don’t hold back at medyo malaki talaga prize” sabi ni Raymond at natuwa naman si Steph.

“Ikaw nalang mamili, treat mo naman e” sabi ng dalaga. “Sus, anong point kung magtreat ako kung ako lang ang masaya, parang forced ka lang sumama pag ganon. So mas maganda pag nasiyahan ka diba? Worth it ang treat pag ganon, so you choose” sabi ni Raymond at halos nanginginig na ang bibig ni Steph, di nya alam kung ngingiti siya o magsasalita.

Sa isang mamahaling restaurant sila tumapat at tumigil si Steph. “Alam mo masarap daw yung steak nila dito” sabi ng dalaga at natawa bigla si Raymond. “Asus, okay dito tayo” sabi ng binata. “Oist, mahal dito, sa iba nalang sa mas mura” sabi ni Stephanie.

“Alam ko gusto mo dito so dito tayo” sabi ni Raymond. “Uy wag naman ganyan, sa mas mura nalang okay na ako don, burger nalang tayo” sabi ni Stephanie. “Alam ko iniisip mo yung pera na gagastusin, look di ako magtatagumpay kung di mo inayos bag ko” sabi ni Raymond at biglang tumawa si Steph.

“Ano naman konek non sa pagkapanalo mo?” tanong ng dalaga. “Aba madami, o lets say di ka sumama sa bahay that day, o malay mo ano nangyari sa akin. Or malay mo may nakalimutan ako like jacket ko, e ang ginaw sa Baguio pa naman, o diba? Basta connected lahat yan so nakatulong ka din” sabi ni Raymond at tawa ng tawa yung dalaga. “Alam mo ang labo ng paliwanag mo pero sige, gutom na ako e” sabi ni Steph at masaya sila pumasok sa resto.

Pagkaupo nila agad bumulong si Raymond sa waiter, lumapit ang waiter kay Steph at pinakita ang menu pero nakatakip ang presyo. “Hala, akin na” sabi ni Steph. “Maam utos ni sir takpan, mamili nalang po kayo” sabi ng waiter.

“Sige na mamili ka na, alam ko naman gagaawin mo una mong titignan ang presyo. Wag ganun, basahin mo nalang ang name ng food, maglaway ka sa drawing nya tapos basahin ang description. Pero nakakapeke ang picture kasi ang laki ng picture pero pagdating ng pagkain ang liit pala” banat ni Raymond. “Di naman sir, baka sa iba lang yon” sabi ng waiter at biglang natawa si Steph.

Habang inaantay ang pagkain ay pinansin ni Raymond ang mga table napkin. “First time ko kumain sa ganito kaya ignorante ako, pero look sharp lang para di halata ng iba” sabi ng binata at bungisngis ang dalaga. “Sira, itong

table napkin, its either nilalagay ito sa may shirt, siksik mo ganito or place it on your lap" paliwanag ni Steph. "Alam ko, ano ako tanga? Ilalagay mo ito sa shirt, chest para habang inaantay mo pagkain masalo nya ang laway mo, kasi maglalaway ka e" banat ni Raymond at biglang sumabog sa tawa si Steph at napalingon ang mga tao sa kanila.

"Oy Steph, chill down, baka sabihin nila wala tayong breeding" bulong ni Raymond kaya nagpigil ng tawa si Steph. "Tapos ilalagay mo ito sa lap pag may pagkain na para di ka maihi sa sarap ng pagkain" tuloy nya at muling tumawa ng malakas si Steph at sinipa niya ang paa ni Raymond para tumigil sa pagpapatawa.

"Look ang daming spoon at fork, iba ibang sizes pa o. Pero oo alam ko ano gamit nila kasi may breeding ako. Big spoon pag madami ka pang kanin, pag pakonti ng pakonti paliit din ng paliit gagamitin mo. Then pag butil butil nalang natira ito nang pinakamaliit na spoon gagamitin mo para sulit. Ganon din sa form, pag tingi tingi nalang para class parin tignan small pork gamitin mo" sabi ni Raymond at muling sumabog sa tawa si Steph. "Small pork" ulit ng dalaga at naluluha na sya sa katatawa.

Dumating na ang pagkain nila at talagang nag enjoy ang dalawa sa pagkain. Sa bawat subo nagpalitan sila ng ngit at tawanan. Isang oras din sila kumain at pagkalabas ng resto ay masayang masaya si Stephanie. "O akala ko ba mag take out ka para sa parents mo?" tanong nya. "Di na, saka na sila, they can understand siguro. Di ko nalang sasabihin na may cash prize. Sapat na ang medal sa kanila, although treat ko din sila don't worry" sagot ng binata at biglang nalungkot si Steph.

"Medal, oo isa nalang maipapakita mo sa kanila pag uwi mo" drama ni Steph bigla. "Oo nga e" sabi naman ni Raymond at tuluyan nang napasimangot ang dalaga. Nagpara sila ng taxi para makauwi at doon sa loob masama bigla ang loob ng dalaga.

“Eto pala o, I want you to keep this for me” sabi ni Raymond sabay abot sa dalaga nung champion medal niya. “Ha? Keep? E ano na maiiwan sa bahay niyo?” tanong ni Steph. “Etong isa pa, diba dalawa? O you keep this one and my parents will keep this one” sabi ni Raymond at nalito si Steph. “Ha? But you gave Margaret one already” sabi nya.

“Ah, yon? Di akin yon. Bakit ko naman siya bibigyan no? Remember nung picture taking? Well pinahawak nung isang kasama ko medal niya, e si Margaret lumapit at hiningi ang medal, binigay ko naman” sabi ni Raymond. “Ha? Hala e pano na yung medal ng kasama mo?” tanong ni Steph. “Malay ko don, problema na niya yon, and look pina engrave ko na name ko so this two are definitely mine, and I want you to keep this one” sabi ni Raymond at inabot nya sa kamay ng dalaga ang medal.

Super ngiti si Steph at hinawakan ng mahigpit ang medal sabay tinignan si Raymond. “Ei, Monching, ano…date ba to?” pabulong na tanong ni Steph. Napatingin sa kanya yung binata pero agad tumingin sa relo niya. “August 11, bakit?” sagot ni Raymond at napangiti nalang ang dalaga at lalong hinigpitan ang hawak sa medal. “Wala naman, pasandal ha, inaantok ako” sabi nya at sumandal siya kay Raymond.

Pagdating sa kanila hinatid ni Raymond si Steph sa pintuan ng bahay nila. “Grabe I had a wonderful time talaga” sabi ni Stephanie at ngumiti si Raymond. “Yup ako din naman, sige na pasok na at magrereview ka pa, midterms na remember?” sabi ni Raymond pero parang ayaw pa pumasok ni Steph.

“Yam” sabi bigla ni Steph at tumawa si Raymond. “Bakit ka tumatawa?” tanong ni Stephanie. “Do you know what YAM is?” tanong ng binata. “Hay naku, the correct question is, do you know who Yam is?” sabi ng dalaga. “Nope, tama ako, do you know what YAM is?” ulit nya at nalito si Steph.

“Hay naku Raymond tigilan mo na ako, nagpapalusot ka nanaman. I really had fun so wag mo na sisirain pa ang gabi ko. Sige na papasok na ako” sabi ni Steph at tumalikod na si Raymond.

“YAM! It stands for….You and Me” sabi ni Raymond at nanigas si Steph bigla hawak hawak ang doorknob. “Psst, Monching…” sabi ni Steph at nilingon siya ni Raymond sabay tinuro siya sabay tinuro sarili nya. “You and Me” ulit ni Raymond sabay nginitian ang dalaga at kinawayan.

Chapter 11: Wammy!

Wednesday ng umaga magkatabi si Raymond at Tim na naglalakad, si Stephanie naman nagpapahuli at pinapanood yung dalawa. “Pare…” sabi ni Tim pero sinuntok bigla ni Raymond ang braso ng kaibigan nya. “Pare wag mushy mushy, okay lang yon” sabi ng binata at nagkiskisan sila ng kamao. “Thanks pare” sabi ni Tim.

Si Steph tulala lang na naglalakad at nag iisip habang pinagmamasdan ang likod ni Raymond. Tinuturo nya sarili nya sabay tinuturo nya ang binata sabay ngumingiti. Napalingon sa kanya si Tim at nahuli ang dalaga sa ginagawa niya. “Hoy” pansin ni Tim at biglang tumigil si Steph at nagsimangot. “Steph bakit ka nandyan sa likod? Dito ka sa tabi ko” sabi ni Raymond at napangiti ang dalaga at tumabi sa kanya.

“Baka sabihin one of the boys ako e pare” biro ng dalaga. “E di aakbayan kita” landi ni Raymond at natili ang dalaga. “One of the boys siya, e di ano tawag sa iyo pare?” banat ni Tim at tinignan siya ng binata. “Insan” landi niya at humiyaw si Steph at tinulak si Raymond papunta kay Tim.

Lunch time tulala parin si Steph at napansin siya ni Margaret. “Sis parang ang lalim ng iniisip mo” sabi ng dalaga. “Hmmm wala lang” sagot ni Steph at bigla nalang nilapit ni Raymond ang kutsara sa bibig nya. “Aaaahhh” sabi ng binata at nagkatitigan sila.

“Sira ka talaga, marunong naman ako kumain mag isa” sabi ni Steph. “Aahhhhh” ulit ng binata at natawa ang dalaga at sinubo ang kutsara. Napataas ang kilay ni Margaret habang pinapanood ang dalawang tila nag eenjoy na nagkakatitigan.

After lunch pabalik na sila sa classroom at magkasabay naglakad si Steph at Raymond, si Margaret at Tim ay nahuli. “Tim, si Raymond at pinsan mo ba

ay…you know" pabulong na tanong ni Margaret. "Ha? You mean magbf gf?" sagot ni Tim at sumenyas ang dalaga na wag maingay. "Yeah parang ganon" sabi ni Margaret. "Hmmm wala naman ako alam or napapansin" sabi ni Tim. "Sure ka?" hirit ng dalaga.

"May girlfriend ako so if ever may nangyayari sa kanila alam ko, e lagi ko sila kasama e" sabi ni Tim. "Ah okay, I see" sumbat ni Margaret. "Pero kahapon nagdinner sila sa labas, treat ni Raymond kasi may cash prize pala yong panalo nya e" pahabol ni Tim at napangisi si Margaret. "I see…bait niya naman" sagot ng dalaga.

Pagdating gabi nandon sa kwarto ni Tim si Steph at naupo siya sa may bintana. Dumating si Raymond para turuan si Tim pero agad niya napansin ang dalaga. "Steph! Bumaba ka diyan. Tim bangon na, review na tayo" sabi ni Raymond. "Pare five minutes lang, pikit ko lang mata ko" sabi ni Tim kaya nakisiksik si Raymond sa tabi ni Steph sa may bintana.

"Ikaw ang tigas tigas ng ulo mo, sabi ko wag ka uupo dito pero sige upo ka parin ng upo dito sa bintana. Akala ko ba natanggal mo na ang ugaling ganito?" sabi ni Raymond. "E gusto ko nga nakaupo dito e, parang ang ganda kasi" sabi ng dalaga. "Asus, namimiss mo lang yung kitten mo nung bata tayo e, ano na ba tawag mo dati sa kitten?" tukso ni Raymond at biglang tumawa si Steph at pinalo ang binata.

"Sige subukan mo ipaalala at itutulak kita talaga" banta ng dalaga at tumawa si Raymond. "Oo na di na, pero alam mo wag ka na uupo dito, delikado dito talaga. Ang taas ng babagsakan mo o" sabi ng binata at sabay sila napatingin sa baba.

"Oo pero nandito ka naman ah" sagot ni Steph. "Oo ngayon nandito ako, pero may times na nakikita kita nakaupo dito, o diba? Wag ka na uupo dito, kung gusto mo maupo dito make sure nandito ako" sabi ni Raymond at napayuko ang dalaga at napangiti.

Sampung minuto lumipas at gusto na bumaba ni Steph para makapag review narin siya pero di makaalis ang dalawa sa bintana. “Ayan pano na tayo aalis dito?” tanong ng dalaga at nagtawanan sila. “Nung bata tayo kasyang kasya tayo dito at ang dali umikot at bumaba”

“This is the part where we go ooops” sabi ni Raymond. “Tim! Di kami makababa dito tulungan mo nga kami” utos ni Steph at bumangon si Tim at tinignan ang dalawa sabay tumawa. “Para kayong sardinas diyan, manigas kayong dalaga, pinasok niyo yan so kayo din umalis diyan” sabi ni Tim sabay tawa.

Sinubukan ng dalawa makababa pero pareho sila nahirapan, tawa ng tawa yung dalawa habang si Tim patuloy ang pang aalaska sa dalawa. “Teka isa lang ang paraan, magpapahulog ako paatras, it’s the only way” sabi ni Raymond. “Hoy wag na, pag magpapahulog ka sasabay ako” banta ni Steph. “Tsk wag, ako muna, don’t worry mababa lang yan, hayaan mo na akong mabukulan wag lang ikaw” sabi ni Raymond at inayos na niya ang pwesto nya para magpalaglag.

Nagpalaglag si Raymond sa sahig at kumabog ang likod nya, “Okay ka lang?” tanong agad ni Steph at ngumiti lang ang binata. Pumalakpak si Tim ngunit nakita nyang nagkatitigan ang dalawa at nagngitian. “Papalaglag ako” sabi ni Steph, “Saluhin kita” sumbat ni Raymond sabay binuka nya ng kamay nya.

Sobrang ngiti ang dalaga at hinarap ang binata at nagpalaglag. Sakto siya bumagsak sa ibaba ni Raymond at agad siya niyakap ng binata. “Okay ka lang?” tanong ni Raymond at muli sila nagkatitigan at nagngitian. “Ayos lang” bulong ni Steph pero ang lapit ng mukha nila sa isat isa. Biglang nalang hinaplos ni Raymond ang pisngi ng dalaga sabay kinurot.

“Ay potek! Ang sweet niyo shet!!! Paalala mo nga na maupo din kami ni Karen dyan at gawin ko din yan” banat ni Tim at biglang nahiya si Steph kaya agad siya tumayo. “Ano pare review na tayo?” tanong ni Raymond at dahan dahan siya tumayo. “Di na pare, kaya ko na, bukas nalang sa major natin” sabi ni Tim. “O sige then uwi na ako” sabi ni Raymond at umalis na siya.

Naupo si Steph sa tabi ng kama at di nya matanggal ang ngiti sa mukha niya. “Magpapalaglag ako” tukso ni Tim at pareho sila natawa. “Oy anong nangyayari sa inyo?” tanong ni Tim at kinilig bigla ang dalaga. “Wulah!” sabi ng dalaga at nagpunta ulit siya sa may bintana at umakyat sabay naupo. “Matigas ulo mo talaga, sabi nga ni Monching mo na wag ka uupo diyan pag wala siya diba?” tukso ni Tim pero di siya pinansin ng dalaga.

Nilaro laro ni Steph ang mga paa nya habang pinagmamasdan niya ang kwarto ni Raymond. “Oy diba sabi ko sa iyo wag kaa uupo diyan pag wala ako” biglang narinig ni Steph ang boses ni Raymond at pagtingin niya sa baba ay nandun ang binata. “Hala, ano ginagawa mo diyan?” tanong ni Steph. “Ikaw ano ginagawa mo diyan?” sumbat ni Raymond.

“Wala lang, gusto ko lang maupo talaga dito, pero ikaw ano ginagawa mo diyan? Akala ko umuwi ka na?” tanong ni Steph. “I knew uupo ka ulit dyan e, and sabi ko nga di kita hahayaan malaglag, sasaluhin at sasaluhin kita” sabi ng binata at napapikit si Steph at kinilig.

“Sige na bababa na, sige na uwi ka na” sabi ni Steph sabay bumaba na. “Goodnight Steph” sabi ni Raymond. “Goodnight Monching” sagot ng dalaga. “Hoy Tim! Alam ko nandyan ka, good night din sa iyo sige uwi na ako” sabi ni Raymond.

Parang bulateng nalagyan ng asin si Steph sa sahig at aliw na aliw si Tim sa kanya. “Pero alam mo mali din siya e” sabi bigla ni Tim at nagulat si Steph. “bakit naman?” tanong ng dalaga. “You only sit there sa window pag alam mo

he is nearby, or pag alam mo paparating na sya" banat ni Tim at biglang tumawa ng malakas si Steph.

"Che! Wag kang makikialam, siyempre alam ko naman na papansinin niya ako e" sabi ng dalaga at di siya mapakali. "Steph, ayaw ko magsound bad ha, don't forget Margaret and Pipay, di ko sinasabi na playboy si Raymond pero don't you think na he is being that way kasi nga kababata at parang sister ka nya?" banat ni Tim at napatigil bigla si Steph at tinignan ng masama ang pinsan niya.

"Alam mo totoo yang sinabi mo, naisip ko din yan pero wag mong sisirain ang good mood ko!!! Bwisit ka talaga!!! Di siya ganon!!!" sigaw ng dalaga at nag walkout.

Kinabukasan pagkatapos turuan ni Raymond si Tim ay dumalaw ang binata sa kwarto ni Stephanie. "Oy, bakit ka tulala diyan?" tanong ni Raymond pagkat nakita nya si Steph nakaupo lang at nakatanga. "Wala, alam mo yung YAM?" tanong ni Steph at natahimik si Raymond. "Well may naisip akong mas magandang version" sabi ni Steph. "Ows sige nga" sabi ng binata at tumawa si Steph at nahiya.

"Wag na nakakahiya baka sabihin mo korny ako" sabi ng dalaga at tawa siya ng tawa. "Sige na, game let me hear it" sabi ni Raymond. Tumayo si Steph at naglakad lakad habang tumatawa, "Tatawanan mo lang ako e" sabi nya. "Sus, sige na game parinig na version mo" sabi ni Raymond. "O sige basta wag ka tatawa" sabi ni Steph.

"Hmmm…alam mo ba yung kantang…ah…nakakahiya e" sabi ni Steph at seryoso siya tinignan ng binata. "Ano nga?" sabi ni Raymond at huminga ng malalim ang dalaga. "Yung kanta na ganito lyrics…imagine you and me, and me and you…gets mo? W-A-M-M-Y, Yammy!" sabi niya at biglang sumabog sa tawa si Raymond at napasimangot si Steph.

“See tatawanan mo ako e” sabi ng dalaga. “Hindi, okay nga pero bakit W?” tanong ni Raymond at biglang napaisip ang dalaga at sumabog sa katatawa. “Ay oo tanga ko, hahaha dapat Y yon, sorry, shet Y-A-M-M-Y dapat, you and me and me and you nga” sabi ni Steph at pareho sila nagtawanan. “WAMMY!” ulit ni Raymond at lumapit ang dalaga sa kanya at sinakal ang leeg niya.

“Yammy yon!” sabi ni Steph. “Wammy!” ulit ni Raymond at tawa pa sila ng tawa. “So happy together, na na na na na na” kanta ng binata at sumabay sa kanya ang dalaga. Ilang saglit pa pumasok sa kwarto si Tim at nakitang nagsasaya ang dalawa. “Oy, ano yan?” tanong niya at tumayo bigla si Raymond at nagpaalam nang umuwi. Pagkaalis ng binata ay nagsimangot si Steph, “Ikaw killjoy ka talaga ever!” sigaw nya at nagtungo siya sa kabilang kwarto.

Sa kwarto ni Tim dumunga si Steph sa bintana at eksaktong nakita si Raymond sa kwarto nya. “Oy bumalik ka na sa kwarto mo, matutulog na ako” sabi ni Tim. “Shut up ka nga” sabi ni Steph. Kinuha niya ang unan at pinagpapalo ang pinsan niya.

“Ikaw talaga killjoy ka, nakakainis ka talaga! Bwisit ka talaga!” sigaw niya at tuloy ang pagpapalo niya nang biglang napatigil siya pagkat may narinig silang kanta na galing sa kwarto ni Raymond. “Hay naku ano nakain non at ang lakas magpatugtog e gabi na” sabi ni Tim pero tuwang tuwa si Steph na dumungaw sa bintana.

“Imagine you and me, and me and you….” sabi ng kanta at tawa ng tawa si Steph pagkat kinakanta niya lang kanina pero ngayon pinapatugtog ng malakas ni Raymond sa kwarto niya. Dumungaw din si Raymond at sumigaw, “WAMMY!!!” at lalong sumabog sa katatawa ang dalaga.

Inulit ulit ni Raymond ang first line ng kanta at bigla niya tinuro si Steph at sarili nya, ganon din ang ginawa si Steph at nagtataka si Tim kung bakit nagtuturuan ang dalawa. Parang sinasaniban ang dalawa pagkat sa buong

kanta nagtuturuan sila, di makarelate si Tim pero naaliw siya pinapanood ang dalawa.

Kinabukasan papasok sa paaralan ay biglang bumanat si Raymond, “Wammy!” sabi nya at natawa nalang bigla si Steph. Napakamot si Tim at lalo pa nagulat nang nagkantahan bigla ang dalawang kasama niya. “Ah ewan ko sa inyo, para kayong nakadrugs” sabi ni Tim.

Lunch break at habang kumakain ay si Steph naman ang biglang bumanat ng Wammy at nagkantahan sila bigla ni Raymond na kinainis ni Margaret. “Ano nakain nila?” tanong ni Margaret kay Tim at biglang nagharapan sina Raymond at Steph at nagtuturuan.

“Imagine you and me, and me and you…” kanta nila sabay tuloy ang turuan. Paulit ulit ang kanta nila at di nabubuo ang lyrics ngunit halatang nagsasaya ang dalaga. “So happy together, na na na na na” kanta nila at biglang gumaya si Margaret at nakikanta at nakituro ngunit biglang tumigil ang dalawa at tinignan siya.

“O bakit kayo tumigil?” tanong ni Margaret. “Ha? Eh tapos na yung kanta e” sagot ni Raymond at biglang tumawa si Steph. Kumain ulit sila at masama ang titig ni Margaret kay Stephanie.

“Ah siya nga pala, may gagawin ka ba Sabado?” tanong ni Margaret kay Raymond. “Wala naman bakit?” tanong ng binata. “Ah wala naman, birthday ko lang, punta ka, sama mo siya” sabi ni Margaret. “Oo ba, sige Sabado” sabi ni Raymond. “Ahem, hello nandito din ako” sabi ni Tim. “Ah sure you too” sabi ni Margaret at tumawa si Tim. “Di na, may lakad kami ng girlfriend ko, sila nalang” sagot ni Tim.

“Ah sige ikaw nalang Monching” sabi ni Steph pero tinignan siya ni Margaret. “Oh no you should come, aasahan kita don” sabi ng dalaga. “Oo

pupunta kami sa birthday mo" sabi ni Raymond at biglang nagkatinginan ang magpinsan pero napayuko nalang si Steph at kumain.

"Oh at yung kinakanta niyo, mali siya. It should be imagine me and you and you and me" sabi ni Margaret at parang nagkaroon ng tensyon sa lamesa. "You may sing a song the right way but it has no meaning, singing it the way you want and being happy is a different story" biglang depensa ni Raymond at napangisi konti si Steph pero muli siyang tinignan ng masama ni Margaret.

Habang naglalakad pauwi kumalas si Tim para makipagkita kay Karen, "Monching, di na ata ako sasama sa Sabado, ikaw nalang" sabi ni Stephanie. "You and me and me and you we will go there together" kanta bigla ni Raymond at tumawa si Steph at tinuloy ang kanta, "Na na na na na na na na " kanta niya at tila naalis ang dinadamdam niya.

Chapter 12: Peshe

Friday ng gabi ay pinatawag ni Raymond si Steph sa kanila, pagdating ng dalaga ay dumiretso sila sa kwarto. Kinakabahan ang dalaga at pagsara ng pinto ay di siya mapakali. “Ah Steph, tulungan mo nga ako mamili kung ano ang isusuot ko para sa party bukas” sabi ni Raymond at ang kaba napalitan ng pagkainis. “Asus party lang yon so kahit ano isuot mo” sabi ng dalaga.

“E di nga ako marunong pumorma e, sige na, party yon at rich sila malamang dapat presentable” sabi ng binata. “Dami naman arte nito birthday lang, poporma porma pa e alam mo na nga may boyfriend siya” pabulong na sinabi ni Steph pero dinedma siya ni Raymond. May pinili si Steph pero ayaw ni Raymond, nahiga si Raymond sa kama at si Steph ang nagkalkal sa cabinet ng binata.

Trenta minutos ang lumipas ang wala parin nagustuhan si Raymond. “Ang dami mong arte, ang dami ko na tinuro ayaw mo naman. Bakit mo pa ako tinawag dito kung ayaw mo din lang naman yung pipiliin ko?” sabi ni Steph sabay nahiga sa tabi ng binata at napansin niya bigla ang malaking calendar sa pinto.

“Oy bakit may malaking number two sa August 11?” tanong niya. Tahimik si Raymond at kinakalikot ang kanyang phone. “Oy sagutin mo tanong ko” sabi ni Steph. Nag hum lang ang binata kaya lumapit ang dalaga at piningot ang kanyang tenga. “Explain” pacute niya.

“Ah yan? Wala yan, wala lang ako magawa that time so 11 is one plus one equals two, so ayan two” sagot nya at biglang napansin ni Steph na nakabilog ng pula ang petsa ng August 15. “wow naman nakabilog pa ng pula ang August 15 o” sabi ni Steph at ngumiti si Raymond. “Siyempre, special day e” sagot ni Raymond at tumayo si Steph at naglakad papunta sa pinto. “Ikaw na bahala mamili! Wala ka naman gusto sa sinasabi ko e” drama ng dalaga.

“E pano naman lahat ng pinili mo di babagay sa green” sumbat ni Raymond at napatingin sa kanya ang dalaga. “Green? Bakit green ba ang motif?” tanong ni Steph. “Hindi, diba favorite mo ang green, maganda yung green dress mo, so dapat terno tayo diba?” sabi ni Raymond at muling nanigas si Steph at napangiti. Bumalik siya sa cabinet at namili muli, pinakita niya kay Raymond pero dinedma siya ng dalaga. “Oy tignan mo na kasi” sabi nya.

“Ikaw na bahala basta iterno mo sa green dress mo” sabi ni Raymond at busy siya naglalaro sa kanyang PSP. “Sino ba kasi nagsabi yun ang isusuot ko?” tanong ni Steph. “Ha? Di mo isusuot yon? Oh di kahit ano na basta iterno mo sa isusuot mo then” sabi Raymond at natuwa ang dalaga na namili.

“Pero alam mo maganda yung green dress mo” sabi ni Raymond at lalong natuwa ang dalaga at sa wakas nakapili siya. “O sige na nga eto na, sige na may gagawin pa ako” sabi ni Steph at biglang tumayo si Raymond.

“Hatid na kita” sabi ng binata. “Aysus para lang diyan sa tapat ihahatid pa, wag na maglaro ka nalang diyan” sabi ni Steph at napansin ni Raymond ang damit na napili ng dalaga. “So you are going to wear it then?” tanong ng binata. “Natural, gusto mo yon e, sige na uwi na ako, bukas nalang” sabi ni Steph sabay umalis. Sinara ni Raymond ang pinto nya at sa petsang 15 minarkahan niya ng malaking tres sabay ngiti.

Sa kwarto ni Tim biglang pumasok si Steph dala ang green dress niya. Sinusukat niya ito sa sarili niya at naglalakad lakad. “Oy insan ang laki ng ngiti mo ata. Hoy anong ginawa mo kina Raymond?” tanong ni Tim. “Wulah!” sabi ni Steph at nagsasayaw siyang parang prinsesa habang hawak niya ang dress niya.

“Hmmm…I smell something peshe” sabi ni Tim at tumawa si Steph. “Anong peshe naman? Grabe ka its just a birthday party that we are going to attend together” sagot ng dalaga at lalong naintriga ang pinsan niya. “Birthday ni

Margaret yon" paalala ni Tim at ngumiti parin si Steph. "So what? She invited me too, so kami ni Raymond pupunta don together" sagot ng dalaga.

"Together? Hmmm talagang dinidiin mo yung word na yan, hmmm really peshe ha" sabi ni Tim at tawa ng tawa si Steph. "Insan wag mo na sisirain ang mood ko please, let me have this moment insan, I don't care kung may feelings pa sya kay Margaret but I don't know, lately parang nakakakonek kami e. Not just childhood friends, I feel something different about him. Mas maganda na yon insan kesa sa wala, tiisin ko na ang selos basta insan, happy talaga ako. Please wag mo na alisin tong munting kasiyahan ko" sabi ni Steph at napangiti nalang si Tim.

Kinabukasan sabay lumabas ang tatlo at nakipagkita muna kay Karen sa malapit na store. "Wow naman, terno ah, san naman ang lakad niyong dalawa?" tanong ni Karen. "Makikibirthday" sabi ni Raymond. "Peshe" sabi ni Tim at nagtawanan silang dalawa ng girlfriend niya. "Ano namang peshe dito?" tanong ni Steph at nginitian lang ng magsyota ang dalawa.

Dumiretso na sa bahay ni Margaret ang dalawa, madaming tao ang nandon kaya medyo nahiya sila at sa isang sulok lang tumayo. Suot ang isang pink dress lumapit si Margaret at pinansin ang dalawa, "Wow, save the earth movement ba kayo?" tukso ng birthday girl.

"Halikayo tara doon" sabi ni Margaret at biglang umakbay kay Raymond. Naglakad sila at naiwan si Steph pero lumingon ang binata at inabot ang kamay niya. Napangiti si Steph at humawak sa kamay ng binata sabay sabay sila naglakad at napag gitnaan si Raymond ng dalawang nagsisigandahang dalaga.

Paikot ikot sila sa loob ng bahay at talagang sinusubukan ni Margaret agawin si Raymond palayo ngunti di binibitawan ng binata ang kamay ni Stephanie. May lumapit na isang babae at nakipag beso beso kay Margaret sabay bigay ng regalo, inabot ng birthday girl ang regalo ni Raymond at

pinahawak. Dumating bigla si Marwin at mabilis na hinila ni Margaret si Raymond palayo. “Samahan mo ako saglit” sabi ng birthday girl, “Marwin samahan mo muna siya” pahabol niya.

“Gumaganda ka Steph ha” banat ni Marwin at nainis ang dalaga at sinusundan ng tingin si Raymond na lingon din ng lingon sa kanya. “Di ka ba worried at sinasama sama ni Margaret si Raymond imbes na ikaw?” tanong ni Steph. “Si Raymond? Why should I worry? Pero Steph grabe gumaganda ka talaga” sagot ni Marwin. “Thank you naman, period” sagot ng dalaga at nagtaka si Marwin.

“Period? Bakit may period?” tanong niya. “Slow ka talaga, period meaning hanggang don ka nalang. Kaya kahit ilang beses mo pa ulit ulitin at ambunan ako ng magagandang salita tandaan mo hindi ikaw siya” paliwanag ng dalaga at napatingin si Marwin kay Raymond.

“Siya? Ahahaha malabo ba mata mo Steph?” banat ni Marwin. “Bakit Marwin pag umiibig ka mata ba ginagamit mo? Pag ang mata mo di na gusto ang nakikita niya don narin ba nagtatapos ang pag ibig mo? Pag ang mata mo nagsawa na sa nakikita niya di mo na siya mamahalin? Pag ganon tanga ka, maaring 20/20 ang vision mo pero ang puso mo may depekto, magpatingin ka na.” banat ng dalaga at lumayo.

“Akala mo naman kung sobrang ganda ka. Kung makapagsalita ka naman” banat ni Marwin at bumalik si Stephanie at palaban ito. “Oh sorry alam mo ba I have 20/20 vision, oo nakikita ko super gwapo ka pero alam mo kilala kita e kaya itong 20/20 vision ko lumalabo pag ikaw nakikita ko”

“Of course hindi mo maiintindihan bakit gusto ko si Raymond kasi makitid utak mo at mata mo lang ginagamit mo. Kung nabulag ka man tapos nagmahal ka na talaga ng di mo nakikita, saka mo siguro maiintidihan bakit. So habang malinaw pa mga mata mo you will never know” sermon ng dalaga sabay tuluyan nang nag walk out.

Oras na para sa kainan at lahat pinagtipon sa malaking hall, buffet style ang pagkain at may mga waiter na nagbigay ng mga plato sa mga guests. Nahihiya si Steph kaya tumayo lang siya sa isang sulok habang napatingin siya sa sentro kung saan nandon ang birthday girl. Sa bawat tabi ng dalaga nakatayo si Marwin at Raymond, "Okay no more singing the birthday song, kain na kayo lahat. Enjoy!" sabi ni Margaret.

Di makapaniwala si Raymond sa nakita niya, lahat ng nakahanda ay seafoods. "Tara kain na tayo" sabi ng dalaga at masama ang tingin ni Raymond sa kanya. "You bitch" bulong niya at nagulat ang dalaga at umentrada si Marwin. "Hoy ano sabi mo?" tanong niya at tinulak si Raymond. "Wala pare, sabi ko bagay kayo" sagot niya sabay umalis.

Sa isang sulok nakakuha na si Steph ng pagkain, tinititigan niya lang ang mga nakuha niyang seafoods at tinusok niya ng tinidor ang isang breaded fish at huminga ng malalim. Isusubo na sana niya pero may biglang humawak sa kamay niya. "What are you doing?" tanong ni Raymond. "Nakakahiya naman kasi pag di ako kumain" sabi ng dalaga. Inagaw ni Raymond ang plato at nilapag sa lamesa, hinawakan niya ang kamay ni Stephanie at dumiretso sila sa pinto.

"Hoy, san tayo pupunta?" tanong ni Steph. "Raymond wait!" sabi naman ni Margaret at hinabol ang dalawa. "Okay I am sorry, but you have to understand" sabi ng birthday girl at masama ang tingin ng binata sa kanya. "You bitch! Sinadya mo to e" sabi ng binata at umentrada nanaman si Marwin at muling tinulak ang binata. "Sumusobra ka na ah" sabi ni Marwin.

"Nagsasabi lang ako ng totoo pare" sabi ni Raymond at muli siyang tinulak ni Marwin. "Pare isa pang tulak at pagpipiliin kita, pangit na varsity player o gwapong lumpo" banat ni Raymond at hinarap si Marwin. "Teka nga kayong dalawa don't fight here" sabi ni Margaret.

“Tara Steph alis na tayo” sabi ni Raymond at bigla siya hinawakan ni Margaret. “Uy wag naman” hiling ng dalaga. “Di mo ba nakikita? Ang pink di bumabagay sa green, you two you deserve each other. Isang selfish at isang greedy, together you two really smell peshe” banat ni Raymond at nagulat yung magsyota.

“Anong smell peshe?” tanong ni Margaret. “Peshe in your case malansa, beauty no brains nga naman. O ikaw wag kang poporma porma pag di mo kaya. Di nadadala ng kagwapuhan ang suntukan, remember the choices I gave you at pag may nagustuhan ka anytime pare puntahan mo ako” sabi ni Raymond at hinawakan ang kamay ni Steph at umalis na sila.

Nang makalayo sila di mapigilan ni Steph ang mapangiti, masayang masaya siya pagkat alam niyang wala na si Margaret sa buhay ni Raymond. “Oy Raymond, don’t you think you went overboard naman?” tanong ng dalaga at ang galit na galit na itsura ng binata biglang nagbago at ngumiti sya. “Tama lang, they deserve it” sagot nya. “So pano na yan? Di ba type na type mo siya?” tukso ni Steph at napangisi ang binata.

“We all make mistakes, lahat natutukso, buti nalang nalang nilabas niya agad pangil niya bago ako nakagat” banat ng binata at biglang tumawa si Steph. “So wala na siya?” hirit ng dalaga at tinignan siya ni Raymond. “E dati naman siyang wala ah, parang hangin na dumaan lang” banat ni Raymond at muli silang nagtawanan. “But you kissed her” sabi ng dalaga at napabuntong hininga si Raymond. “Oh well yeah I did” sabi nya.

“First kiss and you liked it” hirit ni Steph. “E first kiss e, ano magagawa ko ba? Wala naman ako comparison kasi first nga. To hell with the first kiss, inaantay ko parin ang the best kiss, yun ang importante” sagot ng binata. “Hmmm bakit di ba pwede maging best kiss yung first kiss?” tanong ni Steph. “Pwede naman, lalo na pag di nasundan yung first hahaha e di wala ka nang pag compare” sagot ni Raymond.

“First kiss nga tapos next day namatay ako kasi nabagsakan ako ng comet” biro ng binata at nagtawanan yung dalawa. “First kiss nga tapos di na nasundan kasi naubos na pala ang girls sa mundo. Ganon lang yon so kiss lang yun na una, di yun ang best” paliwanag ni Raymond.

“So ano naman sa tingin mo makakahalik ka ulet ng iba?” biglang banat ni Steph at natawa si Raymond. “Ah ganon, parang iniismall mo ako ganon?” sumbat ng binata at nagtawanan sila. “No naman I was just saying if naman e. Diba?” paliwanag ni Stephanie.

“Well pag di na ako nakahalik ng iba then that would be sad, still my first kiss wont be my best kiss kasi alam ko I missed the chance to have my best one” drama ni Raymond at di mapalagay ang dalaga.

“So sino nga ba ang magbibigay ng best kiss mo?” tanong ni Steph. “Syempre the one you really really really like, not the like na like mo lang, but the like na lagi mo siya iniisip, kahit ayaw mo isipin iisipin mo parin siya. Sayang nga at di sya yung naging first kiss ko, o di sana first and the best agad” sagot ng binata at lalong napaisip si Steph.

“Steph madami kang tanong, nagugutom ako, wala ako masyado dala dito kaya okay lang ba kung burger lang?” sabi bigla ni Raymond. Madami pa sana gusto tanungin ang dalaga pero tumigil na sya at nginitian ang binata. “Pero di ba masyado tayong formal?” sagot niya. “Bagay naman ah” sumbat ni Raymond at natawa si Steph. “Sige, tara gutom narin ako e” sagot ng dalaga at agad sila sumakay ng jeep.

“Ang pink di bumabagay sa green” pabulong na sabi ni Steph at ngumiti si Raymond. “So saan ba bumabagay ang green?” tanong ng dalaga at dinikit ni Raymond ang katawan niya sa kanya. “Sira to tayo lang nakaupo dito nakikisiksik ka pa” sabi ni Steph. “Sira ito sagot ko, o” sabi ni Raymond at muli niyang dinikit ang katawan niya sa dalaga.

Nagtakip bigla ng bibig si Steph at natawa, siniko niya ang binata at pareho sila tumawa. Di niya maintindihan ang nararamdaman niya ngunit naintindihan niya ang nais iparating ng binata. “August 15, binilugan pa ng red o” biglang sabi ni Steph at ngumisi si Raymond. “Special day e, alam mo ba nasulatan ko yon ng three” sabi nya at biglang napaisip ang dalaga. “Dapat hindi ko susulatan e, pero ewan ko sinulatan ko lang siya ng three” hirit ni Raymond.

“Three? Bakit three e ang one plus five di naman three?” sabi ni Steph. “E sa totoo ang eleven di naman talaga one plus one yon equals two e, palusot ko lang yon” paliwanag ni Raymond at lalo naintriga ang dalaga. “Hmmm peshe ah” sabi ni Steph at nagtawanan sila bigla.

Nakarating sila sa favorite fastfood resto ni Steph at nag order ng burger at drinks. Iniisip parin ng dalaga ang ibig sabihin ng mga number pero gulong gulo siya. “So kung may two at three, malamang may one right?” tanong ng dalaga. “Yup, korek ka dyan” sabi ni Raymond. “So anong date mo sinulat ang one? Sige na para di na ako mag isip” sabi ni Steph at biglang nagseryoso si Raymond.

“Kailan nga ba Steph? That day…after class…right at this place…oo dito naganap yung one din” sabi ni Raymond at biglang nabitawan ni Step hang burger niya at nagkatitigan sila. Natatandaan ni Steph ang araw na yon, naipagtugma tugma na niya ang mga ibig sabihin ng mga numero, bumilis ang tibok ng puso nya pagkat ang mga araw na yon ay araw na magkasama sila.

“Monching…ano to? Ano ibig sabihin nito? Why are there so many acronyms and numbers?” tanong ni Steph at napailing si Raymond. “Steph kilala mo naman ako e, dati I cant express my feelings and I do regret it, but now I am trying little by little, oo takot pa ako pero through simple acronyms and numbers I am doing it. I actually prepared another acronym for this day too. Oo I marked this day red not because birthday ni Margaret, but this day sana I was supposed to give you another acronym ulet pero siguro mas maganda na sabihin ko nalang sa iyo” sabi ni Raymond at nanginginig na si Steph.

“Steph…gusto ko sabihin sa iyo na…ahahaha shet ang hirap acronym nalang mas madali, kaya MK!” sabi ni Raymond at lumukso bigla ang puso ng dalaga at natawa. “MK? Ano yan? Explain” banat ni Steph at napailing iling si Raymond at napatingin sa paligid. “Basta MK nga” ulit ng binata. “Anong MK nga?” tanong ni Steph at tawa sila ng tawa.

“Basta yon na yon, MK” sabi ni Raymond. “E malay ko ba sa MK na yan. Sus baka iba interpretation ko or translation, so tell me kasi ano yon” hirit ni Steph at huminga ng malalim si Raymond at tinignan ang dalaga.

“Mahal Kita”

Chapter 13: Doubt

Lingo ng umaga sa kwarto ni Tim, nandon si Steph at si Karen. Nakahiga ang magsyota sa kama habang si Steph nakatayo at game na game nagkwekwento. “Oo grabe imagine pinapunta ako don tapos seafoods pala lahat ng handa. Hay grabe nakita niyo sana si Monching talaga ang galing niya” kwento ng dalaga sabay kinikilig.

“Di bagay ang pink sa green sabi nya don sa bitch na yon ah. Tapos muntik sila mag away ni Marwin pero ang galing galing nya talaga grabe. Ano gusto mo gwapong lumpo o pangit na varsity? Di nadadaan sa kagwapuhan ang suntukan. Kung nakadecide ka ano gusto mo puntahan mo ako” sabi ni Steph habang gaya gaya ang tono ni Raymond at aliw na aliw ang dalawa sa kama.

“Hay naku Steph kanina mo pa umaga inuulit ulit yang kwento na yan” sabi ni Tim. “Oo nga, ang gusto namin sabihin mo yung nangyari after at ano sinagot mo?” sabi ni Karen at napangiti si Steph at naupo sa sahig. “Like what is said, teka teka kinikilig nanaman ako…sabi nya mahal niya ako” kwento ni Steph at kinilig din yung dalagang nasa kama.

“And then? Ano sinabi mo sa kanya?” tanong ni Karen at napasimangot si Steph. “Alam niyo grabe parang dinig na dinig ko ang pintig ng puso ko na napakalakas. Automatic akong napangiti, di makagalaw mga labi ko, parang gusto ko lang maulit ulit niya sabihin mahal niya ako. At that moment I was so happy, so happy, but…parang nagkadoubt ako. I mean oo aminado ako I do really like him, love him oo I do but parang bakit may doubt ako?” sabi ni Steph.

“Ha? Sira ka talaga! So what did you tell him?” tanong ni Karen na biglang napaupo. “I said…I don’t believe you” sagot ng dalaga at pati si Tim napabangon sa kama. “Yan na sinasabi ko e, ikaw may problema e. Yan na nga ang gusto mo tapos sasabihin mo you don’t believe him? Kristine Stephanie Vera ikinahihiya kita! Ahahaha joke lang pero insan siraulo ka ba?” banat ni Tim at lalong napasimangot si Steph.

“Karen maiintindihan mo ako diba? I do love him but may doubt ako e. I mean bakit now lang? E sino ba nag inspire sa kanya mag aral ng mabuti? Sabi mo nga insan na he studies para di niya maisip si Margaret diba? Tapos sabi din niya hindi si Margaret ang talagang iniisip niya lagi, si Pipay. Oo wala na si Margaret pero may Pipay pa naman ah. E ano ako? Bakit ako never niya nabanggit before? Ayun ang gumugulo sa isip ko. Ano ako last resort? Napansin ba niya na love ko siya so nagdecide siya na magsabi ng ganon sa akin?” drama ni Steph at tumayo na si Karen at nakitabi sa kanya.

“So anong sinabi niya after?” tanong ni Karen at huminga ng malalim si Steph at naluha. “Karen…ramdam ko ang kalungkutan niya nang sinabi ko di ako naniniwala sa kanya. Parang nakita ko namuo mga luha niya. Pero nagpatawa nalang siya at nag iba ng topic pero bakit ganon? Naniniwala ako sa kanya na hindi. Shet parang pumalpak nanaman ako Karen” sabi ni Steph at tuluyan na siyang naiyak.

“Gaga wag kang ganyan, the good thing is he admitted na he loves you. Okay lets take it from there. Now sabi mo may doubt ka diba?” sabi ni Karen. “Oo eh pero normal lang naman yon diba?” sagot ni Steph. “Oo normal lang yon, gusto mo lang matanggal yung doubt talaga so ask him. Ganon lang kasimple yon” payo ni Karen. “Ask him what?” tanong ni Steph.

“Ask him about yung doubts mo. Ask him about Pipay. Alam ko naman siya nalang humahadlang e diba?” sabi ni Karen. “Oo nga e, sino ba kasi yang Pipay na yan? Kung wala lang siya okay na sana e” sabi ni Steph. “So kung gusto mo maliwanagan then go to him and ask him. Diretsuhin mo, sabihin mo ang tunay mong nararamdaman ang force Pipay out” payo ni Karen at pinunasan ni Steph ang mga luha niya at biglang tumayo.

Naglakad siya palabas ng kwarto at sinara ang pinto. Ilang saglit lang ay bumalik siya at biglang tumawa. “Pero sinabi nya sa akin na mahal niya ako” sabi nya bigla at kinilig ulit. “Sinabi niya mahal niya ako, sinabi niya mahal

niya ako. Hayaan ko na kaya si Pipay? Kasi sinabi nya mahal niya ako e" sabi ni Steph sabay tumawa.

"Pipay…Pipay…Pipay…Pipay" paulit ulit na sinabi ni Tim at biglang tumigil si Steph. "Oo nga, hay no choice talaga" sabi ni Steph at biglang nagbukas ang pinto at pumasok si Raymond. "Anong meron dito?" tanong niya at nagsenyasan si Tim at Karen at tumayo sila. "Sige iwan muna namin kayo dito at may lakad kami" sabi ni Tim at lumabas sila ng kwarto ni Karen.

"Ah sige uwi narin ako Steph" sabi ni Raymond pero biglang humarap sa kanya ang dalaga. "Dito ka lang, upo ka dito" sabi ng dalaga at tinuro niya ang kama. Naupo si Raymond sa kama at naglakad lakad si Steph sa kwarto.

"Monching…yesterday" sabi ni Steph. "Ay yon, kalimutan mo na yon" sabi ng binata. "Tsk, anong kalimutan?" sagot ng dalaga. "Hayaan mo na yon" ulit ni Raymond. "Wait, listen, hay, alam mo Monching happy talaga ako sobra nung sinabi mo na mahal mo ako" kwento ni Steph. "Oo na Steph pero hayaan mo na pag di ka naniniwala" sabi ni Raymond.

"Shut up nga at makinig ka" pagalit na sinabi ni Stephanie. Huminga ng malalim si Steph at tumayo sa harapan ng binata. "Oo di ako naniniwala pero gusto ko maniwala kasi…Mahal din kita Monching matagal na" sabi nya at nanlaki ang mga mata ng binata at napanganga.

Pareho sila napangiti at nagkailangan ngunit napayuko nalang si Raymond. "Stephanie Mahal kita, just tell me what I need to do to prove it to you" sabi ng binata. "Monching mahal na mahal kita matagal na. Kay daming beses na ako halos mamatay sa selos, I really want to believe you pero recent events e parang nabigyan mo ako ng doubt. Kilala kita matagal na, yesterday nung sinabi mo I believed you pero sorry bigla ko naisip ang madaming bagay e. Mga bagay na di pwedeng kalimutan at tumatak na at nagdulot ng hapdi" banat ng dalaga at sabay pa sila natawa.

“Steph do you want to sit down and lets talk about the pighatis?” tanong ni Raymond at bigla nalang siya niyakap ng dalaga. Pareho sila nagyakapan ng mahigpit at naging tahimik ng ilang segundo.

“Steph mahal kita” bulong ni Raymond. “Mahal din kita Monching” sagot ng dalaga at bumitaw na siya. Naupo si Steph sa tabi ng binata at nagharap sila. “I must admit masarap ang yakap ha, pwede ulet?” sabi ni Raymond at pinalo ng dalaga ang kamay niya. “Saka na pag ayos na, game nasa hot seat ka” sabi ng dalaga at huminga ng malalim si Raymond. “Ready na tita Kwis” sabi nya.

“Okay, wag ka din magagalit kay Tim kasi nagkwento din siya sa akin. Oo by force. Una, about Margaret” banat ng dalaga at napangiti si Raymond. “Steph matagal na kitang gusto, kaya lang di laging maganda ang turing mo sa akin pero di naman nawala ang gusto ko sa iyo e” sabi ni Raymond at kinilig ang dalaga pero pinalo siya. “Ang layo ng sagot mo sa tanong ko” reklamo niya.

“I am starting from the beginning Steph, so listen to me naman” paliwanag ni Raymond at huminga ng malalim ang dalaga at pinagmasdan ang mahal niya. Steph sabi ko nga matagal nang nahulog loob ko sa iyo, alam mo naman siguro how you treat me dati so parang sa tagal na ganon lagi nawalan ako ng lakas ng loob na ituloy but never ka nawala sa puso ko”

“Then Margaret came, oo she caught my attention. Yeah I liked her. Pero not that much, I still liked you better. The moment I mentioned I liked her I saw your reaction, medyo naguluhan ako sa totoo. Di ako makapaniwala talaga pero parang nakita ko nagselos ka kaya masaya ako kaya ko dinikdik talaga. I wanted to prove na tama napansin ko so tinuloy ko na saying I really like Margaret, I really did but not that much. Sana maintindihan mo yon” kwento ni Raymond at napapangiti ang dalaga pero pinipigilan lang niya.

“First day of classes, seeing with Margaret with Marwin, masakit? Medyo pero expected na. Pero alam mo mas nasaktan ako nung nakita kang may kaakbay na lalake, si Eric. Oo don talaga ako nasaktan” kwento ni Raymond at

nagtakip ng bunganga si Steph at nanlaki ang kanyang mga mata. “Sobrang sakit na talagang di ko alam gagawin ko. Shet first love ko may kasama nang iba, don talaga ako nasaktan. I tried to act normal in front of you, ginagawa kong rason ang nakita ko kay Margaret, ganda nga ng timing talaga e. I was really hurt seeing you with that Eric, lalake ba talaga yon?” sabi ni Raymond at tumingin sa malayo si Steph at pinigilan ang tawa niya pero natauhan din lang.

“So ayon, di ko mabura sa isipan ko yon. So I studied. Pero nalito ako, nawala bigla si Eric. Tapos yon nanaman e, nakita ko ata nagseselos ka kay Margaret, the lunch thing. Then si Margaret naman nagseselos din sa iyo. That point I admit gusto ko makabawi parang ganon or make sure tama yung nakita ko sa iyo na selos”

“Pero confused din ako. Then the kiss came, sorry pero oo naging masaya ako kasi naman first e. Pero sabi ko nga sa iyo about the kiss, I don’t have to repeat it, how I wished my first kiss was with you, pero medyo kasi remember I kissed you on the cheeks several times, kung malakas lang loob ko non sa labi sana pero sapat na sa cheeks” kwento ng binata at nagtawanan silang dalawa.

Nahiga Raymond sa kama at tumingin sa kisame, “Honestly Steph its all about you. Pero oo aminin ko nagkagusto ako sa iba, yeah its normal pero kahit na ganon I still felt guilty alam mo ba? Ahaha kahit di naman tayo I really felt guilty liking Margaret. Nakakatawa ano? Feeling ako, feeling ko girlfriend kita at nagtataksil ako kahit di naman” sabi ni Raymond at sumandal din si Stephanie sa kama at napangiti. “Pero still you kissed her” kulit niya at napasimangot ang binata.

“Steph pag di ka naniniwala sa akin its okay. Mahal kita matagal na, naging complicated, torpe ako, di ko na alam ipapalusot ko sa mga nangyari pero ayaw ko din magrason. If I have hurt you, I am sorry. I feel so happy knowing that mahal mo din ako, pero kung may doubt ka then I am willing to wait, I am willing to do anything para mapatunayan ko sa iyo na mahal kita”

“Pero pag wala ka talaga tiwala sa akin, tanging hiling ko nalang ay sana wag maging awkward pagsasamahan natin from now on. If you don’t believe me wish ko kalimutan nalang natin ang mga nangyari and sana we still be the same, act the same. Kasi okay lang na sabihin mo wala ka tiwala sa akin kesa naman na tuluyan kang mawawala” drama bigla ni Raymond.

Nakangiti lang si Steph at pinagmamasdan si Raymond, napatingin sa kanya ang binata at napangiti din. “O sumagot ka naman” sabi nya. “Mahal mo talaga ako?” tanong ng dalaga. “Oo, pero kahit sabihin ko oo di ka naman naniniwala” sumbat ni Raymond. “Naniniwala ako at mahal din kita…pero…” sabi ni Steph at napataas ang kilay ng binata.

“Pero ano?” tanong ni Raymond. “I believe your story but parang may nakalimutan ka isama e” biglang banat ni Steph at tumawa ng malakas si Raymond. “Don’t tell me si Pipay?” sabi nya at napasimangot si Stephanie at biglang tumawa si Raymond.

“Steph mahal kita, at mahal mo din ako diba?” tanong ni Raymond. “Oo pero may Pipay pa” sabi ng dalaga. “So habang may Pipay it wont work out for us?” tanong ni Raymond. “Tandaan mo ang drama mo Monching, gulong ka, gusto mo ng unicycle, willing ako mag unicycle pero gusto ko ako lang. Ayaw ko na may nakiki unicycle gets mo?” banat ni Steph at muling natawa si Raymond.

Tahimik si Raymond pero nakangiti, nainis bigla si Steph at pinagpapalo siya. “Oy, ano na?” tanong ng dalaga. “You are worried about Pipay?” tanong ni Raymond at napasimangot ang dalaga. “Oo! Tandaan mo tumatak ang sinabi mo about her, akala mo masarap pakinggan mga sinabi mo?”

“Hello! Deep wounds yon! Akala mo ikaw lang di nakakatulog sa gabi kakaisip sa akin…well ako naman di makatulog sa gabi kakaisip diyan sa Pipay na yan! Sino ba yan? Kung wala kayo I want you to introduce me to her, ipakita mo siya sa akin. Kahit yon lang Monching, para naman may closure. Kaya mo ba gawin yon?” sabi ni Steph at huminga ng malalim si Raymond.

“You really want to meet Pipay?” tanong ni Raymond sabay tinitigan ang dalaga. “Yes I want to meet her, or even just see her. Lagi kita kasama araw araw so I know walang nagaganap sa inyo, so I just want to see her para naman magkamukha yang babaeng pinagseselosan ko” sagot ni Steph.

“If I show her to you will we be okay?” tanong ni Raymond. Huminga ng malalim si Steph at hinawakan ang kamay ng binata.

“Oo Monching, bigyan mo lang mukha yung pinagseselosan ko at okay na tayo”

Chapter 14: Pipay

Lumipas ang ilang araw at di pinapakilala ni Raymond kay Steph si Pipay. Sa galit di na pinapansin ng dalaga si Raymond. Sabado ng umaga dumalaw si Raymond sa kwarto ni Tim at galit na galit ang kaibigan niya. “Hoy tado ka, pati ako galit si Steph, ipakilala mo na kasi si Pipay” sabi ni Tim at tumawa lang si Raymond.

“Hayaan mo siya magalit” sabi ni Raymond at naupo sa tabi ng kaibigan niya. “Anong hayaan? Sus ikaw ba ang nakatira dito? Buti ikaw di ka lang niya pinapansin, e ako? Diyos ko pare araw araw siya nagbubuhos ng galit dito, araw araw siya nagtatantrum. Kaya please pare nagmamakaawa na ako please” hiling ni Tim.

“Pero pare, mahal mo ba talaga si Steph?” tanong bigla ni Tim at tinignan ang kaibigan niya. “Oo pare, okay lang ba na maging kami?” sagot ni Raymond at natawa si Tim. “Tado to o, bakit ka pa nagpapaalam sa akin? Pag ikaw wala ako problema, kilala na kita pare pero please lang pare si Pipay ipakilala mo na” sabi ni Tim at nagtawanan sila.

Tumayo bigla si Raymond at huminga ng malalim. “Galit na galit na galit na ba talaga siya pare?” tanong niya at bigla siya sinuntok ni Tim sa braso. “Ano gusto mo antayin mo akong makalbo bago ka maniwala?” sabi nya at tawa sila ng tawa.

Kumatok si Raymond sa pinto ni Steph pero ayaw buksan ng dalaga. “Steph, usap tayo” sabi ng binata. “Shut up, go away” sabi niya. “Steph sige na please” pakiusap ni Raymond pero di nagsasalita ang dalaga. Sinandal ni Raymond ang ulo niya sa pinto at lumipas ang sampung minuto at di talaga ito binubuksan ng dalaga.

“Steph pupunta tayo sa mall at titignan si Pipay” sabi ni Raymond at agad nagbukas ang pinto at nagulat siyang makita si Steph na nakabihis na. “Tara” sabi ng dalaga at umakbay sa kamay niya. “Wow bilis ah” sabi ni Raymond. “Pinagloloko mo ba ako?” tanong ni Steph at napakamot si Raymond. “No joke, this is it” sabi niya. “Good, tara na, time is gold” sabi ni Steph at lalo niyang hinigpitan ang pag akbay sa kamay ng binata.

“Ahem ah Steph akala ko ba ka sa akin e bakit yan?” sabi ni Raymond sabay turo sa pagyakap ng dalaga sa kamay niya. “Oo galit ako sa iyo pero namiss kita” sagot ng dalaga at napangiti si Raymond. “Dapat pala ginagalit kita lagi e” banat ni Raymond at bigla siyang sinikmuraan ng dalaga. “Ganyan gusto mo? Sige galitin mo pa ako at di lang yan matitikman mo” banta ni Steph. “Okay lang Steph…kahit masaktan pa ako basta ikaw” sagot ni Raymond at napangiti ang dalaga pero balik poise kunwari galit.

Nakarating sila sa mall at biglang kinakabahan si Steph. “Uy Monching is she pretty?” tanong ni Steph. “Hmmm yup she is” sagot ng binata at bigla siya kinurot ng dalaga. “Ah ganon, so pretty pala siya, e di magsama kayo” banat ni Steph at tumawa si Raymond. “O bakit di ka bumibitaw?” tanong ni Raymond at napangiti si Steph. “Nagbibiro lang ako bakit may reklamo ka?” sumbat ni Steph at napangiti nalang ang binata.

“Mon, ano ba? Did you text her or call her to meet us? Ano? Ah does she work sa mall or may shop ba sila?” tanong ni Steph at tahimik lang ang binata. “Oy pag nagtanong ako sagutin mo ha” sermon ng dalaga at tumawa lang si Raymond. “Malapit na tayo, ano ready ka na ba?” tanong ng binata at lalong kinabahan si Steph.

Sa tapat ng isang shop sila tumayo at kinakabahan si Steph, “Tara na” sabi nya pero di gumalaw si Raymond. “Steph, you want closure, you go see her yourself” sabi ng binata at nagulat si Stephanie. “Ha? Ako lang? E pano ko siya makikilala?” tanong dalaga.

“Don’t worry siya lang yung babae diyan sa shop na yan. Pero Steph promise me that you wont do anything bad” seryosong sinabi ni Raymond at napalunok si Steph. “Yeah I wont, I just want to see her” sabi ng dalaga at humarap sa shop at naglakad papasok.

Dalawang minuto lumipas at mabilis na lumabas ng shop si Stephanie at galit na galit ito. Dinaanan niya lang si Raymond at dirediretso siya nagtungo sa exit. Sinundan siya ni Raymond at pagdating nila sa labas ay agad nagpara ng taxi si Steph. “Sakay! Ikaw magbayad!” utos niya kaya sumakay sila ng taxi pauwi.

Pagdating sa kanila agad pumasok si Steph sa bahay nila at sinusundan lang siya ni Raymond. Dinaanan niya ang mga magulang ni Tim na parang bagyo at si Raymond napakamot nalang at napayuko ng ulo. “LQ” banat ng tatay ni Tim at nagtawanan silang mag asawa.

Pumasok si Steph sa kwarto ni Tim at gulat na gulat pa ang pinsan niya pagkat galit talaga ang itsura ng dalaga. Pumasok din sa kwarto si Raymond at nagkatinginan silang magkaibigan. “Labas!” sigaw ni Steph at tinuro ang pinto. “Oy oy oy teka kwarto ko to, may sarili kang kwarto ah” sumbat ni Tim. “Sinabing labas!” sigaw ni Steph at napatingin si Tim sa kaibigan niya. “Pare you heard her, labas ka daw” sabi ni Raymond. “Pati ikaw!” sigaw ng dalaga kaya lumabas ng kwarto ang dalawa.

“OMG! OMG naman pare e, ano nanaman kasing ginawa mo tignan mo nakick out pa ako ng sarili kong kwarto” sabi ni Tim at nagtawanan silang magkaibigan bumaba sa salas. “Ano pa nga ba pare kundi ipakita si Pipay” sagot ni Raymond. “Ha? As in pare nakita niya si Pipay?” tanong ni Tim. “Malamang pare” sabi ni Raymond. “Oh shet, this is bad, nakita niya si Pipay tapos nag ganyan siya?” hirit ni Tim.

“Yep, pagkalabas niya ng shop yan na, berserk mode na pare” sabi ni Raymond. Lumapit bigla ang tatay ni Tim at hinaplos ang ulo ni Raymond. “So

ano na itatawag ko sa iyo? Pamangkin narin ba?" biglang banat ng matanda. "Dad, on hold at nag aaway sila" sabi ni Tim at nagtawanan ang tatlong lalake. "Shet! Karma down Plurk ko!" biglang sigaw ng nanay ni Tim at lalong nagtawanan ang dalawang binata.

"Alam mo iho, puntahan mo siya, kausapin mo. At kung ano man ang pinag awayan niyo I am sure maayos niyo yan kasi kitang kita naman noon pa na gusto niyo isat isa e" biglang banat ng nanay ni Tim.

Umakyat sa taas si Raymond at pumasok sa kwarto ni Tim. Nakahiga sa kama si Steph at nakatingin lang siya sa kisame. Nahiga si Raymond sa tabi niya pero di siya pinapansin ng dalaga. "Why are you mad?" tanong ni Raymond at bigla siyang tinignan ng dalaga.

"Ano sa tingin mo?" biglang sagot ni Steph. "Sabi mo gusto mo makita si Pipay, oh so now bakit ka nagkakaganyan?" tanong ni Raymond. "My God I don't know what kind of game you are playing pero alam mo lalo mo lang ako ginagalit kaya pag wala kang magandang masabi shut up. Pinapunta mo ako doon para magmukhang tanga, walang babae don kaya nagtanong pa ako kung may kilala silang Pipay. Wala daw, I really am starting to hate you" sabi ng dalaga.

Huminga ng malalim si Steph at tumingin ulit sa kisame, hinaplos ni Raymond ang kamay ng dalaga pero nilayo ni Steph ang kamay niya. "Pipay" sabi ni Raymond at napasimangot si Steph. "Pipay" ulit ni Raymond at nagliliyab muli sa galit ang dalaga. "Pipay" hirit ni Raymond at di na natiis mapatingin sa kanya ang dalaga.

"Ano ba? Nang aasar ka pa ba? Ha? Gusto mo talaga ako magalit?" sabi ni Steph at nakangiti sa kanya ang binata. "Pipay" ulit ni Raymond at naguguluhan na si Stephanie. "Ano?" tanong ng dalaga at muling inulit ni Raymond, "Pipay" sabi nya at napanganga ang dalaga at napakamot.

“Tinatawag mo ba akong Pipay?” tanong niya at muli siyang nginitian ni Raymond.

“The shop, ano benta sa loob?” tanong ni Raymond at biglang napatigil si Steph at napaisip. “You went inside, Pipay was there, and you saw her” sabi ni Raymond. “Sa shop…panay mirror…” sabi ni Steph at ngumiti muli si Raymond. “Pipay” sabi niya at nanginig bigla ang mga labi ng dalaga at ngayon niya lang naintindihan ang lahat. “Pipay? Ah…ha? Ako si Pipay?” tanong ni Stephanie.

“Steph Steph bopeph banana rama bobeph PIPAY momeph…Steph” kanta ni Raymond at tuluyan nang napangiti ang dalaga at sinuntok si Raymond sa braso. Bigla nalang tumawa si Stephanie at di talaga niya mapigilan ang sarili niya, “Ako si Pipay?” ulit niya at muli siyang tumawa. “Pinagseselosan ko ang sarili ko?” banat ni Steph at lalo pang lumakas ang tawa niya.

“Ikaw si Pipay, sabi ko naman sa iyo kasi torpe ako, and you know that. I have been in love with you and you alone. Kahit ano pa itawag ko sa iyo, or anong codename man ang gamitin ko, ikaw at ikaw parin yon Steph…Pipay…ikaw ang mahal ko” sabi ni Raymond sabay haplos sa pisngi ni Stephanie.

Nagkatitigan ang dalawa at tila may pwersang naglalapit sa kanilang mga mukha. “Ngayon naniniwala ka na ba sa akin?” tanong ni Raymond at talagang di nila maalis ang titig sa isat isa. “Oo…pero ano pa bang codename tawag mo sa akin?” bulong ng dalaga. “Hmmm may isa pa akong acronym, MNK, pero di na importante yon” sabi ng binata.

“MNK? Meaning mahal na kita? E nasabi mo nang MK e bakit may MNK pa?” tanong ni Steph at napangiti si Raymond. “Di siya mahal na kita, pero pwede din, but there is a deeper meaning to it, pero it can wait for another day” sabi ni Raymond.

“Why? Why not tell me now?” tanong ng dalaga at halos nagdikit ang labi nila. “Kasi right now Steph, I would really like to kiss you” sabi ni Raymond at napangiti ang dalaga. “My first” bulong ni Steph. “My best” sumbat ni Raymond. “…my first and my best…with you” sagot ng dalaga at sabay sila napapikit ng mata at tuluyan nang nagdikit ang kanilang mga labi.

Napayakap sila sa isat isa at kahit ilang beses sila mapatigil sa halikan para tignan ang isat isa muling nagdidikit ang kanilang mga labi. Pagkatapos ng sampung minuto ay biglang may naalala si Steph. “Siya nga pala, what did you write down sa piece of paper?” tanong ni Steph.

“If you have it, you can open it now” sagot ni Raymond at bumangon ang dalaga at inabot ang bag niya. Nilabas niya ang maliit na papel mula sa bag at muling nahiga. “It would be easier if you tell me” ulit ng dalaga pero ngumiti lang si Raymond. “Open it” sabi nya.

Binuksan ni Steph ang papel dahan dahan at bigla siya napangiti at natawa. “Raymond” sabi ng dalaga at nagtawanan sila. “Ah ganon parang sure ka nung sinulat mo to na ikaw magiging first kiss ko ganon?” sabi ni Steph. “No Steph I was not sure, pero sabi ko nga sa iyo na give me a chance to be right, and you gave me that chance. Kaya eto ako sa harapan mo ngayon masayang masaya, umaapaw sa kaligayahan” sabi ni Raymond. “Ang daldal mo” sabi ni Steph at muli niyang hinalikang ang binata.

“Oy! Wag niyong dudungisan ang kama ko!” bigla nilang narinig si Tim kaya agad naghiwalay ang dalawa at bumangon. “Kahit kailan killjoy ka!” sigaw ni Steph at sabay tumayo ang dalawa at tawa ng tawa si Tim. “SPOTTED! XOXO K-I-S-S-I-N-G!” banat ni Tim at tawa siya ng tawa. “Insan ngayon lang ako naging literal na killjoy no! Ahahaha if you know what I mean” hirit ni Tim at biglang hinila ni Steph ang kamay ni Raymond at hinilang palabas ng kwarto.

Nagtungo ang dalawa sa kwarto ni Stephanie at ayaw pumasok ni Raymond sa loob. “Ano pa inaantay mo?” tanong ni Steph. “Ah the last time ako

nakapasok sa kwarto mo nung bata pa tayo" sabi bigla ng binata at binuksan ng todo ni Steph ang pinto.

"Wanna sit where we used to sit?" tanong ng dalaga at napangiti si Raymond. Binuksan ni Steph ang bintana niya at nauna siyang naupo sa bintana. Sumunod na naupo si Raymond ang bigla silang nagtawanan.

"Dati dati e kasiya tayong tatlo ng cat mo, laging nauupo kasi dito yung kitten mo at feeling mo noon pusa ka naman" paalala ni Raymond at natawa si Steph. "Oo nga patago ako nag alaga ng pusa kasi nga may asthma ako, nasan na kaya si Mingming?" sabi ng dalaga at sumandal siya sa balikat ni Raymond.

"Kutine" biglang sabi ni Raymond at natawa si Steph at kinurot siya. "Wag na wag mo akong tawagin by that name! Kaya ko nga di na ginagamit ang Kristine dahil sa inyong dalawa ni Tim e. Lagi niyo ako tinatawag na Kutine porke mahilig ako sa pusa. Pero nakakatuwa din alalahanin ang old days ano? Hoy umamin si Tim sa akin ikaw daw ang nagbansag sa akin na Kutine" sabi ng dalaga at tawa sila ng tawa.

"Ano yon Kutine?" tukso ni Raymond at lalo pa sila nagtawanan. "MNK" sabi ni Raymond at hinawakan niya ang kamay ng dalaga. "Ano ba ibig sabihin niyan?" tanong ni Steph at nginitian siya ng binata.

"Monching n Kutine"

Chapter 15: Noon

“Kristine?!” sigaw ng isang mag asawa. “Tine?!” sigaw ng isang batang lalake at naglilibot ang buong pamilya sa loob ng bahay at hinahanap ang batang babae. “Timothy saan mo ba kasi nakita last yung pinsan mo?” tanong ng nanay ng batang lalake.

“Di ko alam mommy. Diba pinaliguan mo siya tapos ako yung next. Tapos di ko na po nakita” sagot ng batang lalake. “Saan mo ba siya last nakita?” tanong nung ama ng bata. “Tsk, after ko siya pinaluguan e binihisan ko pa nga siya e. Then I told her to stay in her room muna at papaliguan ko si Timothy”

“She does stay in her room naman lagi e. Then after ko bihisan anak natin sabay sabay na kami bababa” sagot ng asawa niya. “Its okay she is just here, baka nagtatago lang yon. Calm down at wag mo na tatawagan muna kapatid mo. Nandito lang yon at mahahanap natin siya” sabi nung lalake.

Samantala sa katapat na bahay may isang batang lalake nanonood ng TV sa salas. “Raymond the TV is too loud anak, pahinaan mo” sabi ng nanay niya na nasa kusina. Lumingon ang batang lalake sabay hinawakan yung remote control. Lalo niya pinalakasan kaya dahan dahan na lumapit ang mommy niya.

“Raymond narinig mo ba ako?” lambing ng nanay niya at ang batang lalake tumingala at nagpacute. “Ano po yon mommy? Di ko kayo marinig kasi malakas yung TV e” sabi niya kaya kiniliti siya ng mommy niya at hiyaw ng hiyaw yung batang lalake. “Ikaw talaga anak, gusto mo lang magpalambing e” sabi ng nanay niya at tawa ng tawa yung batang lalake.

“Meryenda mommy” pacute ng batang lalake. “Pahinaan mo muna” sagot ng nanay niya. Pinahinaan ni Raymond yung TV, “Good boy, what do you want?” tanong ng nanay niya. “Burger” pacute ng bata at napakamot ang mommy

niya. “O sige you behave then at magluluto ako, can you do that?” lambing ng nanay niya at naupo ng maayos si Raymond at lalong pinahinaan ang TV.

Natatawa nanay ng bata pagkat super hina na ng volume ng telebisyon. Si Raymond papalakasan na sana konti yung TV nang may narinig siyang batang babae na nagsasalita. Napatayo siya at nagtungo sa bintana, dumunga siya at doon nakita niya ang isang batang babae nakaupo sa labas at may hinahaplos na pusa.

“Pusa namin yan” sabi ni Raymond at napatingala ang batang babae at ngumiti. “Hinahawakan ko lang naman e” sagot niya. “Bakit ka nakaupo diyan dirty diyan e” sabi ng batang lalake at umakyat siya sa bintana at doon siya naupo. Napatayo ang batang babae at gusto din maupo sa may bintana.

Naubo siya bigla at nabitawan yung pusa. “Raymond is that you coughing?” tanong ng nanay ng batang lalake. “No mommy, siya yon” turo ng batang lalake at lumapit nanay niya at nakita yung batang babae. “Oh hello, ikaw yung taga don sa tapat diba?” tanong ng matandang babae.

Nag nod yung batang babae at naubo ulit. “Are you okay? Are you sick?” tanong ng matanda. Ubo ng ubo yung batang babae kaya si Raymond biglang tumalon pababa at hinaplos ang likod niya. “Mommy kailangan niya medicine, kuha ka medicine” sabi niya.

“Come inside, I will open the door quick” sabi ng matanda at sinamahan ni Raymond yung batang babae pumasok ng kanilang bahay. Pinainom nila ng tubig ang batang babae at pinaupo. “Are you okay now?” tanong ng matanda at nag nod yung batang babae.

“Ako si Raymond” bulong ng batang lalake. “Kristine” pacute ng batang babae at agad siya napatingin sa kitchen counter kung saan may naka ready na beef patties. “Burger?” tanong niya. “Oo lutuan ko siya, gusto mo din?” alok

ng nanay ni Raymond at nahiya pa si Kristine at pakendeng kendeng. “Favorite ko yan” bulong niya kaya naaliw ang nanay ng batang lalake.

“Sige manood muna kayo TV” sabi ng matanda. Nagtungo na yung dalawang bata sa salas ngunit si Kristine dumiretso sa bintana. Sinusubukan niya umakyat pero inunahan siya ni Raymond. “Hahaha di niya kaya umakyat” kantyaw niya at nagsimangot si Kristine at pilit patin sinusubukan.

“Halia ka na nga” sabi ni Raymond at hinila ang batang babae. Ilang saglit magkatabi na sila nakaupo sa may bintana. Kumapit ang batang babae at natili. “Wag ka matakot di ka mahuhulog” sabi ni Raymond. “Eeeh..mahuhulog ako e” sabi ni Kristine.

“Hindi nandito naman ako e. Ganito lang o, basta wag ka magalaw” sabi ng batang lalake at ilang saglit tuwang tuwa na si Kristine at sinisipa sipa niya ang kanyang mga paa. “You two be careful there, kumapit kayo” paalala ng matanda. “Yes mommy” sagot ni Raymond.

Ilang minuto lumipas dinala na ng nanay ni Raymond sa kanila yung burgers. Nahihiya pa si Kristine kumuha pero nakita niya si Raymond agad kumuha at kumagat. Kumagat narin siya kaya napangiti siya at sipa ng sipa ng paa. “Dito ko nalang ilalagay yung juice niyo ha sa table” sabi ng matanda.

Nung papaubos na yung burgers nila narinig nila ang mga sigaw. “Hala hinahanap ka” sabi ni Raymond. “Oh yes she is here” narinig nila sabi ng nanay ni Raymond kaya napalingon sila. “Diyos ko kinabahan kami Kristine” sabi ng nanay ni Timothy. Bumaba ang batang babae at sinugod ang tita niya sabay niyakap.

“Sorry tita kasi sinundan ko yung cat pumunta dito” pacute niya. “Naku iha you are not allowed to hold or touch cats diba? May allergy ka sa mga pusa sabi ng mama mo” lambing ng matanda sabay niyakap yung batang babae.

“Tita my friend” pacute nung bata sabay tinuro si Raymond. Bumaba yung batang lalake at pumasok bigla si Timothy at niyakap ang pinsan niya.

“Muntik na nila tawagan mama mo, ikaw kasi” sabi ni Timothy. “Nakikipaglaro lang siya sa pusa tapos kumain kami ng burger” depensa ni Raymond bigla. “Uy, nasan ikaw yung may bike” sabi ni Timothy. “Meron ka din?” tanong ni Raymond.

“Oo tara bike tayo” alok ni Timothy. “Sige tara” sabi ni Raymond at tumakbo yung dalawang batang lalake palabas. “Sama ako!” sigaw ni Kristine at hinabol niya yung dalawang batang lalake. Nagkatitigan yung dalawang ina, “Pasensya ka na ha, nasa abroad kasi parents ni Kristine at nakikitira siya sa amin” sabi ng nanay ni Timothy. “Its okay, at least now Raymond has new playmates”

“Anak ko kasi mahiyain yan pero ngayon mukhang okay na” sagot ng nanay ni Raymond.

Two Years Later

Lumabas ng bahay si Raymond at agad tumingala sa bintana ni Kristine kung saan yung dalawa kumakanta habang sinusuklay buhok niya. “Tine baba ka” landi ni Raymond. “Bakit? Mamaya kasi di pa tuyo hair ko e” pacute ni Kristine. “Sige papakita ko lang sana yung mga kittens” sabi ng batang lalake.

“Kittens? Nanganak na pusa niyo?!” sigaw ng batang babae ang bilis niya nawala sa bintana. Ilang saglit lang nasa labas na siya at hinila si Raymond papunta sa likod ng bahay nila. “Wow anim! Ang cute lahat!” sigaw ni Kristine at aliw na aliw siya pinapanood yung mga kuting sinusundan ang kanilang nanay.

“Uy tama na lumayo ka na baka magkasakit ka nanaman e” sabi ni Raymond. “Hindi, ang layo ko naman e, di ko naman sila hinahawakan e” sabi ni Kristine at lumuhod siya at pasimple na hinahaplos yung mga kuting.

“Bahala ka magkakasakit ka nanaman tapos di ka nanaman makakahinga” banta ni Raymond. “Hindi naman masyado e…eto cute siya gusto ko to” bulong ng batang babae at lumuhod si Raymond sa tabi niya at biglang binuhat yung napili niyang pure white na kuting.

Nagsimangot si Kristine pagkat di niya pwede hawakan yung pusa. “Gusto mo ito? Sige sa iyo na ito pero di mo pwede hawakan” sabi ni Raymond. “Talaga akin na yan? Pero gusto ko din siya hawakan e” tampo ng batang babae. “E di ako nalang hahawak sa kanya para sa iyo. Diba? Alagaan ko siya para sa iyo” sabi ni Raymond.

“Gusto ko din siya hawakan e” bulong ni Kristine at lumingon si Raymond sa paligid. “Sige konti lang ha, ayaw ko kasi magkasakit ka e” bulong niya at natuwa ang batang babae at pinaghahaplos ang kanyang kuting.

“Painumin natin ng milk” bulong ni Kristine at sabay sla tumayo at tinakas nila papasok yung kuting. Sakto nasa second floor nanay ng batang lalake, “Ikaw magtimpla ako hahawak muna” bulong ng batang babae. “E magkakasakit ka kasi e” sabi ni Raymond at nagsimangot si Kristine. “Tsk sige na nga pero wag mo sasabihin pinahawak ko yan” bulong niya.

Tuwang tuwa si Kristine, pinaghahaplos niya yung kuting at pinagyayakap habang nagtitimple si Raymond ng gatas. Dinala nila yung gatas sa labas para mapakain din yung iba. Natatawa si Raymond pagkat nilalayo ni Kristine yung ibang kuting para masolo ng kuting niya yung gatas.

Ilang araw ang lumipas naglalaro sina Raymond at Timothy sa tapat ng bahay. “Nakita mo pinsan ko? Lagi kasi nawawala yon e” sabi niya. “Nandyan

lang yan, baka nagdrawing nanaman sa likod ng bahay niyo. Diba mahilig siya mag drawing?" sagot ni Raymond. "Oo nga no, tara bike tayo" sabi ni Timothy kaya nagsiuwian sila para kunin ang kanilang mga bike.

Dumalas si Raymond sa likod ng bahay nila, "Uy Tine hinahanap ka nila" bulong niya. "Shhh natutulog siya" sagot ng batang babae habang nagdradrawing. "Wow ang galing mo naman" sabi ni Raymond pagkat kuhang kuha ni Kristine yung natutulog na kuting.

"Sino nagturo sa iyo mag drawing?" bulong ni Raymond. "Si papa ko, yun ang trabaho niya e magdrawing ng mga bahay. Tapos si mama ko naman nurse kaya alam niya lahat ng gamot ko kung may sakit ako" sagot ni Kristine. "Pero ang galing mo magdrawing, kaya mo din ba yung cartoons na pinapanood natin?" tanong ng batang lalake.

"Sige sino dun gusto mo tapos idrawing ko para sa iyo" sabi ni Kristine. "Talaga? Dun sa room ko may binili si mommy at daddy sa akin na poster. Yung nakakabit sa room ko na malaki. Diba nakita mo na yon?" sabi ni Raymond. "Sige teka lang" sabi ni Kristine sabay tumayo at binuhat yung natutulog na kuting.

"Dun kami sa room niyo ha, pero wag mo sasabihin ha" bulong niya at nagngitian sila.

Lumipas ang ilang araw papauwi na si Kristine galing sa bahay nina Raymond. "Hala no wag mo ako follow" sabi niya pagkat sinusundan siya nung kanyang kuting. Kinakabahan na si Kristine pagkat talaga sinusundan siya. Hanggang sa makarating siya sa bahay nila nakabuntot parin yung kuting sa papaanan niya at naglalambing.

“Hala go back home, shoo, sige na hala mahuhuli ako nina tita e” bulong niya at lumuhod siya at talagang naglalambing sa kanya yung pusa. Binuhat na niya yung pusa at tinakas papunta sa kanyang kwarto.

Inatake ng asthma si Kristine, nalaman ng magulang ni Timothy na may tinatago pala siyang pusa. Ayaw naman na umuwi ng kuting niya kaya hinayaan nalang nila ito manirahan sa kanilang backyard. Si Raymond ang nag alaga sa batang babae tuwing dumadalaw siya sa bahay nina Timothy.

“Pag may kailangan ka doon lang ako sa room ni Timots ha” lambing ni Raymond at hinayaan matulog si Kristine. “Raymond yung pusa pakainin mo ha habang may sakit pa ako” bulong niya. “Oo pinapakain namin siya” sabi ng batang lalake.

Isang Taon Lumipas

“Kutine kain na!” sigaw ni Timothy at galit nag alit bumababa ang batang babae. “Wag mo nga ako tinatawag na Kutine!” sigaw niya at tawa lang ng tawa ang kanyang pinsan. “Kutine okay ka na ulit?” tanong ni Raymond. “Eesh ayaw ko na tinatawag niyo akong Kutine! Ano ba?!” sigaw ni Kristine pero yung dalawang batang lalake panay ang tawag sa kanya noon.

Bumalik tuloy sa taas ang batang babae at nagkulong sa kanyang kwarto. “Hala ka ikaw kasi e” sabi ni Timothy. “Tsk galit nanaman siya, teka lang” sabi niya at umakyat siya sa kwarto ng batang babae at nilalambing ito. “Ayaw ko na tawagin niyo ako Kristine, gamitin niyo second name ko Stephanie” sabi niya.

Diretso si Raymond sa bintana at umakyat siya at naupo. Naakit si Kristine at naupo sa tabi ng batang lalake at kumapit sa kanya. Nakarinig sila ng meow, sabay sila napalingon at biglang tumalon yung pusa kaya kinabahan

yung dalawa. “Wag kang tatalo…ay” sabi ni Raymond at napangiti yung dalawa nung naupo yung pusa sa gitna nila.

“Look baby o yan yung bahay niyo dati pero dito na bahay mo” sabi ni Kristine. “Oy Kutine, di nagsasalita yang pusa” sabi ni Raymond. “Sabi ko sa iyo Stephanie na e” sigaw ng batang babae. “E di Stephanie” sabi ng batang lalake at sabay nila hinaplos yung pusa.

“Magkakasakit ka nanaman, kagagaling mo lang” bulong ni Raymond. “E di masaya para lagi ako uuwian ni papa mo ng burger” pacute ng batang babae. “Ako naman nagsasabi sa kanya mag uwi non para sa iyo e” tampo ni Raymond. “Ay ikaw ba?” tanong ni Stephanie. “Oo kaya, yung una di ko binigay kasi dun siya bumili sa ayaw mo e. Kaya ako nalang kumain tapos bumili na siya dun sa gusto mo. Yung lagi natin kinakainan kasama sina tito at tita” kwento ni Raymond.

Ngumiti si Stephanie at sumandal sa binata. “Hala maipit” sabi ni Raymond. “Hindi may space naman o maluwang…diba baby?” bulong niya at ngumiti yung dalawa at naaliw sila nung meow ng meow naman yung maliit na pusa sa gitna nila.

“Tapos alam mo pinagalitan ko daddy ko kasi nung isang araw pa inuwi niya yung fish fillet na burger. Diba di pwede sa iyo yon kasi fish” kwento ni Raymond at tumawa si Stephanie. “Pwede yon, gusto ko din yon. Basta wag lang yung fish talaga o kaya sea food” paliwanag niya.

“Ha? E kasi baka lumobo ulit face mo e tapos di ka makahinga tulad nung kumain tayo ng crabs at shrimps” sabi ni Raymond. “Yun di pwede talaga, pero yung burger na yon pwede, gusto ko din yon” lambing ni Steph. “Ay sige sasabihin ko mamaya mag uwi siya” bulong ni Raymond. “E wala naman ako sakit ha” sabi ni Steph. “Kahit na, gusto mo e, kaya papauwi ako sa kanya tapos kainin natin kasama si kitty” sabi ni Raymond at nagngitian yung dalawa.

Ilang taon lumipas ay nag graduate na sila ng elementary. Party noon sa bahay nina Timothy at habang nagkakatuwaan yung mga magkakaklase, sina Raymond at Stephanie umakyat sa kwarto ng dalaga. Naupo sila sa bintana at dumating narin ang pusa at pumagitna.

"Kain na baby" bulong ni Stephanie habang hawak ni Raymond yung bowl ng gatas. "Uy! Bagay sila" landi ng isa nilang kaklase. "Tse! Pinapakain lang namin tong pusa" sigaw ni Stephanie. "Uy uy kunwari pa daw" hirit nung iba kaya nagsisigaw si Stephanie at tinutulak niya paalis si Raymond para manahimik na sila.

Magkakalase silang tatlo pagtuntong ng high school. Si Stephanie napabarkada na sa mga ibang babae habang sina Raymond at Timothy sa mga lalake. Isang araw habang recess tumatawa mag isa si Stephanie pagkat sa malayo nagpapatawa si Raymond.

"Uy Steph ha, lagi mo tinitignan si Raymond. Di ka pa ba nagsasawa e kapitbahay mo naman" landi ng isa niyang kaklaseng babae. "Tumigil ka nga, magaling lang siya magpatawa no kaya natatawa ako. Kasi anytime magpapatawa yan" sagot ni Steph.

"Sus aminin mo na kasi gusto mo siya" hirit nung iba kaya tumawa si Stephanie at pinagkukurot sila. "Excuse me no, di ko siya type. Ano ba?" sabi niya. Paghupa ng tawanan napatingin siya kay Raymond at pagtitig palang niya sa mukha ng binata agad siya napangiti. "Uy yan nanaman o" landi ng iba kaya nagsimangot si Stephanie at nag walk out.

Samantala sa grupo ng mga lalake patawa ng patawa si Raymond. Panay ang nakaw tingin niya kay Stephanie at nakikita niya tumatawa ito. Lalo siya nagpatawa, hirit siya ng hirit ngunit tumigil siya bigla nung nag walk out si Stephanie.

“Timots, galit ata pinsan mo” bulong niya. “Ha? Nasan ba siya?” tanong ni Timothy. “Ayun o umalis” turo ni Raymond. “Sus hayaan mo yan, okay lang yan” sabi niya. “Ah sige, uy tara na sa classroom” alok ni Raymond. “Sige mauna ka na” sabi ni Timothy. “Uy shit yun o ang ganda non, tara Timots samahan mo nga ako” sabi ni Marwin.

“Sige mauna na ako” sabi ni Raymond at di siya napansin pagkat pinuntahan nina Timothy at Marwin yung isang magandang upper class na babae. Pumasok sa classroom si Raymond at nakita niya si Stephanie nagmumukmok sa isang tabi.

“Steph ano problema?” lambing niya. “Wala, dun ka nga kasi” sabi ng dalaga at tinulak niya ang kanyang kaibigan. “Bakit ba? Wala naman ako ginagawa e” sagot ni Raymond at kumalma ang dalaga at nagsimangot.

“Tinutukso ka ba nila? Sabihin mo sino at ako bahala” sabi ni Raymond at hinihimas niya ang kanyang mga kamao. Napangiti ang dalaga at dahan dahan sumandal. “Sino sabihin mo at bugbugin ko yon” sabi ng binata. “Wala no, Raymond ikaw mag aral ka naman kasi” bulong ng dalaga.

Tumawa si Raymond at napakamot, “Oo promise kasi ikaw naman kasi e. Bakit mo pa kasi ako niregaluhan ng Xbox” sabi niya. “Ha? Eh kinuhanan niya ako e, babae naman ako e di binigay ko nalang sa iyo” lambing ng dalaga. “Sana kay Tim mo nalang binigay” sabi ni Raymond.

“Hmp meron na siyang PS e. At wag mo sasabihin na binigay ko sa iyo kasi di nila nakita laman ng box ko” sabi ng dalaga. “Oo no, pero nahihiya ako sa iyo talaga” bulong ng binata. “Sus wala yon, uy patingin nga folder mo, bakit mo nilagay diyan yung drawing ko?” tanong ng dalaga.

“E maganda kasi e, inggit nga yung iba e nung nakita nila folder ko. Ang ganda drawing, sa kanila nilalagay nila mga gupit na poster e itong aking drawing mo” pasikat ni Raymond. “Sinabi mo ako nag drawing?” tanong ni Steph. “Syempre, pinapasikat ko nga to lagi e. inggit na inggit sila” sabi ng binata. “O sige bigyan mo pa ako ng gusto mo tapos drawing ko mamaya” lambing ni Stephanie.

Isang Sabado dumalaw si Raymond sa bahay nina Timothy. Dumiretso siya sa kwarto ni Stephanie at nakitabi sa kama. Tumayo agad yung dalawa at naupo sa may bintana, nakitabi agad yung pusa at tuwang tuwa sila. “Ano yang pinapakinggan mo?” tanong ng binata at inalis ni Steph isang earphone niya at kinabit sa tenga ng binata.

“If the first two letters are ever the same, drop them both and say the name…” kanta ni Steph at tawang tawa si Raymond. “Start mo nga sa umpisa” sabi niya at inulit ng dalaga yung kanta at sinabayan nila ito at nagtawanan sila pagkat meow ng meow yung pusa.

“Kitty kitty bobiti banana rama bobiti pipay momiti…kitty” banat ni Raymond at tawang tawa sobra si Stephanie. “Narinig mo yon baby kinakantahan ka ni Mon” lambing niya sa pusa. “Buti di ka na nagkakasakit no? Nung bata tayo lagi ka nagkakasakit” sabi ng binata.

“Steph Steph bopeph banana rama bopeh pipay momeph Steph” lambing ni Raymond at tuwang tuwa ang dalaga. “Wait ikaw naman ahmmm…Raymond Raymond bomeymond?” kanta niya at super tawanan sila.

“Sandali ang haba kasi ng pangalan mo e” reklamo ng dalaga. “Edi Ray” sabi ng binata. “Eeh ayaw ko nga, Raymond, teka lang, ano ba maganda para don” bulong ng dalaga habang nag iisip. Titig na titig si Raymond sa dalaga, biglang umalis yung pusa kaya lalo siya dumikit.

Umakbay agad si Steph sa braso niya at sinandal ang kanyang ulo. “Sandali lang kasi mag iisip ako” sabi niya. “Steph Steph bobeph banana rama bopeph pipay momeph…Steph” kanta ni Raymond at tawang tawa ang dalaga at kahit paulit ulit kinanta yon ng binata di siya nagsasawang pakinggan.

Masaya si Raymond sa akbay ng dalaga, gustong gusto niya yung pagsandal pa ng ulo sa kanyang balikat. Nakaw tingin siya lagi sa mukha ni Steph at gustong gusto niya talaga makita ang ngiti nito. Samantala ang dalaga may kakaiba din nararamdaman.

Lalo niya hinigpitan yakap niya sa braso ng binata, kinikilig siya at di siya mapakali pero lalo niya inayos yung sandal ng ulo niya sa balikat ng binata. “Mon…ching?” bulong niya. “Ano yon?” tanong ni Raymond. “Wala” sagot ng dalaga at bigla sila nagtitigan. Basta nalang nanigas silang dalawa, pareho sila nautal at di makagalaw.

“Steph! Tawag si mama mo!” sigaw ni Tim kaya dahan dahan bumaba si Steph, huminga siya ng malalim sabay lumabas ng kwarto. Si Raymond naiwan at basta nalang di matanggal ang ngiti niya sa kanyang mukha. “Steph Steph bopeph banana rama bobeph, Pipay momeph…Steph” bulong niyang pakanta.

Isang araw sa paaralan nagsusulat si Stephanie sa kanyang sketchbook. “Uy patingin nga naman ng mga drawing mo” sabi ng kaklase niyang babae. Pinakita naman ng dalaga sketchbook niya at madami ang nabilib sa kanya. “Bakit panay anime at cartoon characters na panglalake to?” tanong nung isa.

“Ha? E kasi yun ang hilig ni Raymond e” sagot ni Steph at bigla siya pinagtutukso ng kanyang mga kaklase. “Sabi ko na nga ba” landi nung isa. “Hindi! Kasi siya lang naman nagpapadrawing sa akin e! Sige magpadrawing kayo at gagawin ko din” palusot ni Stephanie.

“Uy uy uy ano to? Uy Monching…Raymond…Monching wow naman o ang ganda ng pagka sketch” landi nung isa at inagaw ni Stephanie yung sketchbook niya at pinagpupunit yung mga page na nakasulat yung Monching. “Bwisit kayo, di totoo yon! As if naman magkakagusto ako don!”

“Kaibigan ko lang si Raymond, kapitbahay namin. Di ako magkakagusto don!” sigaw niya. Di niya alam nakatambay pala sa may pintuan si Raymond at Marwin at narinig ng dalawa yon. “Ganyan talaga ang pangit walang nagkakagusto” banat ni Marwin at tumawa nalang si Raymond, sumasakit ang kanyang puso habang tinitignan niya si Stephanie na kinuwkwento ang mga nakakahiyang experiences nila nung bata sila.

Pagsapit ng hapon dumalaw si Raymond sa bahay nina Tim. Pumasok siya bigla sa kwarto ni Steph at nakihiga ito sa kama. “Raymond! Ano ka ba umalis ka nga dito!” sigaw bigla ng dalaga. “Ha?” tanong ng binata. “Tsk ano ba? Privacy naman di ka dapat pumapasok basta basta sa kwarto ng babae” sermon ni Stephanie at tinulak niya palabas ng kwarto ang binata.

“Dati pumapasok naman ako dito ha” sabi ni Raymond. “Dati yon, nung bata tayo, ngayon di na pwede” sabi ni Steph at sinara niya ang kanyang pinto. Sumapit ang Sabado nakitambay nalang si Raymond sa kwarto ni Timothy. “Nag aaway ba kayo ng pinsan ko?” tanong ni Tim. “Hindi, ewan ko don nagbabago na bigla” sagot ni Raymond.

“Hayaan mo yan, ganyan lang yan” sabi ni Tim at biglang pumasok sa kwarto si Steph at tinulak yung dalawa paalis ng kama. “May kwarto ka naman ha” sigaw ni Tim. “Tita o! Inaaway nila ako” sigaw ng dalaga at napakamot nalang yung dalawang binata at naupo sa floor. “Bwisit sumbungera. May kwarto naman kasi di doon tumabay” bulong ni Tim.

“E mainit don e, nakatapat don yung sun. Eeesh para kayong bakla magkahiga kayo sa kama. Ew” kantyaw ni Steph at nagtawanan nalang sina

Raymond at Timothy. “Uy may joke ako” sabi ni Raymond at nakwento niya joke niya at tawang tawa sobra si Tim.

Lumingon siya at nakita niya nakatanga lang si Steph at di tumatawa. Humirit ulit siya ng isa pang joke, kahit ano ibira niya hindi niya talaga napapatawa yung dalawa tulad noon. Sumakit lalo puso ni Raymond kaya bigla siya tumayo at nagpaalam na. “Sige uwi muna ako” sabi niya at basta nalang umalis.

“Bakit yon?” tanong ni Tim pero pati si Steph lumabas ng kwarto ni Tim at pumasok sa kanyang kwarto. Pagkahiga niya ng kama doon niya tinawanan ang mga joke ni Raymond. May kumatok sa pinto niya, “Hoy para kang sira ulo sino kausap mo diyan?” tanong ni Tim. “Tse! Wala! Mind your own business” sigaw ng dalaga.

Ilangminuto lumipas tumayo si Steph at tumabay sa kanyang bintana. Sakto nakita niya si Raymond sa bintana niya at nakatingin sa malayo. Si Raymond malungkot pero napapangiti nalang siya habang pabulong na kumakanta. “Step Stehp bobeph…”

“Hay Monching…” bulong ni Steph at tinitigan niya yung binata. Nagkatitigan yung dalawa, kumaway si Raymond at ang dalaga pasimple lang tinungo ang kanyang ulo. Sabay sila napabuntong hininga, napatingin sa malayo si Raymond at tinuro bigla yung fishball stand.

Sinundan ng dalaga ang darili ng binata at agad siya napangiti. Ang bilis nila nawala sa kanilang mga binata, ilang saglit nandon na sila magkatabi sa tapat ng fishball stand.

WAKAS

EM EN KAY

By Jonathan Paul Diaz

All Rights Reserved © 2009

CONTACT THE AUTHOR

JONATHAN PAUL DIAZ

engrdiaz@yahoo.com

http://www.facebook.com/AJourneyTowardsNowhere

+639176404799

+639292622599